Tamba City International Association

# Gabay sa Pamumuhay sa Lungsod ng Tamba (Edisyong Filipino)

丹波市暮らしのガイド　タガログ語篇



**Ipinublisa ng buwan ng Pebrero, taong 2013**

**Asosasyong Pang-Internasyunal ng Lungsod ng Tamba**

丹波市国際交流協会

# Mga Nilalaman

Ang Panimula ······ 1
Profile ng Lungsod ng Tamba ······ 2

## Emerhensiya / Pag-iwas sa Sakuna

1. Bakasyon / Panggabing Pang-emerhensiyang Departamento ······ 3
2. Konsultasyon sa Telepono ······ 4
3. Pambansang Segurong Pangkalusugan ng Pagamutang Aogaki sa Lungsod ng Tamba ······ 5
4. Kapag may Sunog / Emerhensiya ay tumawag sa [119] ······ 6
5. Mga Paghahanda sa Oras ng Kalamidad ······ 7

## Rehistro ng Pamilya / Kard Bilang Residente / Pagpaparehistro ng Pantatak (Inkan)

1. Pangunahing Ulat Ukol sa Rehistro ng Pamilya ······ 10
2. Pagsusumite ng Abiso Ukol sa Pagpaparehistro Bilang Residente ······ 15
3. Pagparehistro ng Pantatak (Inkan) ······ 18
4. Pangalan ng Iba't-ibang Katunayan/Sertipiko at mga Bayarin ······ 10
5. Pagpapakita Nang Uri Na Maaaring Mapagkikilanlang Pansarili ······ 19
6. Kard ng Talaang Basehan Bilang Residente ······ 20

## Buwis

1. Shi Zei (Buwis Pang-Lungsod) ······ 21
2. Shimin Zei (Buwis ng mga Residente sa Lungsod) ······ 21
3. Kotei Shisan Zei ( Buwis ng mga Personal na Ari-arian) ······ 22
4. Kei Jidosha Zei ( Buwis ng mga Magagaan/Maliliit na Sasakyan) ······ 23
5. Kokumin Kenko Hoken Zei (Buwis ng Pambansang Segurong Pangkalusugan) ······ 24
6. Shizei no Nofu Kigen (Itinakdang Panahon na Pagbabayad ng Buwis Pang- Munisipalidad) ······ 26
7. Shizei no Nofu (Pagbabayad ng Buwis Pang-lungsod) ······ 26
8. Mga Bayarin ng Katunayan/Sertipiko at iba pa ng Buwis Pang-lungsod ······ 27

## Kalusugan / Pambansang Seguro / Pensiyon

1. Kalusugan ······ 28
2. Pambansang Segurong Pangkalusugan ······ 29
3. Kokumin Nenkin (Pambansang Pensiyon) ······ 34
4. Para sa mga Short-term na Banyagang Residente na Lump-sum na Pagkuha ······ 36

## Pag-aalaga ng Bata / Edukasyon

1. Pagbubuntis / Pag-aalaga ng Bata ········ 37
2. Pagpapasuri sa Sanggol / Mga Bakuna ········ 39
3. Kosodate Gakushu Center (Sentro na Aralan sa Pagpapalaki/ Pag-aalaga) ········ 41
4. Hoikusho(En) [Lugar Paalagaan sa mga Bata] / Nintei Kodomo En [Mga Kumpirmadong Paalagaan] ········ 42
5. Family Support Center (Sentro ng Suportang Pampamilya) ········ 43
6. Kindergarten / Elementarya / Junior High School ········ 44
7. Pagkatapos ng Klase ········ 45
8. Jidokan (Gusali Para sa mga Bata) ········ 45

## Pangkapakanan (Welfare) / Medikal / Pag-aalaga (Nursing)

1. Fukushi Iryo (Pangkapakanan at Medikal) ········ 47
2. Koki Koreisha Iryo (Pag-aalagang Medikal Para Sa Matatanda) ········ 51
3. Shogaisha Fukushi (Kapakanan ng mga May Kapansanan) ········ 54
4. Kaigo Hoken (Seguro sa Pagpapaalaga) ········ 60
5. At Iba Pang Mga Pang-Kapakanan ········ 70

## Pamumuhay / Kapaligiran

1. Pagtatapon ng Basura ········ 71
2. Pinagmumulan ng Tubig (Gripo) ········ 72
3. Sistema ng Drinahe / Paagusan ng Tubig ········ 74
4. Pagtatapon ng mga Dumi(waste disposal) ········ 76
5. Pagsusunog ng Bangkay (Cremation) ········ 77
6. Alagang Hayop / Mga Hayop ········ 78
7. Pabahay ng Lungsod ········ 79
8. Pagbuo ng mga Pabahay ········ 81
9. Pampublikong Transportasyon ········ 82
10. Promosyon sa Paggamit ng Linya ng Fukuchiyama ········ 83
11. Tulong sa Bayarin sa Paggamit ng Paradahan ng Sasakyan sa Paligid ng Istasyon ng Tren ········ 83

## Konsultasyon

1. Iba't-ibang Uri ng Konsultasyon ········ 84

# Ang Panimula

Ang Gabay sa Pamumuhay na ito, ay ipinublisa noong buwan ng Hunyo, 2011 at mula sa Gabay sa Pamumuhay sa Lungsod ng Tamba ay inilakip ang mga importanteng bagay na mahahalaga para sa mga dayuhang nakatira sa Lungsod ng Tamba.

At ang mga impormasyong inilakip dito, ay mula buwan ng Disyembre taong 2012 kaya mga kasalukuyang impormasyon po. May mga impormasyong nagpapalit paminsan-minsan, kaya mangyaring makipag-ugnayan na lamang o magtanong ng karagdagang impormasyon sa mga kaugnay na organisasyon o kinauukulan. Sa pag-kontak, kung wala rin lang limitasyon ang isasangguni, ay sasagutin lang sa Wikang Hapon, kaya kung maaari lamang po na magpatulong kayo sa taong nakakapagsalita nang Wikang Hapon.

# Profile ng Lungsod ng Tamba




Ang Lungsod ng Tamba ay nasa sentro ng silangang parte ng Prepektura ng Hyogo, sa loob ng kanlurang parte ng lungsod ay dumaraan papuntang hilaga at timog ang Japan Hyojun Shigosen (east [silangan] longtitude 135 degrees line), nagkaroon ng koneksyon ang ekonomiya at kultura ng Keihanshin, Kitaharima at Tajima, at Tango dahilan sa interseksiyon ng mga sasakyan sa pusod ng lugar, sagana sa kalikasan at kasaysayan, at para mabigyang bentahe ang kultura ay layunin ang pagkakaroon ng [Cultural Exchanges sa Lungsod sa pamamagitan ng mga tao at kalikasan]. Ang lupain ay isang balangtas ng Honshu na maiko-configure sa gilid ng silangang bahagi ng bundok ng Chugoku na simula sa bundok ng Awaga na (may taas na 962m), at sa pamamagitan ng maraming dalisdis ito ay isang lugar na mabundok-mabundok. Sa pagkakadugtong-dugtong ng mga kabundukan nanggagaling ang puno ng dalawang malaking ilog. Ang isa ay papuntang karagatan ng Seto na ilog ng Kakogawa at upstream nitong mga ilog, ang isa pa ay ang papuntang karagatan ng Japan na ilog ng Yuragawa at upstream nitong mga ilog na (Kuroigawa at Takedagawa).

Sa lugar ng Iso sa loob ng Lungsod ang [watershed o daluyan ng tubig] ay nakaposisyon sa antas na 95 metro sa taas ng dagat, ang pinakamababa na sentro ng daluyan ng tubig sa Honshu. Ang klima ay base sa uri ng karagatan sa Seto, ang klima sa aplaya ay halos hindi nagbabago ang pagkakaiba sa pagitan nang malamig at mainit-init sa loob nang isang taon, labis ang pagkakaiba ng temperatura sa araw at gabi mula sa panahon ng Taglagas at Taglamig dala na rin ng mga ambon sa umaga sa kabundukan ng rehiyon ng Tamba, ang ambon sa gabi ay tinawag na [Ambon ng Tamba (*Tamba-giri*)], dahil sa mayaman sa kalikasan ang mga higit na malalim at misteryo ay linilikha.

## Kabanata ng Lungsod

Ang [Cultural Exchanges sa Lungsod sa pamamagitan ng mga tao at kalikasan] ay idinisenyo sa kadahilanang nais mailarawan ang kaunlaran sa hinaharap. Ang mga tao sa gitnang bahagi, ay nasa malapad na porma ang dalawang kamay at ipinapakita ang kulay [berde], ang tao at ang kalikasan ay nagkakaisa na sumisimbolo nang kasaganaan sa hinaharap. At ang [丹-tan] ng Lungsod ng Tamba ay nababagay at napakaimportante sa pagbibigay larawan bilang matibay na linya sa kabanata ng lungsod, nagpapakita ng pakiramdam ng pagkabahala.

## Populasyon at Sambahayan

Populasyon
69,333 na tao
(Lalaki: 33,246 na tao)
(Babae: 36,087 na tao)

Bilang ng Sambahayan
24,493 na Sambahayan

Mula ika-31 ng Marso ng taong 2012 hanggang sa kasalukuyan

## Ukol sa Titik na Pagsulat ng [TAMBA] ng Lungsod

Bilang alituntunin ng Hepburn System, ang ukol sa [ん] sa unahan ng B ay may alituntunin na gamitin ang “M”, katulad ng sa pagsulat din ng pangalan ng sa pasaporte na tuntunin na ang paggamit ng Hepburn System ay ginamit din ang sistema sa pagsulat ng titik ng Lungsod ng Tamba.

# Emerhensiya / Pag-iwas sa Sakuna

## Bakasyon / Panggabing Pang-emerhensiyang Departamento

➡地域医療課 Chiiki Iryo-ka (Dibisyong Pang-medikal ng Komunidad) ☎82-4567

### § Pang-emerhensiyang Pagamutan sa Gabi ng Pangkaraniwang-araw

Ang mga (relyebong) doktor mula sa Asosasyong Medikal ng Lungsod ng Tamba, ay nagbukas ng pagamutan para sa panggabing emerhensiya ng pangkaraniwang-araw.

○ Ang araw at oras ng pagpapatingin sa doktor (check-up) ay mula Lunes hanggang Biyernes ng pangkaraniwang araw (weekdays) mula alas 8 ng gabi hanggang alas 10 ng gabi

○ Pangalan at lugar ng pagamutan:

Kaibara Sekijuji Byo-in {Pagamutan ng Sekijuji sa Kaibara}
(Tamba-shi, Kaibara-cho, Kaibara 259-1)

○ Saradong Araw:

Mga araw na bakasyong nasa alituntunin ng batas na Pambansang Bakasyon
12/31 ~ 1/3, 8/13 ~ 8/15

【Mga Importanteng Tala】

Wala namang nabanggit na partikular na maaaring ipatingin sa doktor kaya kung maaari lamang po na bago kayo pumunta ng pagamutan ay paki-kumpirma na muna sa Tel.: 72-0555

### § Pang-emerhensiyang Pagamutan sa mga Araw na Bakasyon

Bilang isang organisasyon sa pang-emerhensiyang medikal sa mga araw ng bakasyon, nagbukas ng pagamutang pang-emerhensiya para sa mga araw ng bakasyon.

● **Kinatitirikang Lugar:**

Tamba-shi, Kaibara-cho, Kaibara 443 (Gusali na nasa unahan sa bandang kaliwa sa pasukan ng Kaibara Senior High School ng Prepektura ng Hyogo)

● **Numero ng Telepono:** ☎72-2480

● **Doktor:** Magrerelyebo ang mga doktor na miyembro ng Asosasyon ng mga Doktor sa Lungsod ng Tamba

● **Mga maaaring ipatingin sa doktor**

(1) pagsusuri (2) paglapat ng lunas, paggamot (3)pagbibigay gabay o kaya'y konsultasyon

* Tandaan 1　Ang pagsusuri ay para lamang po sa mga pang-emerhensiyang bagay.
* Tandaan 2　Ang bilang ng ibibigay na gamot ay para lamang sa mga araw na bakasyon.
* Tandaan 3　Bago magpatingin sa doktor tumawag po muna sa telepono.

●**Oras ng pagpapatingin sa doktor(check-up):**

[Sa Umaga] 9:00～12:00
[Sa Hapon] 1:00～5:00 (Ang tanggapan ay hanggang 4:30 ng hapon lamang po)

### § Parmasya na Bukas sa mga Araw ng Bakasyon

●**Lugar kung saan matatagpuan**

► Kaibara Chozai Yakkyoku
Tamba-shi, Kaibara-cho, Kaibara 255-1　☎72-5550

► Flower Yakkyoku
Tamba-shi, Kaibara-cho, Kaibara 255-3　☎73-1193

* Parehas na nasa harap ng *Kaibara Sekijuji Byo-in* [pagamutan ng Sekijuji sa Kaibara]

## Konsultasyon sa Telepono

➡地域医療課 Chiiki Iryo-ka (Dibisyong Pang-medikal ng Komunidad) ☎82-4567

### §Hotline ng Lungsod ng Tamba Para sa Panggabing Konsultasyon Ukol sa Kalusugan

Ano ang mga hindi inaasahan pinsala na kinakailangan ang pangunahing lunas? Biglaang nagkaroon ng lagnat, ano ang dapat gawin? gustong malaman ang kundisyon ng ipinag-aalalang parte ng katawan. Sa hotline ng Lungsod ng Tamba para sa panggabing konsultasyon ukol sa kalusugan ay may mga nars, nars ng pampublikong kalusugan, doktor, na makakapagbigay ng madaling maintindihan na payo ukol sa kalusugan at medikal, o kaya'y kung paano ang pag-aalaga nang bata.

| | |
|---|---|
| Paggamit na Oras: | 19:00 ~ 24:00 |
| Paano ang Paggamit: | Wala itong bayad at maaaring komunsulta ang lahat ng nakatira sa loob ng Lungsod ng Tamba. Kapag nakakontak, pakisabi ng pangalan (maaari rin na hindi sabihin), tirahan at edad. |

Numero ng Telepono (Para sa Libreng Tawag): ☎0120-737-180

### § Konsultasyong Pang-emerhensiyang Medikal para sa mga Bata

Sa Prepektura ng Hyogo ay inilunsad ang konsultasyon sa telepono para sa pang-emerhensiyang medikal ng mga bata.
Pagbibigay gabay ng mga eksperto sa mediko sa pagbibigay lunas sa biglaang pagkakasakit o kaya ay pagkasugat ng bata, mga narses at mga espesyalista ang tatanggap ng mga konsulta galing sa magulang.

■Tanggapan ng Konsultasyon

► [Sa palibot ng Tamba]☎72-4396
Pangkaraniwang-araw: mula 17:30 ~ mga 8:00
Sa mga araw na bakasyon kasama na ang bagong taon: mula 8:00 ~ mga 8:00

► (Kapag walang area code) #8000
* I-dial ang linya, Para sa mga teleponong IP ☎078-731-8899
Mula Lunes ~ Sabado: 18:00～24:00 Linggo, Pista opisyal: 9:00 ~ 24:00
Minsan ay mahirap makakontak depende sa oras.

## Pambansang Segurong Pangkalusugan ng Pagamutang Aogaki sa Lungsod ng Tamba

➡国保診療所(こくほしんりょうしょ) **Koku Ho Shinryojo(Para sa Pambansang Seguro ng Pagamutan)** ☎**87-0109**

### § Hotline ng Lungsod ng Tamba Para sa Panggabing Konsultasyon Ukol sa Kalusugan

**【Mga maaaring ipatingin sa doktor】**

Pagsusuri sa loob ng pangangatawan (Internal medicine), pagsusuri sa loob ng sistemang organo sa pagtunaw ng pagkain (digestive organ medicine), pagsusuri sa organong sirkular (circulatory organ medicine), pedyatriya (pediatrics), pagsusuri ng mata o optalmolohista (ophtalmic)

**【Oras ng Tanggapan】**

| | |
|---|---|
| Pagsusuri sa loob ng pangangatawan: | (Lunes～Sabado) Mula 8:00 ng umaga ~ 11:30 ng umaga |
| | (Lunes, Martes, Miyerkules at Biyernes)<br>Mula 3:30 ng hapon ~ 6:00 ng gabi |
| Pagsusuri ng Mata: | (Martes) Mula 1:00 ng hapon ~ 4:30 ng hapon |
| | (Biyernes) Mula 8:00 ng umaga ~ 11:30 ng umaga |
| Pedyatriya: | (Lunes) Mula 8:00 ng umaga ~ 11:30 ng umaga |
| | (Huwebes) Mula 1:00 ng hapon ~ 4:30 ng hapon |

**【Ukol sa Pagpapareserba sa Pagpapatingin sa Doktor】**

Mula Lunes ~ Biyernes ang pagpapatingin sa doktor sa loob ng pangangatawan (Internal Medicine) sa umaga ay kinakailangan ang reserbasyon.

(Maaaring magpareserba 1 buwan bago ang takdang araw ng pagpatingin)

1. Reserbasyon sa Telepono

   ☆ Oras ng Tanggapan para sa mga Magpapareserba sa Telepono:

   Lunes ~ Biyernes    mula 8:30 ng umaga ~ 11:30 ng umaga

   Kapag nagpareserba sa telepono, ay kinukumpirma ang pangalan at numero ng kard sa pagamutan.
2. Pagpapareserba sa tanggapan (sa window)

   ☆ Oras ng pagtanggap ng reserbasyon sa tanggapan:

   Lunes～Biyernes    mula 8:00 ng umaga ~ 11:30 ng umaga

〒669-3842 Hyogo-ken, Tamba-shi, Aogaki-cho, Sawano 114

☎ 87-0109  FAX: 87-0107

Saradong Araw: Linggo, Pista Opisyal, Sabado ng hapon, ika-29 ng Disyembre ~ ika-3 ng Enero

## Kapag may Sunog / Emerhensiya ay tumawag sa [119]

➡消防本部 Shobo Hombo (Departamento ng Bumbero) ☎72-2255

### ■ Ano ba ang mga dapat na sabihin kapag oras ng emerhensiya?

Huwag magpanik at ipagbigay-alam o i-report ng tama. Ipagbigay alam sa numerong [119] kapag may sunog at emerhensiyang insidente.

**●Sunog (Telepono 119)**

Kapag may sunog ay agad na ipagbigay-alam sa mga tao sa katabing bahay sa pamamagitan ng pagsigaw.Tawagan sa telepono ang numerong 119. Maging kalmado, ipagbigay alam na may sunog at ibigay ang pangalan nang lugar kung saan ka naroroon.

【Halimbawa ng Pagbibigay-alam sa Wikang Hapon】

| 【Bumbero】 | | 【Ikaw】 |
|---|---|---|
| 火事ですか、救急ですか。<br>*Kaji desuka, Kyukyu desuka?*<br>Sunog po ba? Ambulansiya po ba? | → | 火事です。<br>*Kaji desu.*<br>Sunog po. |
| 場所はどこですか。<br>*Basho wa doko desuka?*<br>Saan po bang lugar? | → | 場所は○○です。近くに○○があります。<br>*Basho wa ○○desu. Chikaku ni ○○ga arimasu.*<br>Ang lugar ay sa ○○ po. May ○○ po sa malapit. |
| 何が燃えていますか。<br>*Nani ga moete imasuka?*<br>Ano po ba ang nasusunog? | → | 家が燃えています。<br>*Ie ga moete imasu.*<br>Nasusunog po ang bahay. |
| あなたの名前を教えてください。<br>*Anata no namae wo oshiete kudasai.*<br>Ano po ang inyong pangalan? | → | 名前は○○○です。<br>*Namae wa ○○○desu.*<br>Ako po ay si ○○○. |
| 連絡先を教えてください。<br>*Renrakusaki wo oshiete kudasai.*<br>Ano po ang inyong numero ng telepono? | → | ○○○−○○○−○○○［電話番号］です。<br>*○○○−○○○−○○○［denwa bango］desu.*<br>○○○-○○○-○○○ ang numero ko po. |

**●Emerhensiya (Telepono 119)**

Para sa biglaang pagkakasakit, pagkakasugat at iba pa na hindi makakapuntang mag-isa sa pagamutan, ay maaaring tawagan ang numerong 119 para sa ambulansiya. Wala po itong bayad.

【Halimbawa ng Pagbibigay-alam sa Wikang Hapon】

| 【Bumbero】 | | 【Ikaw】 |
|---|---|---|
| 火事ですか、救急ですか。<br>*Kaji desuka, Kyukyu desuka?*<br>Sunog po ba? ambulansiya po ba? | → | 救急です。<br>*Kyukyu desu.*<br>Ambulansiya po. |
| 場所はどこですか。<br>*Basho wa doko desuka?*<br>Saan po ba ang lugar? | → | 場所は○○です。近くに○○があります。<br>*Basho wa ○○desu. Chikaku ni ○○ga arimasu.*<br>Ang lugar ay sa ○○ po. May ○○ po sa malapit. |
| どうしましたか。<br>*Do shimashitaka?*<br>Ano po ba ang nangyari? | → | 腕をけがしました。顔から血が出ています。<br>*Ude wo kega shimashita. Kao kara chi ga dete imasu.*<br>Nasugatan po ang aking braso. May umaagos na dugo sa mukha. |

あなたの名前を教えてください。 → 名前は〇〇〇です。
*Anata no namae wo oshiete kudasai.* → *Namae wa 〇〇〇desu.*
Ano po ang inyong pangalan? → Ako po ay si 〇〇〇.

連絡先を教えてください。 → 〇〇〇－〇〇〇－〇〇〇［電話番号］です。
*Renrakusaki wo oshiete kudasai.* → *〇〇〇－〇〇〇－〇〇〇［denwa bango］desu.*
Ano po ang numero ng inyong telepono? → 〇〇〇-〇〇〇-〇〇〇 ang numero ko po.

## Mga Paghahanda sa Oras ng Kalamidad

➡防災対策室 **Bosai Taisaku Shitsu (Opisina sa Pag-iingat sa Kalamidad)** ☎**82-0250**

### Siyasatin ang mga gamit na kinakailangang dalhin para sa oras ng kagipitan!!

**Mga kinakailangang dalhin ay**

## Radyo, flashlight, ang tubig po ay kinakailangan.

Ihanda po ninyo ang mga sumusunod bilang mga kinakailangang gamit sa oras ng kagipitan.



Di-bateryang flashlight, Portable na radyo
Kung maaari lamang na suriing mabuti ang di-bateryang flashlight at portable na radyo dahil kinakailangan ang mga ito sa kawalan ng elektrisidad at sa pagkalap ng mga napapanahong impormasyon.




Pagkain sa Oras ng kagipitan, Inuming tubig




Mapa sa Oras ng Kalamidad sa Lungsod ng Tamba



Medyas
Para panlaban sa lamig sa loob ng likasang lugar, kumbenyente na may 2 ~ 3 pares nang medyas para mapainit ang paa.



Mga mahahalagang bagay (pera at iba pa)



Mga gamot

## Kinakailangang Tandaan sa Klase ng Buhos ng Ulan!!

**Kapag bumuhos na ang ulan...**

### Siyasatin ang klase ng buhos ng ulan at maghanda para sa paglikas!

**Oras, dami ng buhos at klase ng buhos ng ulan**

Sa 1 oras kapag ang dami ng buhos ng ulan ay 2 pirasong lawak na mga palatandaan

1 milli … 1.8 litrong bote ay 2 bote
100 milli … mga nasa 1.5 ng dram




| Sa 1 oras na dami ng ulan (milli) | Termino sa pagbabalita | Nakuhang imahe | Epekto sa mga tao | Kala gayan sa labas | Kapag nasa loob ng kotse | Sa sitwasyon ng Kalamidad |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 10 ~ 20 | medyo malakas na ulan | Malakas na bagsak ng ulan | Dahil sa talbog sa lupa ay mababasa ang paa | Maaaring magkaroon ng lusak sa parte ng lupa | | Kinakailangan ang pag-iingat sa oras na tumagal ang pagbuhos ng ulan |
| 20 ~ 30 | Malakas na ulan | Malakas na buhos ng ulan | Kahit gumamit nang payong ay mababasa | | Kahit nasa loob nang kotse at gamitin nang mabilis ang wiper, malabo pa rin | Ang mga uka o kanal, at maliliit na ilog ay magsisipag-apaw, may maliliit na talampas na posibleng gumuho |
| 30 ~ 50 | Napakatinding ulan | Buhos na parang babaliktad ang balde | | Magiging parang ilog ang daanan | Kapag tumatakbo ang sinasakyang kotse sa highway ay may pagkakataon na hindi gumana ang break dahil sa magkakaroon nang tubig sa pagitan nang mga gulong at kalsada | Kinakailangan nang magprepara sa paglikas dahil sa pangambang panganib sa lugar na dala nang posibleng pagguho ng mga dalisdis at kabundukan |
| 50 ~ 80 | Lubos na napakatinding ulan | Parang talon na buhos nang ulan (sunod-sunod na pagbuhos na parang talon) | Hindi makakatulong kahit na konti ang payong | Ang salpok at buhos nang ulan ay nagkukulay puti, walang matanaw | Mapanganib ang magpatakbo ng sasakyan | Dahil sa madaling dumaloy ang mga bato sa lupa, malamang na may malaking sakunang mangyari |
| 80 ~ | Nangangalit na pagbuhos nang ulan | Para kang hindi makahinga dahil sa makakaramdam nang matinding takot. | | | | Kinakailangan ang mahigpit na pag-iingat dahil sa pangambang mangyayaring malaking kalamidad |

Sa Pamamagitan ng Cellphone at Kompyuter ay Maghahatid Balita ng mga Babala Ukol sa Panahon at mga Impormasyon Ukol sa Kalamidad!

## Nakapagparehistro na po ba kayo sa [Tamba-shi Bosai Mail]?

Sa lungsod, sa oras ng kalamidad, ang mga ipinarehistrong cellphone at kompyuter ay makakatanggap nang babala sa pamamagitan nang mail ukol sa panahon at impormasyong mahahalaga subalit madalian galing sa [Tamba-shi Bosai Mail] na pinangangasiwaan ng lungsod. Para makatanggap ay kinakailangang magparehistro na muna. Walang bayad ang pagpaparehistro. Subalit ang koneksyon sa web o kaya ay ang subskripsyon ng mail ay natatanging may bayad. Para makatulong sa kagipitan sa oras ng kalamidad, mabilisang pagkuha nang impormasyon, para agad na makaiwas sa panganib, at para sa kasiguruhan ng kaligtasan, paki-rehistro lamang po.

**[Mga Ihahatid na Impormasyon]**

○Madaliang ulat ukol sa panahon … lindol, babala ukol sa panahon, at iba pa
○Pang-emerhensiyang impormasyon … impormasyon ukol sa paglikas at iba pa
○Mga Notisya … mga impormasyon ukol sa pag-iwas sa kalamidad

Para sa detalye kung paano ang magparehistro ay pakibisita ng web page ng lungsod (http://www.city.tamba.hyogo.jp/).

丹波市防災メール 検索

[Tamba-shi Bosai Mail]
Rehistrasyon ng mail address: tamba@bosai.net

Ang ukol sa impormasyon para sa kalamidad ay ipinapadala din ng Lungsod sa pamamagitan ng Wireless na Serbisyo ng mga Namamahala sa Paghadlang sa Kalamidad at nang Mail Service sa Paghadlang sa Kalamidad ng Lungsod ng Tamba, at iba pa. Subalit ang mga residente ay kinakailangan din na maging handa bago dumating ang anumang kalamidad sa pamamagitan nang pag-kolekta ng mga impormasyon ukol sa panahon para maging handa sa paglikas at kahit na papaano ay konti ang magiging pinsala.

●Para sa mga Katanungan/Pakikipag-ugnayan:
Opisina sa Pag-iingat sa Kalamidad (Bosai Taisaku Shitsu) ☎82-0250

# Rehistro ng Pamilya / Kard Bilang Residente / Pagpaparehistro ng Pantatak (Inkan)

## Pangunahing Ulat Ukol sa Rehistro ng Pamilya

➡市民課 Shimin Ka (Dibisyon ng Lungsod para sa mga Residente) ☎82-2002

Ang rehistro ng pamilya ay nakatala ang kapanganakan, pagpapakasal, pagkamatay at iba pa na mga nakatalang nilalaman, isang bagay na awtentikasyon nang relasyon nang mag-asawa at nang magulang at anak. Ang pinaglalagyang lugar ng rehistro nang pamilya ay [Honsekichi {legal domicile}] ang tawag.

### ●Pagsusumite ng abiso ng Kapanganakan

**1. Kapag ang isa sa ama at ina ay dayuhan (Kapag sa loob nang bansa ipinanganak)**

●Panahon ng Pagsusumite ng abiso:
Sa loob nang walang 14 na araw kabilang sa bilang ang araw na ipinanganak ang bata. Magkagayunman, kapag ang ika-14 na araw ay walang pasok ang Munisipyo ng Lungsod ay maaring sa susunod na araw na lang na bukas.
●Lugar kung saan magsusumite ng abiso:
Sa munisipyo ng lungsod, bayan o nayon na kung nasaan ang legal domicile ng ama at ina, lugar kung saan ipinanganak ang bata, kahit alin sa dalawang lokasyon ay maaaring pagsumitihan ng kapanganakang abiso.
●Taong siyang kinakailangang magsumite ng abiso:
Ang ama o kaya ay ang ina
●Mga kinakailangan sa pasusumite ng abiso:
(1) Shussan Shomeisho {Katunayan nang kapanganakan} (ibibigay ng hospital)
(2) Boshi Kenko Techo {Librito para sa Kalusugan ng Ina at Anak} (Librito ng mag-ina)
●Ukol sa Nasyunalidad ng Bata:
Hapon ang magiging nasyunalidad ng bata kung ang isa sa ina at ama ay Hapon. Kung ang ama ay isang dayuhan, magtanong ng detalye sa inyong embahada o konsulado kung makukuha nang bata ang nasyunalidad nang ina. May posibilidad na makukuha nang bata ang nasyunalidad nang ina depende sa batas nang bansa ng dayuhang ama o ina.

**2. Kapag ang isa sa ina at ama ay isang dayuhan (Kapag ipinanganak sa labas ng bansa)**

●Panahon ng pagsusumite ng abiso:
Walang 3 buwan kabilang sa bilang ang araw na ipinanganak ang bata
●Lugar kung saan magsusumite ng abiso:
Sa legal domicile o kaya ay sa kung saan nakatira, o sa pang-diplomatikong lugar (embahada o konsulado)
●Taong siyang kinakailangang magsumite ng abiso:
Ang ama o kaya ay ang ina
●Mga kinakailangan sa pagsusumite ng abiso:
Shussan Shomeisho {katunayan nangkapanganakan} at ang nakasalin na katunayan (kailangang nakalagay kung sino ang nagsalin)
●Ukol sa Nasyunalidad ng Bata:
Kung ang ama o ang ina ay Hapon ang nasyunalidad ay magiging Hapon ang nasyunalidad ng bata. Subalit depende sa umiiral na batas sa bansa nang ama o ina kung ang magiging nasyunalidad ng bata ay ang nasyunalidad ng sariling bansa. At sa pinanganakang bansa tulad ng (Amerika at Brasil) ay maaaring makakuha ng nasyunalidad nang mga bansang ito kapag sa mga bansang ito ipinanganak.
●Ukol sa reserbasyong nasyunalidad:
Sa kapanganakan kapag nabigyan nang ibang nasyunalidad ay isabay sa pagsusumite nang abiso sa kapanganakan ang pagsumite ng [Kokuseki Ryuho {Reserve Nationality}]. Sa pagsusumite ng abiso sa kapanganakan at sa iba pang hanay ay isulat sa hangarin na iríreserba ang Nasyunalidad nang pagiging Hapon, at kapag nalagyan na nang signatura o inkan ay maaari nang isumite. Kapag hindi nagsumite nang Kokuseki Ryuho ay may posibilidad na mawala ang nasyunalidad ng pagiging Hapon sa panahon nang kapanganakan. At kapag nagsumite nang Kokuseki Ryuho,ay magiging dalawa na ang nasyunalidad, at pag umabot sa edad na hanggang 22 ay paki-pili na lamang po kung ano ang gustong maging nasyunalidad.

**3. Kapag ang ina o ama ay parehong dayuhan**
●Panahon ng pagsusumite ng abiso:
Walang 14 araw kabilang na ang bilang nang araw na ipinanganak. Magkagayunman, kapag ang ika-14 na araw ay walang pasok ang Munisipyo ng Lungsod ay maaring sa susunod na araw na lang na bukas.
●Pagsusumitihang Lugar ng Abiso:
Sa munisipyo nang alin man sa lugar kung saan nakatira ang ama o nang ina at sa kung saan nanganak na lugar ang ina.
●Taong siyang kinakailangan na magsumite ng abiso:
Ang ama o kaya ay ang ina.
●Mga kinakailangan sa pagsusumite ng abiso:
(1) Shussan Shomeisho {Katunayan ng kapanganakan} (ibibigay nang hospital)
(2) Boshi Kenko Techo {Librito Para sa Kalusugan ng Ina at anak} (Librito ng mag-ina)
●Ukol sa nasyunalidad ng bata:
Depende sa umiiral na batas sa bansa nang ina at ama

## ●Pagsusumite ng abiso ng kamatayan (Para lang sa mga Dayuhan)

●Panahon nang pagsusumite ng abiso:
Walang 7 araw mula nang malaman ang katotohanan na namatay.
●Lugar na pagsusumitihan ng abiso:
Sa munisipyo nang kahit alin sa dalawa magsusumite; kung saan na lugar namatay, kung saan nakatirang lugar ang magsusumite ng abiso
●Taong magsusumite ng abiso:
Kapamilya, magkasamang naninirahan, may-ari nang tinitirhan, tagapag-alaga nang matanda atbp
●Mga Kinakailangan sa pagsusumite ng abiso:
(1) Sertipiko ng Kamatayan (ibibigay ng hospital)
(2) Kapag ang nagsumite ng abiso ay matanda at iba pa, ay kinakailangan ang sertipikadong patunay na karapat-dapat na siyang magbibigay abiso

## ●Pasusumite nang abiso kapag nagpakasal (Kapag Dayuhan)

**1. Kung alin sa mag-asawa ang dayuhan. (sa loob nang bansa nagpakasal)**
●Panahon ng pagsusumite ng abiso:
Walang itinakdang partikular na panahon, subalit mula sa araw na nagsumite ay saka lang eepekto.
●Lugar na pagsusumitihan:
Sa munisipyo nang kahit alin sa lugar ng kapanganakan ng isang Hapon o kaya ay kung saan nakatira ang mag-asawa.
●Taong kinakailangang siyang magsumite ng abiso:
Ang asawang lalaki o asawang babae
●Mga kinakailangan sa pagsusumite:
(1) Para sa mga Hapon ang nasyunalidad
Kapag ang Siyudad ng Tamba ay hindi ang legal domicile: isang kopya nang Koseki Zenbu Jiko Shomeisho {Katunayan nang lahat na nakapaloob sa rehistro ng pamilya} (Koseki Tohon {Sertipikadong Kopya}).
(2) Para sa mga Dayuhan
-Kon-in Yoken Gubi Shomeisho {Patunay na nakalaan sa pagpapakasal} at bagay na malalaman kung ano ang nasyunalidad (Kokuseki Shomeisho {Sertipiko ng Nasyunalidad}, pasaporte at iba pa.), Sertipiko ng Kapanganakan
-Ang mga isusumiteng papeles ay kinakailangan na lahat ay may nakasalin sa Wikang Hapon
(kinakailangang nakalagay kung sino ang nagsalin)
●Tandaan:
(1) Para sa magsusumite ng mga papeles para sa kasal na mga wala pa sa edad ay kinakailangan ang witness na 2.
(2) Para sa mga wala pa sa edad, may iba pang kinakailangang isumiteng papeles.
(3) Sa mga direktang pupunta nang tanggapan, magdala nang kahit anong uri nang mapagkikilanlan nang sarili. (Inisyu ng mga ahensiyang pang-gobyerno na may nakalagay na larawan nang sariling mukha, na nasa loob nang panahon na balido).

**2. Kapag ang isa sa mag-asawa ay dayuhan (Nagpakasal sa labas nang bansa)**
●Panahon ng pagsusumite
Walang 3 buwan matapos ang araw na ikinasal.
●Lugar na pagsusumitihan
(1) Sa munisipyo nang kung saan naroroon ang legal domicile ng asawang Hapon at sa kung saan ang mag-asawa nakatirang lugar.
(2) Sa embahada o konsulado nang bansang Hapon kung saang bansa ginanap ang kasal.
●Ang taong kinakailangan na magsumite nang abiso
Ang asawang lalaki o asawang babae na Hapon ang nasyunalidad.
●Mga kinakailangan sa pagsusumite nang abiso:
(1) Para sa mga Hapon
Kapag ang Lungsod ng Tamba ay hindi ang legal domicile ay kinakailangang magsumite nang isang kopya nang Koseki Zenbu Jiko Shomeisho {Katunayan nang lahat na nakapaloob sa rehistro ng pamilya} (Koseki Tohon {Sertipikadong Kopya}).
(2) Sa mga Dayuhan
Maaaring mapagkikilanlan ng nasyunalidad (Sertipiko ng Nasyunalidad o kaya ay pasaporte at iba pa) at nakasalin sa wikang Hapon (na nakalagay kung sino ang nagsalin).
(3) Karaniwang Pareho
Sertipiko ng kasal na ginanap sa pamamaraan ng ibang bansa at ang nakalin nito sa wikang Hapon (na nakalagay kung sino ang nagsalin).
●Ukol sa Rehistro ng Pamilya:
(1) Kahit nagpakasal ang isang dayuhan at isang Hapon ang nasyunalidad ang apelyido ay hindi magbabago. Kapag ang isang Hapon ay magpapakasal sa unang pagkakataon ay maaaring maging apelyido ng napangasawa at nakalagay sa bagong rehistro ng pamilya.
(2) Sa hanay nang rehistro nang pamilya ay nakalarawan ang (kapanganakan, pagpapakasal at iba pang mga nakatala) at kung sino ang pinakasalan. Ang nakatala sa hanay na apelyido ay pareho nang sa Hapon na apelyido (family name) at nakatala rin ang pangalan (first name). (Karamihan ay nakalagay ang middle name sa isang parte nang apelyido, subalit may bansa na iba ang pagpapatupad.)

**3. Kapag ang nagpakasal ay parehong dayuhan (kapag ang mag-asawa ay pareho nang nasyunalidad)**
* Ang mga paraan at kinakailangan sa pagpakasal ay kung ano ang ipinapatupad na alituntunin na nasa batas nang sariling bansa. Maaari din na magsumite sa munisipyo ng lungsod, bayan o nayon nang bansang Hapon subalit depende sa batas na ipinatutupad sa sariling bansa.

**4. Kapag parehong dayuhan ang mag-asawa (subalit magkaiba ang nasyunalidad)**
● Kapag sa bansang Hapon ginanap ang pagpapakasal ay maaaring magsumite sa kung saan nakatira sa bansang Hapon ang mag-asawa.
● Panahon ng pagsusumite ng abiso:
Walang itinakdang panahon, subalit eepekto lamang sa araw na kung kailan nagsumite nang abiso.
● Pagsusumitihang lugar ng abiso:
Sa munisipyo nang lugar kung saan nakatira ang mag-asawa.
●Taong kinakailangang siyang magsumite ng abiso:
Ang asawang lalaki o ang asawang babae
●Mga kinakailangan sa pagsusumite nang abiso:
Sertipiko ng pagpapakasal at mapagkikilanlan kung ano ang nasyunalidad (Sertipiko ng Kapanganakan, sertipiko ng nasyunalidad, pasaporte, at iba pa) na ang bawat ay may nakasali sa wikang Hapon (kinakailangang nakalagay kung sino ang nagsalin)
●Tandaan:
(1) Sa isusumiteng abiso ng pagpapakasal ay kinakailangan ang 2 na taong witness.
(2) Sa mga wala pa sa edad ay may iba pang papeles na kailangang isumite.
(3) Sa mga pupunta nang direktang sa tanggapan ay kinakailangang magdala nang maaaring mapagkikilanlang pansarili (Inisyu ng mga ahensiyang pang-gobyernong na may nakalagay na larawan nang sariling mukha na nasa loob nang panahon na balido).

## Pagsusumite ng Paghihiwalay {Diborsiyo} (Para sa mga dayuhan)

**1. Kapag ang isa sa mag-asawa ay dayuhan (Kyogi Rikon {Nag-usap na Magdidiborsiyo})**

●Pagsusumitihan lugar:
Kahit alin sa munisipyo ng legal domicile ng taong Hapon ang nasyunalidad o kaya ay sa kung saan nakatira ang mag-asawang maghihiwalay.
●Taong kinakailangang magsumite:
Ang asawang lalaki o kaya ay ang asawang babae
●Mga kinakailangan sa pagsusumite nang abiso:
(1) Para sa mga may nasyunalidad na Hapon
-Kapag ang Lungsod ng Tamba ay hindi ang legal domicile ay kinakailangang magsumite nang isang kopya nang Koseki Zenbu Jiko Shomeisho {Katunayan nang lahat na nakapaloob sa rehistro ng pamilya} (Koseki Tohon {Sertipikadong Kopya}).
-Sa mga pupunta nang direktang sa tanggapan ay kinakailangang magdala nang maaaring mapagkikilanlang pansarili (Inisyu ng mga ahensiyang pang-gobyernong na may nakalagay na larawan nang sariling mukha na nasa loob nang panahon na balido).
(2) Para sa mga Dayuhan
-Sa mga pupunta nang direktang sa tanggapan ay kinakailangang magdala nang maaaring mapagkikilanlang pansarili (Inisyu ng mga ahensiyang pang-gobyernong na may nakalagay na larawan nang sariling mukha na nasa loob nang panahon na balido).
●Tandaan:
(1) Sa mga wala pa sa edad na mga magdidiborsiyo ay kinakailangan ang 2 tao na magiging witness.
(2) Sa mga magdidiborsiyong mag-asawa na may mga minor de edad na mga anak, ay pagpasiyahan kung sino sa ina at ama ang magulang na magkakaroon nang karapatan sa mga bata. Kapag hiwalay na ay hindi tatanggapin ang isusumiting “Kyodo Shinken” {joint parental authority[magkaparehong karapatan bilang magulang}.

**2. Kapag ang isa sa mag-asawa ay dayuhan (Saiban Rikon {Dinaan sa Korte na Diborsiyo})**

●Panahon nang pagsusumite:
Walang 10 araw mula sa araw na napagpasiyahan nang korte (pag-aayos para magkasundo, pagpapasiya, desisyon, pagkasundo sa kasunduan, pagtanggap sa mga kinakailangang habulin)
●Lugar nang pagsusumitihan:
Kahit alin sa munisipyo ng lugar na kung sa mga may nasyunalidad na Hapon ay sa legal domicile o kaya ay sa lugar na tinitirhan nang asawa.
●Taong kinakailangang siyang magsumite:
Ang taong nag-file sa korte (kapag sa panahon na hindi naisumite ay maaari ring magsumite ang nasa kabilang panig)
●Kinakailangan sa pagsusumite:
(1) Kapag ang Lungsod ng Tamba ay hindi ang legal domicile ay kinakailangang magsumite nang isang kopya nang Koseki Zenbu Jiko Shomeisho (Katunayan nang lahat na nakapaloob sa rehistro ng pamilya) (Koseki Tohon {Sertipikadong Kopya}).
(2) Sertipikadong kopya sa panahon nang pagsasaayos na Chotei Chosho {record ng pagsasaayos}
(3) Sertipikadong kopya sa panahon ng pagpapasiya na Shinpansho {katunayan ng pagpapasiya} o kaya ay Kakutei Shomesho {katunayan ng kumpirmasyon}.
(4) Sertipikadong kopya ng desisyon sa panahon ng pagdi-desisyon o kaya ay Kakutei Shomeisho {katunayan ng kumpirmasyon}.
(5) Sa panahon nang Wakai {pagkasundo sa kasunduan} na Sertipikadong kopya ng Wakai Chosho {Rekord ng Kasunduan}
(6) At sertipikadong kopya sa pagtanggap sa mga kinakailangang habulin.
●Ukol sa karapatan sa anak na minor de edad
Ang ukol sa karapatan ay desisyon na dadaan sa pag-aayos para magkasundo, pagpapasiya, desisyon, pagkasundo sa kasunduan, pagtanggap sa mga kinakailangang habulin.

**3. Kapag parehong dayuhan ang mag-asawa (kapag ang mag-asawa ay pareho ang nasyunalidad)**

● Ang mga kakailanganin sa pagdidiborsyo ay depende sa kung ano ang nasasaad sa batas ng sariling bansa.
Maaari rin na magsumite sa munisipyo ng lungsod, bayan o nayon na nasa bansang Hapon depende sa nakasaad sa batas nang sariling bansa.

**4. Kapag parehas na dayuhan ang mag-asawa (mag-asawa na magkaiba ang nasyunalidad)**

●Maaaring magsumite ng abiso sa pagdidiborsyo sa munisipyo kung saan nakatira sa bansang Hapon

●Lugar na pagsusumitihan:

Sa munisipyo ng lungsod, bayan o nayon kung saan nakatira ang mag-asawa

●Tao na siyang kinakailangang magsumite:

Asawang lalaki o ang asawang babae.

●Kinakailangan sa pagsusumite:

(1) Iba't-ibang uri ng papeles na may koneksyon nang magpakasal (kopya nang kontrata sa kasal (marriage contract) kung sa bansang Hapon nagsumite nang lisensiya sa pagpapakasal).

(2) Bagay na makapagpapatunay ng nasyunalidad ng bawat isa (Katunayan ng nasyunalidad o kaya ay pasaporte, at iba pa) at kinakailangan na may nakasalin sa wikang Hapon (kinakailangang nakalagay kung sino ang nagsalin).

## Pagsusumite ng Abiso Ukol sa Pagpaparehistro Bilang Residente

➡市民課 Shimin Ka (Dibisyon ng mga Residente ng Lungsod) ☎82-2002

### ●Sino ang mga sinasaklaw ng Gaikokujin Juminhyo {Porma bilang Dayuhang Residente}?

Mula noong ika-9 ng Hulyo taong 2012 ay ipinatupad ang batas ukol sa mga dayuhang residente na (Amendasyon ng Batas sa Saligan ng Pagpaparehistro bilang Residente at Amendasyon ng Batas sa Imigrasyon), at nilansag ang hanggang ngayon na Gaikokujin Toroku Ho {Batas sa Pagpaparehistro ng mga Dayuhan}.
Dahil dito, ang mga maaari lamang po na magparehistro bilang residenteng dayuhan ay ang mga nakatala sa baba.
●Chuchoki Zairyusha {Mga nasa medium at long term na mga residente}
(Hindi kasali ang mga naninirahan na wala pang 3 buwan, na ang Zairyu Shikaku {estado nang pagiging residente} ay Tanki Taizai {maiksing paninirahan}.)
●Tokubetsu Eijusha {Espesyal na Permanenteng Residente}
●Ipinanganak o kaya ay wala pang 60 araw ang pagkawala ng nasyunalidad nang pagiging Hapon

* Ang mga turista at mga mangangalakal o mga nandito para sa negosyo, pagbisita nang mga kamag-anakan at iba pa ay mga nasa [Tanki Taizai] na Zairyu Shikaku {estado ng pagiging residente} at nasa loob nang walang 3 buwan ang kinakailangang ipamalagi, ang mga overstayers at ilegal na mga naninirahan, kahit na naisin nang sarili ay hindi maaaring magparehistro ng pagiging residente.
Kapag hindi nakapagparehistro, ay pumunta sa Chiho Nyukoku Kanri Kyoku {Sangay ng Imigrasyon ng Rehiyon} at humingi nang permiso na mapalitan ang estado nang pagiging residente nang medium o long term na estado at kapag nakatanggap ay mangyaring pumunta lamang sa Munisipyo ng Lungsod ng Tamba.
Mangyari lamang na tandaan na kahit na ang mga nakarehistro bilang residente sa Lungsod ng Tamba at napalitan ang 3 buwan mahigit na estado nang paninirahan at at naging, [Tanki Taizai] ang estado ng pagiging residente at naging ilegal ang paninirahan ay awtomatikong mabubura ang pagiging rehistradong residente.

Bilang kapalit nang nawalang [Gaikokujin Toroku Shomeisho {Kard na Katunayan ng Pagiging Rehistradong Residente}], ang kard na nakatala sa baba ang ipapamigay.

(1) Chuchoki Zairyusha {Mga nasa medium at long term na mga residente}: [Zairyu Card {Kard Bilang Residente}] magproseso sa Chiho Nyukoku Kanri Kyoku
(2) Tokubetsu Eijusha {Espesyal na Permanenteng Residente}: ang [Tokubetsu Eijusha Shomeisho {Katunayan ng Pagiging Espesyal na Permanenteng Residente}] ay sa Munisipyo ng Lungsod ng Tamba magproseso.

【Ukol sa mga Ginagawang Hakbang sa Nakaraan】
Sa kasalukuyan ang mga may hawak nang [Gaikokujin Toroku Shomeisho {Kard na Katunayan ng Pagiging Rehistradong Residente}], hindi naman kinakailangang palitan agad nang bagong kard. Maaari pa ring magamit ang [Gaikokujin Toroku Shomeisho] bilang [parang Kard bilang Residente] o kaya ay [parang Katunayan ng Pagiging Espesyal na Permanententeng Residente] sa panahon na nakatakda.

* Ang mga Eijusha {Permanenteng Residente} ay walang limitasyon ang paninirahan, kaya hanggang sa ika-8 ng Hulyo ng taong 2015 ay pumunta sa Chiho Nyukoku Kanri Kyoku at papalitan nang bagong [Zairyu Kard {Kard bilang Residente}] ang lumang kard na katunayan ng pagiging rehistradong residente.

| Estado ng Paniniraha/Edad | Wala pang edad 16 | Edad 16 pataas |
|---|---|---|
| Hi Eijusha {Hindi mga Permanteng Residente} | Kung alin ang mauna sa hanggang sa matapos ang ibinigay na panahon para sa paninirahan o bago magdiwang ng araw nag ika-16 na kaarawan. | Hanggang sa araw na matapos ang ibinigay na panahon ng paninirahan. |
| Eijusha {Permanenteng Residente} | Kung alin ang mauna sa ika-8 ng Hulyo ng taong 2015 o ang araw bago magdiwang ang ika-16 na kaarawan. | Hanggang ika-8 ng Hulyo ng taong 2015. |
| Tokubetsu Eijusha {Espesyal na Permanenteng Residente} | Hanggang sa araw nang ika-16 na kaarawan. | Kung alin ang mauna sa ika-8 ng Hulyo ng taong 2015 o nang susunod na kumpirmasyon ng taon, buwan, araw nang pang (7 beses na kaarawan). |

## ●Kapag Lilipat ng Tirahan

Kapag lilipat sa loob ng Lungsod ng Tamba mula sa labas nito at nagpalit nang tirahan, magsumite ng abiso sa Munispyo ng Lungsod ng walang 14 araw mula nang lumipat.

● Ang Taong Siyang Kinakailangang Magsumite
(1) Ikaw o ang namumuno nang sambahayan
(2) Taong binigyan ng permisong maging representante ng pagsusumite
(3) Taong kasambahay sa bagong tirahan

● Mga Kinakailangan sa Pagsusumite
(1) Kard bilang residente ng lahat nang taong magsisipaglipat (kasama na ang may permiso na maging "parang resident kard" na "Gaikokujin Toroku Shomeisho") at katunayan nang pagiging espesyal na permanenteng residente (kasama na ang may permiso na maging "parang katunayan ng pagiging espesyal na permanenteng residente" na "Gaikokujin Toroku Shomeisho")
(2) Kapag lilipat ang lahat nang miyembro ng sambahayan, kasama na ang ukol sa namumuno, kinakailangang magsumite ang lahat nang miyembro nang kasulatan na magpapatunay nang relasyon sa namumuno nang sambahayan (kinakailangang ipasalin sa wikang Hapon ang kasulatan kapag ito ay nakasulat sa ibang wika na nakasulat kung sino ang nagsalin)
(3) Katunayan nang pag-alis mula sa dating tirahan (Inisyu nang munisipyo ng lungsod, bayan o nayon ng dating tinitirhan)
(4) Sa mga direktang pupunta nang tanggapan ay magdala nang maaaring mapagkikilanlan sa sarili (balidong lisensiya sa pagmamaneho, Hokensho {kard ng seguro}) Subalit, hindi na kinakailangan kapag ang mismong lilipat ang pupunta at may ipinakitang "Zairyu Kard" {Kard bilang Residente} o kaya ay "Tokubetsu Eijushasho" {Katunayan na Espesyal na Permanenteng Residente}
(5) Kapag ang representante ang magsusumite nang abiso ay kinakailangan ang ginawang kasulatan galing sa nag-utos

* Kapag ang isang dayuhan ay nagpalit nang tirahan, ay kinakailangang ipalagay ang bagong tirahan sa "Zairyu Card" o sa Katunayan nang pagiging isang "Espesyal na Permanenteng Residente". Tiyaking dala ang Kard bilang Residente ng lahat nang miyembro nang sambahayan.
Kung nawawala sa anumang pagkakataon, ang mga may "Chuchoki Zairyusha", unahin na munang puntahan ang "Chiho Nyukoku Kanri Kyoku" para sa pagpa-isyu nang panibagong Zairyu Kard. Parehas nang mga "Tokubetsu Eijusha" na kapag nawala at lilipat ay magpa-isyu muna nang panibago.
* Kahit na lumampas na sa 14 araw na panahon na kinakailangan na magsumite, ay tiyaking magsumite.
* Kapag hindi nakapagsumite nang "Tenshutsu Todoke" {abiso na lilipat} sa dating tinitirhan ay unahin na muna ang pagsusumite sa dating tirahan ng "Tenshutsu Todoke" at magpa-isyu nang "Tenshutsu Shomeisho" {katunayan na lilipat}.
* Ang pagpare-issue ng abiso na lilipat at nang katunayan na lumipat ay maaari rin na sa post office magproseso. Magtanong sa Munisipyo ng Lungsod, Bayan o Nayon ng dating tinitirhan kung ano ang mga paraan ng pagproseso.

## ●Tenshutsu Todoke {Abiso ng Paglipat}

Mula sa araw nang paglipat sa bagong tirahan at walang 14 araw ay magsumite ng "Tenshutsu Todoke" {Abiso sa Paglipat} sa Munisipyo ng Lungsod ng Tamba.
Sa pagsumite nang Tenshutsu Todoke ay magbibigay nang "Tenshutsu Shomeisho" {Katunayan ng Paglipat}.
Isama ang Tenshutsu Shomeisho sa Tenshutsu Todoke na isusumite sa Munisipyo ng Lungsod, Bayan o Nayon na lilipatan.

● Taong kinakailangang magsumite
(1) Ang sarili o kaya ay ang namumuno sa sambahayan
(2) Inutusang tao na siyang maging representante
(3) Kasambahay

● Mga kinakailangan sa pagsusumite ng abiso
(1) Kapag direktang pumunta sa tanggapan ay magdala nang kahit anong uri na maaaring mapagkikilanlang pansarili (Balidong Kard bilang Residente, Katunayan ng pagiging Espesyal na Permanenteng Residente, Lisensiya sa Pagmamaneho, Hokensho {Kard ng Seguro}, at iba pa)
(2) Dadalhing kasulatan nang representante na ginawa nang nakiusap sa representante sa pagsusumite nang abiso

* Ang abiso sa paglipat ay maaari rin na magproseso sa Post Office.
* Magsumite bago mag-14 araw na siyang itinakdang panahon sa pagsusumite ng abiso.

### ●Tennyu Todoke (Abiso na Nakalipat na)

Magsumite ng “Tennyu Todoke” {abiso na nakalipat na} sa Munisipyo ng Tamba walang 14 araw mula sa araw ng paglilipatsa loob ng Lungsod.

● Taong kinakailangang siyang magsumite
(1) Ang sarili o kaya ay ang namumuno sa sambahayan
(2) Inutusang tao na siyang maging representante
(3) Kasambahay

● Mga kinakailangan sa pagsusumite ng abiso
(1) “Zairyu Kard” ng lahat na nagsipaglipat (kasama na ang may permiso na maging parang Kard bilang Residente na “Gaikokujin Toroku Shomeisho”) at ang para sa Tokubetsu Eijusha Shomeisho (kasama na ang may permiso na maging parang Katunayan nang pagiging Espesyal na Permanenteng Residente)
(2) Kapag kasama sa sambahayan na kasama sa paglipat, puwera sa namumuno nang sambahayan ay magsumite nang katunayan nag kung ano ang relasyon sa namumuno nang sambahayan (kung nakasulat sa ibang wika ay ipasalin sa wikang Hapon at kinakailangang nakalagay ang kung sino ang nagsalin)
(3) Sa mga pupunta nang direkta sa tanggapan ay magdala nang kahit anong uri nang mapagkikilanlangpansarili (balidong lisensiya sa pagmamaneho, hokensho {kard ng seguro}, at iba pa.Subalit hindi na kinakailangan kapag ang lumipat sa pagpunta ay may ipapakitang “Zairyu Kard” o kaya ay “Tokubetsu Eijusha Shomeisho”)
(4) Kapag ang representante ang magsusumite nang abiso ay kinakailangan ang ginawang kasulatan galing sa nag-utos

* Kapag nagpalit nang tirahan ang dayuhan, kinakailangang ipalagay ang panibagong tirahan sa “Zairyu Kard” o sa “Tokubetsu Eijusha Shomeisho”. Tiyakin na dala sa paglipat ang sa lahat na miyembro nang sambahayan na “Zairyu Kard” o ang “Tokubetsu Eijusha Shomeisho”.
Kapag nawala, ang mga “Chuchoki Zairyusha ay kinakailangan namunang magpare-issue sa “Chiho Nyukoku Kanri Kyoku”. Sa mga “Tokubetsu Eijusha” ay magsumite ng aplikasyon para sa re-issue kasabay nang pagsusumite nang abiso na lumipat.
* Magsumite ng abiso walang 14 araw na itinakdang araw nang pagsusumite.

## Pagparehistro ng Pantatak (Inkan)

➡市民課(しみんか) Shimin Ka (Dibisyon ng Lungsod para sa mga Residente) ☎82-2002

### ●Ukol sa Pag-asikaso ng Pagpaparehistro ng Inkan ng mga Dayuhan

Dahil sa pagrebisa ng batas noong ika-9 ng Hulyo taong 2012 ng ilang mga pamantayan, ang mga dayuhan ay nasasaklaw na rin sa pamantayan ng "Juminhyo" {talaan bilang mga residente}.
Kaya sa bagong sistema rin na kapag ang mga dayuhan ay nasa talaan bilang mga residente ay maaaring patuloy na magparehistro ng pantatak (inkan).
Sa mga wala sa Juminhyo ay hindi maaaring magparehistro ng pantatak (inkan).

● Mga taong maaaring magparehistro ng pantatak (inkan)
Ang pagpaparehistro ng pantatak (inkan), ay kinakailangang edad 15 pataas at nakatala sa aklat ng pamantayan ng mga residente ng Lungsod nang Tamba (Jumin Toroku {Rehistro ng Residente}). Maaaring makapag parehistro ng pantatak na ang bawat isa ay 1 kapag nasa talaan.
Subalit ang mga bata pa na kinakailangan ang gabay at mga walang kaalaman ay hindi maaaring pagawan.
At hindi maaaring ang 1 pantatak ay iparehistro ng bawat isa sa pamilya.

● Hindi maaaring iparehistrong pantatak(inkan)
(1) Ang ipaparehistrong pantatak (inkan) ay wala ang titik sa apelyido o kaya ay sa pangalan sa nakatalang rehistro ng residente ng magpaparehistro ng pantatak
(2) Naglalarawan ng trabaho, estado, larawan, mga walang kaugnayan sa pangalan at apelyido
(3) Gomang pantatak at iba pa at selyo na madaling mag-iba
(4) Ang laki ng selyo ay may gilid na 7 millimeter na hindi magkakasya sa loob nang parisukat (napakaliit), o kaya ay may gilid na nasa 25 millimeter na lampas sa loob ng parisukat (napakalaki)
(5) Nasa frame at may nawawala, hindi klarado ang pantatak

● Maaaring Iparehistrong Pantatak(Inkan)
Pamantayan na kung ano ang nasa talaan sa rehistro na pangalan bilang residente ay siyang magiging titik nang pantatak.
Nakatala na titik sa nakasaad na pangalan sa talaan ng mga residente, sa Zairyu Kard o kaya ay sa Tokubetsu Eijusha Shomeisho.
Kung ninanais na ang iparehistrong pantatak ay sa kilalang pangalan (tawag nang pangalan sa bahay) o sa katakana ng pangalan, pumunta sa tanggapan ng lungsod dahil kinakailangan na ilagay sa talaan ng residente ang kung ano ang pangalan na kilala at kinakailangan din na lagyan ng katakana ang pangalan bago iparehistro.
At kapag ang sa kilalang tawag sa pangalan ang ipaparehistro, kinakailangan na magsumite nang ebidensiyang papeles, para sa mga detalye ay magtanong lamang po.

● Magsusumite ng aplikasyon
Ang sarili o ang representante

● Kinakailangan sa pagsusumite ng aplikasyon
(1) Ipaparehistrong Pantatak (inkan)
(2) Uri ng maaaring mapagkilalan sa kung sino ang pupunta sa tanggapan (balidong lisensiya sa pagmamaneho, kard ng Kenko Hokensho {seguro sa pangkalusugan}, Zairyu Card, Tokubetsu Eijusha Shomeisho, at iba pa)
(3) Kapag ang representante ang mag-aaply, ang sinulat nang sarili na kasulatan na [nagpapatunay na ang representante ang siyang magsusumite nang aplikasyon (Katunayan na kasulatan)] ay kinakailangan.

● Mga kinakailangan sa pag-iisyu
(1) Bayarin para sa pag-isyu nang inkan na halagang 200 yen
(2) Shokai Kaitosho {papel nang mga sinagutang katanungan} (pagkatapos nang pag-aaply, ang ipinadala ng lungsod sa pamamagitan ng koreo)
(3) Ipinarehistrong Pantatak (inkan)
(4) Sa pupunta nang direkta sa tanggapan ay magdala nang kahit na anong uri nang maaaring mapagkilanlang pansarili na (balidong lisensiya sa pagmamaneho, kard nang seguro at pangkalusugan, Kard bilang Residente, Katunayan na Espesyal na Permanenteng Residente, at iba pa)

(5) Ang mga sinagutang papel kapag ipapadala sa representante, ang tunay na nagparehistro ng pantatak ay kinakailangang sulatan ang parte nang para sa representante sa ipinadalang mga katanungan ng lungsod, at sa pagkuha ng representante ay kinakailangan na magdala ng mapagkikilanlang pangsarili (balidong lisensiya sa pagmamaneho, kard ng seguro at pangkalusugan, Kard bilang Residente, o Katunayan na Espesyal na Permanenteng Residente, maaari ang kopya) at isumite sa nangangasiwa.

## Pangalan ng Iba't-ibang Katunayan/Sertipiko at mga Bayarin

➡市民課 **Shimin Ka (Dibisyon ng Lungson para sa mga Residente) ☎82-2002**

| Uri | Bayarin | Mga kinakailangan |
|---|---|---|
| I.D. | 1 kopya 200yen | ●Maaaring mapagkilanlang pansarili |
| Kopya ng Juminhyo | 1 kopya 200 yen | |
| Juminhyo Kisai Jiko Shomeisho | 1 kopya 200 yen | |
| Inkan Toroku Shomeisho | 1 kopya 200 yen | ●Inkan Toroku Shomeisho (Card) |
| Jumin Kihon Daicho Card | 1 kopya 500 yen | ●Pantatak (inkan), Maaaring mapagkilanlang pansarili<br>●Larawan<br>●Kard ng Talaan ng Pamantayan bilang Residente, maaaring mapagkakakilanlang pansarili<br>●Inkan |
| Denshi Shomeisho {katibayan ng elektron} (iniisyu sa pang-gobyernong gusali, inisyu ng Kasuga Chosha) | 1 kopya 500 yen | |
| Kouiki Kofu Juminhyo {Inisyu ng Rehiyon na Sertipiko bilang Residente} | 1 kopya 300 yen | ●Inkan, maaaring mapagkilanlang pansarili |

* Ang uri na maaaring mapagkilanlang pansarili ay, balidong Kard bilang Residente, katunayan na Espesyal na Permanenteng Residente, lisensiya ng pagmamaneho, Hokensho (kard ng seguro), at iba pa.
* Kapag ang representante ang papakuhanin, para sa proteksyon sa privacy, ang kasulatan galing sa abogado (Na nagpapatunay na siya ang napili bilang representante) ay kinakailangan.

## Pagpapakita Nang Uri Na Maaaring Mapagkikilanlang Pansarili

➡市民課 **Shimin Ka (Dibisyon ng Lungsod para sa mga Residente) ☎82-2002**

Para mahadlangan ang mga nagbabalatkayong gustong kumuha at para sa proteksiyon sa privacy, tuntunin na magdala nang mapagkikilanlang pansarili tulad ng "Kopya ng Katunayan bilang Residente" at iba pa sa panahon ng pagkuha at pagsusumite ng abiso sa paglilipat, aalis,nakalipat,pagpapakasal, pagdidiborsiyo, at iba pa.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 lang na angkop bilang mapagkikilanlang pansarili | ● Lisensiya nang pagmamaneho<br>● Tiket sa Paglalakbay (Pasaporte)<br>● Kard ng Talaan ng Basehan bilang residente (may nakakabit na larawan ng sariling mukha)<br>● Zairyu Card<br>● Tokubetsu Eijusha Shomeisho, at iba pa | 2 bagay na kinakailangan para maging mapagkikilanlang pansarili | ● Kenko Hokensho<br>● Nenkin Techo {Libritong Seguro}<br>● Fukushi Iryohi Jukyushasho {Katunayan na nakakatanggap mula sa welfare ng tulong pang-medikal}<br>● Kaigo Hokensho {Seguro sa Pagpapaalaga}<br>● Jumin Kihon Daicho Card {Walang larawan}<br>● I.D. bilang estudyante, at iba pa |

## Kard ng Talaang Basehan Bilang Residente

**➡市民課 Shimin Ka (Dibisyon ng Lungsod para sa mga Residente) ☎82-2002**

【Sa mga Magsusumite ng Aplikasyon】

Kinakailangang magsumite ng aplikasyon ang mga nagnanais magkakuha ng “Jumin Kihon DaichoCard” {Kard na basehan bilang Residente}. Subalit ang kinakailangang mag-apply na wala pang 15 ang edad o kaya ay matatanda na kinakailangan ang gabay ay maaaring magsumite nang aplikasyon kung sino ang legal na representante.

【Paraan ng Pagsusumite ngAplikasyon】

●Dalhin ang mga kinakailangan na nakatala sa baba sa “Shimin Ka” o kaya ay sa alin mang sangay nito at magsumite ng aplikasyon.

●Maaari din na ipadala ang aplikasyon sa pamamagitan ng koreo, subalit kapag may mga depekto aykinakailangan din na pumunta nang personal sa tanggapan ang nagsumite ng aplikasyon. At sa panahon nang pag-isyu ay kinakailangang personal na kunin sa tanggapan.

●Ang kard ay meron na may larawan at meron din na wala.

【Mga Bagay na Kinakailangan】

●Pantatak(Inkan)

●Bayaring Halaga na 500 yen

●1 pirasong larawan (sa mga may larawan ang ninanais)

* Pamantayan ng larawan (hindi maaari ang larawan na wala sa pamantayan)

-Ang isusumiteng larawan ay kuha wala pang 6 na buwan ang nakakalipas.

-Walang depekto at 45mm ang haba at 35mm ang lapad ang sukat.

-Ang direksiyon ay nakaharap, kita ang buong mukha, walang kahit ano sa likuran (walang anino).

-Maaaring kahit na black & white o kaya ay may kulay

-Walang dumi at iba pa at kinakailangang malinaw

-Sa likuran ng larawan ay isulat ang pangalan

●Kapag ang legal na representante ang magsusumite, sa mga hindi ang Lungsod nang Tamba ang legal domicile ay kinakailangan ang 1 kopya nang sertipikadong talaan nang rehistro ng pamilya.

【Pag-iisyu】

●Ibibigay ang kard sa mismong nagparehistrong tao o kaya ay sa legal nitong representante.

●Pagkatapos na magsumite nang aplikasyon, ipapadala ang notisya nang pag-iisyu sa pamamagitan ng koreo (nontransferable), sulatan ang mga kinakailangang sulatang parte at dalhin kasama nang maaaring mapagkikilanlang pansarili(lisensiya sa pagmamaneho, kard nang seguro at kalusugan o kaya ay librito nang seguro, at iba pa), at pantatak (inkan) sa kung saan nagsumite nang aplikasyon.

# Buwis

## Shi Zei (Buwis Pang-Lungsod)

➡税務課 **Zeimuka (Dibisyon/Departamento sa Pagbabayad ng Buwis) ☎82-2003**

**●Sa mga Magbabayad ng mga Pang-lungsod na Buwis sa mga Pangunahing Bagay**

| Klase ng Buwis | | Pagbabayad |
|---|---|---|
| Shimin Zei (Buwis ng mga Residente sa Lungsod) | Kojin Shimin Zei (Pang-Indibidwal na Buwis) | Mula Enero 1 hanggang sa kasalukuyan na mga taong nakatira sa Lungsod na may mga kita noong nakaraang taon. |
| | Hojin Shimin Zei (Buwis ng Korporasyon o negosyo) | Mga korporasyon at iba pa na may mga negosyo at opisina sa loob ng Lungsod. |
| Kotei Shisan Zei (Permanenteng propyedad o ari-arian) | | Mula Enero 1 hanggang sa kasalukuyan na mga taong may mga ari-ariang lupa, bahay o gusali, at mga ipinagbiling ari-arian. |
| Kei Jidosha Zei [Buwis ng mga magagaan/maliliit na sasakyan(light car)] | | Mula Abril 1 hanggang sa kasalukuyan na mga taong may tirahan sa lungsod na may mga bisekletang di-makina, mga light na sasakyan, 2 wheeler na maliliit na sasakyan, mga natatangi at kakaibang maliliit na sasakyan (kasama na ang mga sasakyang gamit sa agrikultura at pagsasaka). |

## Shimin Zei (Buwis ng mga Residente sa Lungsod)

➡税務課 **Zeimuka (Dibisyon/Departamento sa Pagbabayad ng Buwis) ☎82-2003**

| | | |
|---|---|---|
| Kojin Shimin Zei (Indibidwal na Buwis Pang-munisipalidad) | Babayarang Halaga ng Buwis | ◇Magkakatumbas na Inilaang Singil: kada taon ay 3,000 yen<br>◇Inilaang Singil na Proporsiyon ng Kita: (Kabuuang kita noong nakaraang taon - magkano ang nabawas sa kita) x 6 % na singil sa buwis - magkano ang buwis na binawas |
| | | * Sanggunian: Pang-Indibidwal na Buwis sa Pang-Prepekturang Buwis<br>◇Magkakatumbas na Inilaang Singil: kada taon ay 1,000 yen at 800 yen na luntiang buwis ng mga residente ng Prepektura<br>◇Inilaang Singil na Proporsiyon ng Kita: (Kabuuang kita noong nakaraang taon - magkano ang nabawas sa kita) x 4 % na singil sa buwis - magkano ang buwis na binawas |
| | 【Deklarasyon ng Pang-Munisipalidad na Buwis】<br>Sa mga tao apuwera ng mga tao na naisaayos ang kita sa pagtatrabaho bago matapos ang taon at nakapagdeklara ng babayarang buwis (income tax return), na may mga kita noong nakaraang taon, ay paki-deklara lamang sa loob ng mula ika-16 ng Pebrero hanggang ika-15 ng Marso.<br>【Paraan ng Pagbabayad ng Buwis】<br>May paraan na maaaring magbayad ng direkta ang mga magbabayad ng buwis (ordinaryong koleksyon) at paraan na kakaltasin sa suweldo o kaya ay paraan na ibabawas sa matatanggap na pensiyon. | |
| Hojin Shimin Zei (Buwis Pang-Munisipalidad ng mga Korporasyon o negosyo) | Babayarang Halaga ng Buwis | ◇Magkakatumbas na Inilaang Singil: Pagpapasyahan depende kung magkano ang kapital at ilan ang mga trabahador sa loob nang siyudad.<br>◇Inilaang Buwis sa Korporasyon/Negosyo: Buwis para sa korporasyon/negosyo (Pambansang Buwis) na 12.3% |
| | 【Takdang Araw ng Deklarasyon】<br>Itinakdang araw ng korporasyon sa bawat taon na pagsusumite ng deklarasyon alinsunod sa buwis ng korporasyon, ang magbabayad nang buwis ang siyang kakalkula, isumite ang porma ng deklarasyon na nagpapahayag na nakakuha nang "Self-Assessment System" sa pagbabayad ng buwis.<br>【Abiso】<br>Ipagbigay-alam kung ang itinatag na korporasyon o negosyo ay nabuwag o nalugi, magtatatag ng opisina o planta, o kaya ay aalisin o magsasara sa pamamagitan ng pagsusumite ng Porma ng Abiso. | |

## Kotei Shisan Zei ( Buwis ng mga Personal na Ari-arian)

➡税務課 Zeimuka (Dibisyon/Departamento sa Pagbabayad ng Buwis) ☎82-2003

| | |
|---|---|
| Kotei Shisan Zei (Buwis ng mga Personal na Ari-arian) | Ang buwis sa personal na ari-arian ay 1.4% po. Kapag sa loob ng siyudad ay may mga ari-arian na nakapangalan sa iisang tao tulad ng lupa, bahay o gusali at mga ibinentang ari-arian na kapag isinuma total lahat ay hindi aabot sa ilinaang kailangang bayarang presyo ng buwis, ay hindi magiging saklaw sa buwis ng mga personal na ari-arian. (Bahagi na Hindi Saklaw) lupa 300,000 yen, bahay o gusali 200,000 yen, mga ibinentang ari-arian 1,500,000 yen. |

【Pagsisiyasat/Pagsusuri】
Ang tagapagbayad ng buwis (kabilang na ang taong nakakatanggap mula sa tagapagbayad nang buwis) ay maaaring siyasatin ang kalagayan ng personal na ari-arian at pagkakahalaga at iba pa na idineklara bilang personal na ari-arian na nakatala sa aklat ng mga buwis.

【Pagbibisita】
Sa loob ng mula Abril 1 hanggang (katapusan ng buwan ng Mayo) ang itinakdang panahon sa unang yugto na maaaring mabisita ang aklat ng mga buwis ng mga idineklarang ari-arian na lupa, bahay o gusali.

【Abiso】
Kapag ang bahay o gusali ay giniba o inalis, pakipagbigay-alam lamang po sa Zeimuka (Dibisyon/Departamento sa Pagbabayad ng Buwis)

## Kei Jidosha Zei ( Buwis ng mga Magagaan/Maliliit na Sasakyan)

➡税務課 **Zeimuka (Dibisyon/Departamento sa Pagbabayad ng Buwis) ☏82-2003**

| Uri/Klase | | | | Babayarang Halaga |
|---|---|---|---|---|
| Bisekletang de-Makina | Kumukunsumo ng mababa sa 50cc (hindi kasama ang mini-car) | | | 1,000 |
| | Kumukunsumo ng mahigit 50cc subalit mababa sa 90 cc | | | 1,200 |
| | Kumukunsumo ng mahigit 90cc subalit mababa sa 125cc | | | 1,600 |
| | Mini-car | | | 2,500 |
| Mga Natatangi/Naiibang Maliliit na Sasakyan | Sasakyang Para sa Pagsasaka o Pang-agrikultura | | | 1,600 |
| | At Iba Pa (Porklift at iba pa) | | | 4,700 |
| Magagaan/Maliliit na Sasakyan | Dalawahang gulong (kumukunsumo ng mahigit sa 125 cc subalit mababa sa 250 cc) | | | 2,400 |
| | Tatluhang gulong (kumukunsumo ng mababa sa 660 cc) | | | 3,100 |
| | Pang-apatang gulong (kumukunsumo ng mababa sa 660 cc) | Maaaring Sakyan na Sasakyan | Para sa Negosyo | 5,500 |
| | | | Pampribado | 7,200 |
| | | Para sa Kargamento/Bagahe | Para sa Negosyo | 3,000 |
| | | | Pampribado | 4,000 |
| At mga sasakyang may dalawahang gulong (na kumukunsumo ng mahigit sa 250 cc) | | | | 4,000 |

【Pinapatupad na Kalkulasyon】

Ang buwis para sa magagaan/maliliit na sasakyan ay walang sistema para sa buwanang pagbabayad nang buwis, kaya ipinapatupad sa mga residente mula Abril 1 hanggang kasalukuyan, na kapag may mga magagaan/maliliit na sasakyan mula Abril 2, sa taong yaon ay walang buwis ang sasakyan subalit kapag sa kaparehong araw ay itinapon o kaya ay pinaghiwa-hiwalay, ay pagbabayarin nang kabuuang buwis para sa taon na iyon.

【Abiso】

Sa may mga de-makinang bisekleta o maliit na naiiba/natatanging sasakyan na sa oras na inilipat, inalis, nagpalit nang apelyido, nagpalit nang paradahan (address), ay kailangang ipagbibigay-ulat (kasama na pati marka/sign) sa Zeimuka (Dibisyon/Departamento sa pagbabayad nang buwis) o kaya ay sa bawat sangay nito. Ang sa mga magagaan/maliliit na sasakyan (hindi kasama ang dalawahang gulong) ay sa Kei Jidosha Kensa Kyokai, ang dalawahang gulong na sasakyan at dalawahang gulong na maliliit na sasakyan ay sa Jidosha Kensa Toroku Jimusho (Unyu Shikyoku [Kawanihan ng Tranportasyon])

►Magagaan/maliliit na sasakyan: Kei Jidosha Kensa Kyokai Hyogo Jimusho ☏078-927-3648

►Dalawahang gulong(mahigit 125cc): Kobe Unyu Kanri Bu Hyogo Rikuun Bu ☏050-5540-2066

【Sertipiko/Patunay sa Pagbabayad ng Buwis】

Kapag sumailalim sa patuloy na pag-inspeksiyon, ay kinakailangan ang katibayan na nakapagbayad na nang buwis para sa magaan/maliit na sasakyan.

○Ang ipapadala sa buwan ng Mayo bilang notisya na nakapagbayad, o ang resibo sa binayarang buwis sa isang pam-pinansiyal na institusyon na may tatak bilang nagbayad ay maaaring gamitin bilang sertipiko o patunay sa pagbabayad ng buwis subalit limitado lamang sa petsa na puwedeng magamit ang resibo.

○Ang sertipiko o patunay sa pagbabayad ng buwis na gagamitin para sa pagsasailalim sa patuloy na pag-inspeksiyon ay maaaring humiling sa Zeimuka (Dibisyon/Departamento sa pagbabayad ng buwis) o sa mga sangay nito. Ang paghiling ay WALANG BAYAD.

## Kokumin Kenko Hoken Zei (Buwis ng Pambansang Segurong Pangkalusugan)

➡税務課 **Zeimuka (Dibisyon/Departamento sa Pagbabayad ng Buwis) ☎82-2003**

Ang buwis para sa Pambansang Segurong Pangkalusugan ay buwis na ipinapataw para ang Pambansang Segurong Pangkalusugan ay makapagbayad ng mga bayaring medikal at iba pang gastusin.

<table>
<tr><td>Nagbabayad ng Buwis</td><td colspan="2">Ang nagbabayad ng buwis sa Buwis ng Pambansang Segurong Pangkalusugan ay ang namumuno at siyang nag-lagay sa seguro ng buong miyembro ng sambahayan. Ang bawat miyembro ng seguro ng sambahayan ay hindi kinakailangang magbayad nang buwis.</td></tr>
<tr><td>Pagtukoy sa babayarang buwis ng seguro</td><td colspan="2">Proporsyon ng Kita:<br>Depende sa kung magkano ang naging sahod noong nakaraang taon nang kung sino ang nagbabayad ng buwis.<br>Proporsyon ng Personal na Ari-arian:<br>Kung magkano ang kalahatang binayaran ng nagbabayad ng buwis sa personal na ari-arian sa buong taon( ayon sa bahagi ng binayaran sa lupa at bahay o gusali)<br>Magkakatumbas na Singil:<br>Bayarin ng bawat isang tagapagbayad ng buwis.<br>Pantay-pantay na Singil:<br>Bayarin ng bawat isang sambahayan<br>Pagsasamahin ang halaga ng bawat parte ng medikal, parte ng suporta at parte ng pag-aalaga (nursing care) at ang kabuuhan ay bubuwisan. (may limitasyon ang kredito)<br>Kapag sa kalagitnaan nang taon sumali o kaya ay umalis sa pagiging miyembro, kakalkulahin sa buwanang batayan.<br>* Para sa kumpirmasyon ng halaga ng kita, ang resibo ng binayarang buwis, at deklarasyon ng buwis sa munisipalidad ay ang magiging simpleng basehan ng buwis sa Pambansang Segurong Pangkalusugan, kaya kahit anong liit nang kita ay kinakailangang ideklara.<br>* Sa pamantayang bayarin, may sistema na puwedeng bawasan ang kailangang bayarang buwis sa Pambansang Segurong Pangkalusugan ng sambahayan na may mga malilit na kita subalit kung sa loob nang sambahayan ay may kahit isa na hindi nag-deklara(hindi kasali ang dumidepende sa tulong na galing sa buwis), kahit na sabihing walang kita ay hindi maaaring bawasan ang babayarang buwis.</td></tr>
<tr><td rowspan="5">Depende sa Edad ang Pagkakaiba ng Pagbabayad</td><td colspan="2">Depende sa edad ang kinakailangang bayarang buwis sa Pambansang Segurong Pangkalusugan.</td></tr>
<tr><td>Mababa sa edad 40</td><td>Buwis ng Pambansang Segurong Pangkalusugan = parte ng medikal + parte ng suporta<br>* hindi na kinakailangang bayaran ang sa pag-aalaga (nursing care)</td></tr>
<tr><td>Edad 40 pataas at mababa sa edad 65</td><td>Buwis ng Pambansang Segurong Pangkalusugan = parte ng medikal + parte ng suporta + parte ng pag-aalaga (nursing care)<br>*sa kaparehong sambahayan kapag may ibang nasa edad 40~ 64 na may kita, ay hindi makakaapekto sa kalkulasyon sa pag-aalaga(nursing care).</td></tr>
<tr><td>Edad 65 pataas at mababa sa edad 75</td><td>Buwis ng Pambansang Segurong Pangkalusugan = parte ng medikal + parte ng suporta<br>*Ang sa pag-aalaga(nursing care), ay magbabayad nang hiwalay bilang bayad sa seguro sa pangangalaga ng kalusugan</td></tr>
<tr><td>Edad 75 pataas</td><td>Aalisin na sa Pambansang Segurong Pangkalusugan subalit isasali sa Koki Koreisha Iryo Seido (Sistema sa Pag-aalaga sa Kalusugan ng mga Matatanda)</td></tr>
<tr><td>Paraan ng Pagbabayad ng Buwis ng Seguro</td><td colspan="2">Ordinaryong koleksyon ng Buwis ng Pambansang Segurong Pangkalusugan (kasama na ang pagbabayad sa pamamagitan ng bank transfer) na ang panahon ng bayaran ay mula Hunyo hanggang Marso ng susunod na taon na bale 10 beses. Pero, mula noong Abril ng taong 2008 ang natatanging pagkolekta ng buwis ng Pambansang Segurong Pangkalusugan (ang pagbabayad mula sa pensiyon) ay nagsimula, kung ang mga sumusunod na kondisyon ay napunuan, bilang alituntunin ang bayad ay magmumula sa pensiyon ng sambahayan.<br>【Natatanging Pagkolekta ng Buwis ng Pambansang Segurong Pangkalusugan】<br>(1) Kapag ang natatanggap na pensiyon ng isang matanda ay nasa 180,000 yen pataas<br>(2) Ang bayad sa seguro ng pag-aalaga (nursing care) ay nakahiwalay.<br>(3) Ang kalahatang bayarin sa seguro ng pag-aalaga (nursing care) at bayarin sa buwis ng Pambansang Segurong Pangkalusugan ay nasa kalahati ng pensiyon ng isang matanda.<br>(4) Ang lahat na miyembro ng buong sambahayan na nakapasok sa Pambansang Segurong Pangkalusugan (kasama na ang tagapagbayad/namumuno) ay nasa edad</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | na mataas sa 65 subalit mababa sa edad na 75.<br>*** Kung titigil sa pagbabayad mula sa pensiyon, kinakailangan ang aplikasyon para sa pagbabayad sa pamamagitan ng bank transfer.** |

## Shizei no Nofu Kigen (Itinakdang Panahon na Pagbabayad ng Buwis Pang- Munisipalidad)

➡税務課 **Zeimuka (Dibisyon/Departamento sa Pagbabayad ng Buwis) ☎82-2003**

### ●Itinakdang Panahon na Pagbabayad ng Buwis Pang-lungsod (Ordinaryong Pagbabayad)

| Iba't-iba na Buwis | Abril | Mayo | Hunyo | Hulyo | Agosto | Setyembre | Oktubre | Nobyembre | Disyembre | Enero | Pebrero | Marso |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Buwis ng mga residente sa Prepektura at Lungsod | | | 1 panahon | | Pan-2 na panahon | | Pan-3 na panahon | | | Pang-4 na panahon | | |
| Buwis ng mga Personal na Ari-arian | | 1 panahon | | Pan-2 na panahon | | | | | Pan-3 na panahon | | Pang-4 na panahon | |
| Buwis ng magagaan/malilit na sasakyan | | Pangkalahatan | | | | | | | | | | |
| Buwis ng Pambansang Segurong Pangkalusugan | | | 1 panahon | Pan-2 na panahon | Pan-3 na panahon | Pang-4 na panahon | Pang-5 na panahon | Pang-6 na panahon | Pam-7 na panahon | Pang-8 na panahon | Pang-9 na panahon | Pang-10 na panahon |

* Ang itinakdang panahon ng pagbabayad ay katapusan ng bawat buwan. Subalit ang buwis sa personal na ari-arian sa pang-3 panahon ay ika-25 ng buwan ang nakatakdang araw ng bayaran. Kapag ang babayarang institusyon ay nagkataong walang pasok sa nakatakdang araw ng bayaran, bayaran sa sumunod na araw (puwera kung pista opisyal).

## Shizei no Nofu (Pagbabayad ng Buwis Pang-lungsod)

➡税務課 **Zeimuka (Dibisyon/Departamento sa Pagbabayad ng Buwis) ☎82-2003**

### ●Pagpapa-bank Transfer

Ang buwis na pang-munisipalidad ay maaaring awtomatikong ibawas mula sa bank account. Maalis ang mga nakagiit na iba pang bayarin at iba pang sinisingil. Isang beses lang na magsusumite nang aplikasyon at awtomatikong ibabawas na lang sa account ang mga bayarin sa susunod na taon. Kung maaari lamang pong gamitin ninyo ang ganitong sistema.

| Institusyon na Tumatanggap ng mga Bayarin | Paraan ng Aplikasyon |
|---|---|
| •Tamba Hikami Nogyo Kyodo Kumiai<br>•Naka Hyogo Shinyo Kinko<br>•Minato Ginko<br>•Mitsui Sumitomo Ginko<br>•Tajima Ginko<br>•Kyoto Ginko<br>•Kyoto Hokuto Shinyo Kinko<br>•Hyogo Ken Shinyo Kumiai<br>•Yucho Ginko | 1 Sa pagsusulat sa porma ng kahilingan sa pagpapa-bank transfer, ang bankbook (na may pangalan ng institusyon) at inkan (na parehas sa inkan na ginamit sa bankbook), at notisya sa pagbabayad nang buwis ay kinakailangan.<br>2 Sa porma ng kahilingan ng pagpapa-bank transfer ay nakalagay ang Shiyakusho Zeimuka (Dibisyon/ Departamento sa Pagbabayad ng Buwis sa Munisipyo), o pangalan nang sangay nito, o kaya ay pangalan ng pinansiyal na institusyon. (Kung tatawag sa telepono ay maaari naming ipadala sa pamamagitan ng koreo)<br>3 Kapag nasulatan na ang porma nang kahilingan sa pagpapa-bank transfer ay paki-dala lamang sa nakasaad na pinansiyal na institusyon, o kaya ay sa Shiyakusho Zeimuka, o sa sangay nito. |

### ●Pagbabayad sa Convenience Store

Puwera ng pagbabayad sa Munisipyo o sa mga pam-pinansiyal na institusyon ay maaari ring magbayad sa lahat nang convenience store sa buong bansa.

| Nasasaklaw: Buwis na kailangang bayaran sa Lungsod at Prepektura (Ordinaryong Koleksyon), buwis ng personal na mga ari-arian, buwis ng mga magagaan/maliliit na sasakyan, buwis para sa Pambansang Segurong Pangkalusugan, bayarin sa tubig |
|---|
| Mga tindahan na tatanggap ng mga bayarin |
| •Seven Eleven •Lawson •Family Mart •Daily Yamazaki •Yamazaki Daily Store•Circle K •Sankus •Mini Stop •am/pm •Coco Store • 3 F(three efu) •Community •Store •Popura •Seikatsu Saiya •Everyone •RIC Mart •Seiko Mart •Save On •Heart In •kioX Setchi Ten •MMK Setchi Ten (para lang sa bayarin sa tubig) |

* Walang komisyon

* Mga hindi maaaring bayaran sa convenience store

•Kapag ang kailangang bayaran ay nagkakahalaga ng mahigit 300,000 yen, walang bar code at mga nakalampas na sa taning na araw na kailangang bayaran.

•Kapag may correction ang halaga nang bayarin

* Ukol sa bayarin sa seguro ng pag-aalaga (nursing care), mula taong 2012 ay nagbabalak na isakatuparan.

## Mga Bayarin ng Katunayan/Sertipiko at iba pa ng Buwis Pang-lungsod

➡税務課 **Zeimuka (Dibisyon/Departamento sa Pagbabayad ng Buwis) ☎82-2003**

<table>
<tr><th>Uri/Klase</th><th>Bayarin</th><th>Sanggunian</th></tr>
<tr><td>Jutaku Yo Kaoku Shomeisho (Sertipiko/katunayan para sa tirahang bahay/gusali)</td><td>Ang isang kopya ay 1,300 yen</td><td></td></tr>
<tr><td>Nozei Shomeisho<br>(Katunayan na nagbayad ng buwis)</td><td>Ang isang kopya ay 200 yen</td><td>Maliban sa katunayan na nagbayad ng buwis para sa sasakyan na gagamitin sa pagpapa-eksamin ng sasakyan.</td></tr>
<tr><td>Shi Kenmin Zei Kazei Shomeisho<br>(Katunayan na nagbabayad ng buwis bilang residente ng Lungsod o Prepektura) at iba pa</td><td>Ang isang kopya ay 200 yen</td><td></td></tr>
<tr><td>Kotei Shisan Hyoka Shomeisho / Koka Shomeisho<br>(Katunayan ng kinalabsan na halaga ng personal na mga ari-arian / Katunayan ng mga dapat bayarang pampubliko) at iba pa</td><td>Ang isang kopya ay 200 yen</td><td></td></tr>
<tr><td>Shizei Shiryo ni Motozuku Shomei<br>(Katunayan ng mga iba’t-ibang dokumento ng buwis pang-lungsod)</td><td>Ang isang kopya ay 200 yen</td><td></td></tr>
<tr><td>Kei Jidosha Keizoku Kensa Yo Nozei Shomeisho<br>(Katunayan na nagbayad ng buwis para sa sasakyan na gagamitin sa pagpapa-eksamin ng sasakyan)</td><td>Walang Bayad</td><td></td></tr>
<tr><td colspan="3">【Para sa Pakikipag-ugnayan】<br>Zeimuka at sa mga sangay na nag-iisyu ng mga ito.<br>【Aplikasyon】<br>Sa pag-apply, magdala ng mapagkikilanlang pansarili (o mapagkikilanlan ng representante)tulad ng lisensiya sa pagmaneho ng sasakyan at iba pa.Kapag ang representate ay kasamahan sa bahay/gusali at hindi kapamilya ay kinakailangan ang kasulatan na galing sa abogado/korte (kasulatan na nagpapatunay bilang siyang napiling representante)</td></tr>
<tr><td>Koboto No Etsuran (Pampublikong aklat na maaaring makapagsiyasat)</td><td>Ang isang beses ay 200 yen</td><td></td></tr>
<tr><td>Chiban Zu To No Utsushi (Kopya ng mapa nang numero ng mga lupa/lupain)</td><td>Ang isang kopya ay 10 yen</td><td></td></tr>
</table>

# Kalusugan / Pambansang Seguro / Pensiyon

## Kalusugan

➡健康課 **Kenko Ka (Dibisyon/Departamento ng Kalusugan)** ☎82-4567

### § Konsultasyon para sa Kalusugan / Lugar Aralan para sa Kalusugan

| Pangalan ng Proyekto | Mga Taong Saklaw | Araw na Gaganapin | Lugar | Iba't-ibang Nilalaman |
|---|---|---|---|---|
| Kenko Kyoshitsu (Lugar Aralan Para Sa Kalusugan) | Purok/lokalidad, Pook ng pinagtatrabahuhan, Iba't-ibang organisasyon | | Sentro ng komunidad ng bawat purok (Kominkan) at iba pa | Promosyon para sa kalusugan, Masusustansiyang pagkain, Kalusugang Pangkaisipan, Pag-aaral sa kalusugan tungkol sa sigarilyo at iba pa |
| Kenko Sodan (Konsultasyon para sa Kalusugan) | Pagbubuntis, panganganak, pag-aalaga, mula sa sumususong bata hanggang sa matatanda | Isang beses isang buwan sa bawat purok | Hikami Hoken Center, at sa bawat sangay nito at iba pa. | Pag-iwas sa sakit kaugnay sa pang-araw-araw na pamumuhay at paninigarilyo, at iba pang bagay tungkol sa kalusugan |

○Magkakaroon ng konsultasyon at lugar aralan ukol sa kalusugan. At paminsan-minsan ay tatanggap ng konsultasyon ukol sa kalusugan ng mula sa mga sumususong bata hanggang sa matatanda sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono. Paki-tingnan po lamang ang mga inilalathala ng lungsod ukol sa mga detalye. At kung maaari lamang po na komunsulta rin sa mga idinadaos sa bawat purok na lugar aralan para sa kalusugan.

### § Eksaminasyon sa Kalusugan

**■Uri ng Eksaminasyon sa Kalusugan / Mga Nilalaman**

| Pangalan ng Proyekto | | Mga Taong Saklaw | Buwan na Gaganapin | Lugar | Iba't-ibang Nilalaman |
|---|---|---|---|---|---|
| Eksaminasyon ng masa/ karamihan | Tokutei Kenko Shinsa (Mga Partikular na Eksaminasyong Pangkalusugan), Koki Koreisha Kenshin (Eksaminasyong Medikal para sa Matatanda) | Edad 20~74 na mga kasapi sa Pambansang Seguro at edad 75 pataas na mga hindi patuloy na nagpapagamot sa kasalukuyan. | Buwan ng Mayo ~ Hunyo | * Hikami Hoken Center at iba pa<br>* Jumin Center (Center/ Sentro ng mga residente) at iba pa | Taas, Bigat, Sukat ng palibot ng tiyan, Presyon ng dugo, Eksaminasyon ng ihi, Eksaminasyon ng dugo at iba pa<br>* Sa partikular na eksaminasyon ay may ECG o electrocardiogram at pagsusuri ng mata kung kinakailangan (subalit ito ay may bayad sa mga gusto nitong magpa-eksamin) |
| | Pagsusuri ukol sa kanser sa sikmura | Edad 35 ~ 74 pababa | | | Gagamit ng Balium (Ba) sa pag-eksamin at kukunan ng X-ray ng sikmura |
| | Pagsusuri ukol sa kanser sa baga | Edad 20 pataas | | | Kukunan ng X-ray |
| | Pagsusuri ukol sa kanser sa malaking bituka | Edad 20 pataas | | | Bilang alituntunin, susuriin ang resulta nang kasamang dugo sa itinae ng 2 araw |
| | Pagsusuri ukol sa kanser sa prostate gland | Edad 50~69 pababa na mga kalalakihan | | | Susuriin ang dugo (PSA) |
| | Pagsusuri ukol sa mikrobyo ng pulmonya | Edad 40, 41~75 na mga taong hindi pa nakakapagpasuri noong mga nakaraan. | | | Pagsusuri sa dugo (Susuriin kung may mikrobyo ng Type B o Type C ng pulmonya) |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Eksaminasyon na Gaganapin sa Pasilidad ng Institusyon | Pagsusuri ukol sa kanser sa suso | Edad 41 pataas na mga kababaehan na sa katapusan ng taon ay odd na mga edad. | Mula buwan ng Hulyo ~ buwan ng Pebrero ng susunod na taon | Kaibara Byoin Kaibara Sekijuji Byoin | Titingnan, gagamit ng X-ray sa pagsusuri ng dibdib (mamograpiyang eksaminasyon) |
| | Pagsusuri ukol sa kanser sa matris | Edad 21 pataas na mga kababaihan na sa katapusan ng taon ay odd na mga edad. | | Kaibara Sekijuji Byoin | Titingnan at susuriin ang loob (cytotechnology) |
| | Pagsusuri ukol sa kanser ng sikmura | Edad 75 pataas | | Kahit saang Medikal na Institusyon na nasa loob ng Lungsod | Gagamit ng Balium (Ba) sa pag-eksamin at kukunan ng X-ray ng sikmura. |

* Para sa eksaminasyon nang masa/karamihan, paki-tingnan ang ipinadalang notisya sa pamamagitan ng koreo.
* Ang paraan ng pagpapaeksamin na gaganapin sa pasilidad ng institusyong medikal ay nakalagay sa ipinadalang notisya sa pamamagitan ng koreo pati na pangalan nang pasilidad kasama na ang gagamiting kupon/tiket sa pagpapatingin
* Para sa eksaminasyon nang masa at pagpapaeksamin sa pasilidad ng institusyong medikal ay kinakailangang mag-apply, para sa detalye ay pakitingnan ang [Anunsyo ng Lungsod ng Tamba ukol sa Eksaminasyong Pangkalusugan].

## Pambansang Segurong Pangkalusugan

**➡国保・医療課 Kokuho/Iryo-ka**
**(Dibisyon/Departamentong ng Pambansang Seguro/Pang-medikal) ☎82-6690**

### ■Pagsapi sa Seguro (Insurance)

Ang mga kasapi sa Pambansang Segurong Pangkalusugan {Kokumin Kenko Hoken} (Kokuho o Pambansang Seguro) ay maaaring makatanggap nang iba't-ibang benepisyo tulad nang pagbabayad ng bayarin sa pagpapagamot kapag nagkaroon ng sakit o kaya ay nagkasugat man at iba pa. Apuwera ng mga taong kasapi sa Segurong Pangkalusugan ng pinagtatrabahuhan, mga matatandang kasapi sa Sistema ng Pag-aalaga para sa Matatanda (Koki Koreisha Iryo Seido) at nang mga taong nasa loob ng Sistemang Tulong sa Pamumuhay (Seikatsu Hogo) ay kinakailangang sumapi sa Pambansang Segurong Pangkalusugan.

### ●Pangunahing Abiso

Ipagbigay-alam nang hindi aabot sa 14 araw kung sasapi o kaya ay titiwalag sa Pambansang Segurong Pangkalusugan.

| Sa mga Ganitong Pagkakataon | | Mga Kinakailangan sa Pagbibigay-Abiso/Alam |
|---|---|---|
| Kapag sasapi sa Pambansang Segurong Pangkalusugan (Kokumin Kenko Hoken) | Kapag titira mula sa labas ng Lungsod | Inkan (unahin na munang ayusin ang mga papeles sa paglilipat) |
| | Kapag nanganak | Inkan, at katunayan/katibayan na nanganak |
| | Kapag tumigil sa segurong pangkalusugan ng pinagtatrabahuhan,<br>Kapag hindi nakasali bilang dependent sa segurong pangkalusugan ng pinagtatrabahuhan | Inkan, katibayan ng pagkawala ng karapatan sa segurong pangkalusugan,<br>Katibayan na magpapatunay na hindi nakasali sa pagiging dependent |
| | Kapag hindi na tumatanggap ng tulong mula sa Sistemang Tulong sa Pamumuhay (Seikatsu Hogo) | Inkan, Abiso na titiwalag na sa pagtanggap ng tulong |
| Kapag titiwalag bilang kasapi ng Pambansang Segurong Pangkalusugan | Kapag titira sa labas ng Lungsod | Inkan, Hokensho (Kard ng Segurong Pangkalusugan) |
| | Kapag sumapi sa segurong pangkalusugan ng pinagtatrabahuhan.<br>Naging dependent sa segurong pangkalusugan ng pinagtatrabahuhan | Inkan, at dalhin parehas ang hokensho ng Pambansang Segurong Pangkalusugan at Segurong Pangkalusugan ng pinagtatrabahuhan (kinakailangan sa huli para sa pagpapalit ang katunayan nang kita/suweldo) |
| | Kapag nagsimulang tumanggap ng tulong mula sa Sistemang Tulong sa Pamumuhay (Seikatsu Hogo) | Inkan, Hokensho, abiso na nagpapatunay na nagsimulang tumanggap ng tulong. |
| | Kapag namatay ang taong kasapi ng Pambansang Seguro. | Inkan, Hokensho at katibayan na namatay. |
| At Iba pa | Kapag Saklaw ng Sistema Medikal sa Pagreretiro/ Pagtigil sa Pagtatrabaho {Taishokusha Iryo Seido} (Kapag nakadepende sa segurong pangkalusugan sa pensiyon ng pagiging empleyado at iba pa) | Inkan, Hokensho, Katibayan ng Pensiyon |
| | Kapag hindi na saklaw ng Sistema Medikal sa Pagreretiro | Inkan, Hokensho |
| | Kapag nagpalit ng tirahan, apelyido, at namumuno sa sambahayan, nagkahiwa-hiwalay ang miyembro ng sambahayan, may nagdagdag sa miyembro ng sambahayan | Inkan, Hokensho |
| | Kapag nawala ang hokensho, o kaya ay sa oras na naging madumi at hindi na maaaring magamit | Inkan, hindi na magagamit na hokensho at pansariling mapagkikilanlan (I.D.) |
| | Kapag dahil sa papasukang paaralan, ang anak ay titira sa ibang lungsod, bayan o nayon | Inkan, Hokensho, katibayan nang pagpasok sa paaralan o kaya ay I.D. bilang estudyante. |

* Ang mga edad nasa 65 pababa na nagbayad sa Kosei Nenkin (Pensiyon bilang Empleyado) at Kyosai Nenkin (Pagtulong na Pensiyon) ay makakatanggap ng pensiyon sa Rorei Nenkin (Pensiyon sa Pagtanda) at Taishoku Nenkin (Pensiyon sa Pagreretiro), ang panahon na kasapi sa seguro ay mahigit 20 taon, at ang mga nasa edad 40 pababa na kasapi sa seguro ng mahigit 10 taon, ay maaaring maging saklaw ang pang-medikal ng Taishokusha Iryo Seido (Sistemang Medikal para sa mga Nagretiro). Kapag natanggap po ang ipinadalang Nenkin Shosho (Sertipiko/katunayan ng Pensiyon) ay i-proseso agad.

■Benepisyo ng Seguro

| Paksang Bagay | Nilalaman |
| --- | --- |
| Benepisyong Pang-medikal | Sa pagpapapagamot at pagpapatingin sa hospital, kapag ipinakita ang hokensho o ang korei jukyusha sho (kard para sa matatanda), sa pangkalahatang medikal na bayarin, ay nakalarawan ang porsiyento na kailangang balikating bayaran ng kasapi ng seguro at ang babayaran ng Pambansang Seguro ay ang natira sa kailangang bayaran ng kasapi ng seguro. |
| Bayarin ng Benepisyong Pang-medikal | Ang mga sumusunod ay kinakailangang magbayad nang buong bayarin ang isang tao, subalit babayaran/ibabalik din kapag nagproseso ng aplikasyon para sa pagbabalik ng proporsyon ng binayaran na nakasaad sa aplikasyon ng aplikante.<br>●Nagpagamot na hindi dala ang hokensho subalit walang nakakahimok na dahilan.<br>●Nabalian ng buto, napilipit at iba pa subalit nagpagamot sa medikal na pasilidad na hindi sakop nang Pambansang Seguro.<br>●Kapag inaprubahan ng doktor na amma (klase ng masahe), hari (pagtutusok ng karayom), kyu (moxa cautery o pinapaso ng paglalagay ng halaman), bayad sa masahe<br>●Mga hindi sakop ng benepisyong medikal ay ang bayarin sa sariwang dugo para sa pagsasalin ng dugo, gibbs, corset (sinimento o nilagyan ng bakal) at iba na mga agpang na kagamitan, at iba pa<br>●Kapag nagpagamot sa ibang bansa |
| Kapag Natukoy ng Ambasador ng Kalusugan, Trabaho at Kapakanan na Naiibang Sakit | Ang mga taong may sakit na gaya ng natukoy ng Ministri ng Kalusugan, Trabaho at Kapakanan na naiibang sakit tulad ng (kapag nangangailangan ng dayalisis ang isang talamak na gawa ng tao, hemopilya, nakakahawang sakit na HIV), na kinakailangan ang malaking halaga para sa patuloy na pagpapagamot nang mahabang panahon, ay ipakita sa hospital ang hokensho(kard ng segurong pangkalusugan) kasama ang {Tokutei Shippei Ryoyo Juryo Sho - katibayan na may naiibang sakit} at ang kinakailangang babayaran ng pasyente buwan-buwan ay hanggang 10,000 yen (Subalit, ang mga taong nasa edad 70 pababa na malalaki ang kita ay hanggang 20,000 yen ang babayaran).<br>* Ang bayarin sa pagkain, gastusing medikal sa pang-araw-araw na pamumuhay ay hindi kasali. |
| Probisyon/Pagbabayad sa Mataas na Bayaring Medikal | Kapag kaparehas na persona sa kaparehas na buwan ay nakapagbayad sa medikal na pasilidad ng mataas na bayaring medikal, at lumampas sa itinalagang dapat bayarang pansarili, ay magsumite ng aplikasyon (i-proseso)at babayaran o ibabalik kung magkano ang lumampas sa dapat na bayarang pansarili bilang Mataas na Bayaring Medikal (Kogaku Ryoyo Hi). |
| Kinakailangang Tandaan sa Pagkalkula ng mga Mataas na Bayaring Medikal | ●Bawat buwan mula 1 araw hanggang katapusan (magkakasunod na buwan sa kalendaryo) ang kalkulasyon ukol sa pagpapatingin sa doktor.<br>●Kahit parehong medikal na pasilidad, ang [ika (sa mediko)] at [shika (sa dentista)] ay magkahiwalay ang kalkulasyon.<br>●Kahit parehong medikal na pasilidad, ang [gairai (pagpapa-eksamin sa klinika/hospital)] at [nyuin(ma-ospital)] ay magkahiwalay ang kalkulasyon.<br>●Ang mga inireseta sa dating hospital na pinupuntahan, at sa pasilidad kung saan huling nagpatingin ay idadagdag sa pagkalkula.<br>●Ang mga taong nasa edad mahigit 70, ay hindi paghihiwalay-hiwalayin ang pagkalkula nang sa hospital, medikal na pasilidad, sa mediko, sa dentista dahil kung magkano ang kabuuhang binayaran ay saklaw nang mga babayaran (ibabalik lahat nang nagastos).<br>●Kapag na-ospital, ang bayarin sa pagkain at mga hindi na saklaw ng benepisyong medikal tulad ng bayarin sa higaan at iba pa ay hindi kasali. |

| Paksang Bagay | Nilalaman |
|---|---|
| Mataas na Bayaring Medikal na Mga Itinalagang Halaga na Kinakailangang Bayarang Pansarili | |

**▼Sa mga taong nasa edad na mababa sa 70**

| | Mga Itinalagang Halaga na Kinakailangang Bayarang Pansarili | |
|---|---|---|
| | Hanggang 3 beses na bayaran | 4 na beses pababa [*2] |
| Para sa Pangkalahatang Nakaseguro | 80,100 yen (Kapag ang medikal na bayarin ay lumampas sa 267,000 yen, ang 1 porsiyento sa lumampas na parte ay idadagdag) | 44,400 yen |
| Jo-i Shotokusya (Mga may matataas na kita)[1] | 150,000 yen (Kapag ang medikal na bayarin ay lumampas sa 500,000 yen, ang 1 porsiyento sa lumampas na parte ay idadagdag) | 83,400 yen |
| May mabababang kita (Juminzei Hikazei Setai [sambahayan na nagdeklara na hindi saklaw sa pagbabayad ng buwis] ) | 35,400 yen | 24,600 yen |

*1 Ang [Jo-i Shotokusya - may matataas na kita] ay kinalkula sa buwis ng Segurong Pangkalusugan na mataas sa batayan at nang sumahin ay sambahayan na kumikita nang 6,000,000 yen. Ang mga hindi nagsumite nang kanilang abiso ng kita ay awtomatikong nagiging Jo-i Shotoku, kaya huwag kalilimutang magsumite ng abiso ng kita.
*2 Sa loob nang nakaraang 12 na buwan, ang isang miyembro ng sambahayan ay nagbayad nang mataas na halaga ng bayaring medikal nang mahigit 4 na beses ay sa 4 na beses pababa na itinakdang kabuuan.
* Kapag sa oras na maoospital ay ipakita sa ospital ang [Gendo Gaku Tekiyo Nintei Sho (Nagpapatunay ng aplikasyon sa kabuuhan ng limitadong kaya ng pera)] [Gendo Gaku Tekiyo (Patunay ng limitadong kaya ng pera), Hyojun Futan Gaku Gen-gaku Nintei Sho (Patunay nang itinakdang kinakailangang bayarang pansarili)], ang lalampas na parte ng bayarin sa itinakdang kailangang bayarang pansarili ay aalisin o mawawala. Subalit kung may isa sa sambahayan na hindi nakapagbigay abiso ng kita sa buwis ng Pambansang Segurong Pangkalusugan, ay magiging diskuwalipikado.

**▼Mga taong ang edad ay mataas sa 70 at mababa sa 75**

| | | Mga Itinakdang Halaga na Kinakailangang Bayarang Pansarili | |
|---|---|---|---|
| | | Pagpapa-eksamin sa ospital (Yunit ng Indibidwal) | Pagpapa-eksamin sa ospital+maoospital (Yunit ng Sambahayan) |
| Para sa Pangkalahatang Nakaseguro | | 12,000 yen | 44,400 yen |
| Aktibong Kumikita [*1] | | 44,400 yen | 80,100 yen (Kapag ang medikal na bayarin ay lumampas sa 267,000 yen ay idadagdag ang 1% ng parte nang lumampas na bayarin) Pang 4 na beses pababa 44,400 yen [*4] |
| Juminzei Hikazei Setai (Sambahayan na nagdeklara na hindi saklaw sa pagbabayad ng buwis) | May Mabababang Kita II [*2] | 8,000 yen | 24,600 yen |
| | May Mabababang Kita I [*3] | 8,000 yen | 15,000 yen |

*1 Ang hindi saklaw sa pagbabayad ng buwis ay taong may kita sa isang taon nang mahigit 1,450,000 yen kasama na ang mga kasambahay.
(Subalit, kung ang kita nang mag-asawa bale 2 sa sambahayan ay nasa mababa sa 5,200,000 yen, at ang isang miyembro ng sambahayan ay kumikita ng 3,830,000 yen, ang aplikasyon sa pag-uuri ay sa [Ippan (pangkalahatan)].
*2 Kinakailangang ang lahat ng miyembro ng sambahayan kasama na ang namumuno ay mga nagsipagdeklara nang pagiging hindi saklaw pagbabayad ng buwis.
*3 Ang lahat na miyembro ng sambahayan kasama na ang namumuno ay mga nagsipagdeklara nang pagiging hindi saklaw sa pagbabayad ng buwis, at sa kita nang bawat

<table>
<tr><td></td><td>isa ng sambahayan ay aalisin ang mga importanteng nagastos (ang pensiyon na kita na kasamang aalisin sa pagkalkula ay 800,000 yen) at kapag nabawas na lahat ang magiging resulta ay 0 yen.<br>*4 Sa loob nang nakaraang 12 buwan, may isa sa sambahayan na nakapagbayad nang mahigit 4 na beses ay sa may limitasyon na kabuuan na 4 na beses pababa.</td></tr>
<tr><td>Mataas na Halaga nang Bayarin sa Pagpapa-alaga</td><td>Kapag merong kasambahay ang tagapagbayad ng seguro sa pagpapa-alaga na (nakumpirma na makakatanggap nang pag-aalaga, tumatanggap ng serbisyo sa pag-aalaga), sa loob ng 1 taon (taun-taon mula a-1 ng Agosto ~ katapusan ng Hulyo ng susunod na taon) at tumaas ang mga bayarin sa itinakdang kinakailangang bayarang pansarili sa Pambansang Segurong Pangkalusugan at Seguro sa Pagpapaalaga, upang mabawasan ang pasaning bayarin, ang sumobra sa kinakailangang bayarang pansarili ay kapwa babayaran (kapwa ibabalik) ng Pambansang Segurong Pangkalusugan, Seguro sa Pagpapaalaga.</td></tr>
<tr><td>Pagkain at mga medikal na gamot sa oras na naospital</td><td>▼Ukol sa Pagkain sa Oras na Naospital Babayaran ang isang Parte
<table>
<tr><td colspan="3">Pangkalahatan (Puwera sa mga Taong Nakasulat sa Baba)</td><td>1 beses na pagkain 260 yen</td></tr>
<tr><td rowspan="3">Juminzei Hikazei Setai (Mga nagdeklara na hindi saklaw ng Pagbabayad ng buwis)</td><td rowspan="2">May Mabababang Kita II</td><td>Noong nakaraang 12 buwan ay naospital ng walang 90 araw</td><td>1 beses na pagkain 210 yen</td></tr>
<tr><td>Noong nakaraang 12 buwan ay naospital nang mahigit sa 90 araw</td><td>1 beses na pagkain 160 yen</td></tr>
<tr><td colspan="2">May Mababang Kita I</td><td>1 beses na pagkain 100 yen</td></tr>
</table>
* Ang mga tao sa sambahayan na nasa Juminzei Hikazei Setai ay kinakailangang mag-proseso nang [Gendo Gaku Tekiyo (Patunay nang limitadong kaya ng pera), Hyojun Futan Gaku Gen-gaku Nintei Sho (Nagpapatunay ng aplikasyon sa kabuuhan nang limitadong kaya ng pera)].<br>(Tandaan) Ang bayarin sa pagkain na nasa standard na kailangan bayarang pansarili, ay hindi papasok sa kinakailangang bayarang pansarili kapag kinalkula sa Kogaku Ryoyo Hi (Mataas na mga bayaring medikal).</td></tr>
<tr><td>Benepisyo para sa Panganganak at Pag-aalaga ng Bata</td><td>Kapag nagkaanak ang nakaseguro sa buwis ng Pambansang Seguro, bilang alituntunin ay direktang babayaran ng Pambansang Seguro ang medikal na pasilidad (hospital). (Kapag umabot sa 85 na araw ang pagbubuntis, subalit namatay sa panganganak o kaya ay nalaglag ay babayaran din).<br>Subalit mula sa ibang Segurong Pangkalusugan ay hindi kasali ang sa benepisyo nang panganganak at pag-aalaga ng bata.</td></tr>
<tr><td>Benepisyo sa Libing</td><td>Kapag namatay ang nakaseguro sa Pambansang Seguro, babayaran kung sino ang magpapalibing.</td></tr>
<tr><td>Tulong Pananalapi (Subsidized) sa Screening ng Pangkalusugan</td><td>Sinasaklaw ang mga taong nasa edad 20 pataas na mga nakaseguro sa Pambansang Seguro, babayaran ang isang parte (10,000 yen) na bayarin sa pagpapa-eksamin sa [Screening ng Pangkalusugan].<br>(Subalit ito ay para sa mga taong hindi nagpa-screen mula sa mga idinadaos ng Pambansang Seguro).</td></tr>
<tr><td>At Iba Pa</td><td>Kahit kapag naaksidente at nasugatan ng nakaaksidente (third party), mula sa Pambansang Seguro ay maaaring tumanggap para sa pagpapagamot.<br>(Subalit nasa alituntunin na ang nakaaksidente [third party] ang kinakailangang magbayad ng mga bayaring medikal).<br>Ipagbigay-abiso kung gagamitin ang hokensho (kard ng segurong pangkalusugan).<br>[Mga kakailanganin sa pagbibigay-abiso: hokensho, inkan, katunayan na naaksidente, notipikasyon nang sugat mula sa nakaaksidente (third party), jiko hassei jokyo hokoku sho (ulat sa katayuan ng aksidente), nensho (memorandum), seiyakusho (panunumpa)]</td></tr>
</table>

## Kokumin Nenkin (Pambansang Pensiyon)

**➡国保・医療課 Kokuho/Iryo-ka**
**(Dibisyon/Departamentong ng Pambansang Seguro/Pang-medikal) ☎82-6690**

### § (1) Kapag Sasapi sa Pambansang Pensiyon

Maaaring sumapi ang lahat ng mga residente na may tirahan sa loob ng bansa na nasa edad 20 pataas at wala pa sa edad 60.

**■Mga Uri/Klase ng Pambansang Pensiyon**

* Ang Isineguro na nasa Dai Ni Go (Pangalawang Bilang), Dai San Go (Pangatlong Bilang), ay ang pinagtatrabahuhan ang magpo-proseso.

| Uri/Klase | Mga Taong Saklaw |
|---|---|
| Tao na nasa Unang Bilang ng Seguro | Mga taong may sariling negosyo, May sakahan o taniman at Palaisdaan, Estudyante na mga nasa edad 20 pataas at wala pa sa edad 60. |
| Tao na nasa Pangalawang Bilang ng Seguro | Mga taong kasapi ng seguro sa Kosei Nenkin (Pampublikong Pensiyon) at Kyosai Kumiai (Tulong Pangsuporta). |
| Tao na nasa Pangatlong Bilang ng Seguro | Asawa ng isang empleyado, na ang asawa ay suportado ng isang kasapi sa Kosei Nenkin at Kyosai Kumiai na nasa edad 20 pataas at wala pa sa edad 60. |

**■Kinakailangan ang i-Proseso sa Munisipyo sa mga Ganitong Pagkakataon:**

| | |
|---|---|
| Tao na nasa Unang Bilang ng Seguro | ●Kapag nagpalit o nagbago nang tirahan at pangalan. |
| Tao na nasa Pangalawang Bilang ng Seguro | ●Kapag nagretiro. |
| Tao na nasa Pangatlong Bilang ng Seguro | ●Kapag nagretiro ang pinuno ng pamilya.<br>●Kapag naghiwalay.<br>●Kapag hindi na naging dependiyente sa asawa<br>●Kapag namatay ang asawa |
| Para sa mga hindi naka-seguro(uninsured) | ●Kapag naging 20 na ang edad nang walang trabaho.<br>●Kapag tumira sa bansa(Japan) mula sa ibang bansa. |

### § (2) Bayarin sa Seguro

**[Kung sa mga Taong nasa Pang Unang Bilang ng Seguro]**

Ang ipinadalang notisya para sa pagbabayad mula sa mekanismo ng Pambansang Pensiyon ay maaaring bayaran sa pinansiyal na institusyon(bangko), post office, convenience store. Ang pagbabayad ay maaari din na sa pamamagitan nang credit card o pag-awas sa sariling account sa bangko subalit kinakailangan ang proseso sa una.

Kapag nagpaunang bayad, ay siguradong hindi makakalimutan at magkakaroon ng diskuwento ang babayarang bayarin ng seguro kaya medyo makakatipid po.

* Ang bayarin sa seguro ay babayaran nang bale 40 taon mula sa edad na 20 hanggang edad 60.

Kapag may nakalimutan na bayaran sa mga bayarin ng seguro, ay liliit sa hinaharap ang matatanggap na Rorei Kiso Nenkin (Pensiyon sa Matanda) at iba pa, kaya sa Shogai Kiso Nenkin (Pensiyon Para sa mga may Kapansanan) kapag nagkakasakit o nagkasugat/naaksidente at may natirang balakid, at may pagkakataon na hindi makakatanggap ng Izoku Kiso Nenkin (Pensiyon Para sa mga Namatayan) kapag namatay ang tagapagtrabaho sa loob ng pamilya.

### § (3) Pagbabayad ng Pambansang Pensiyon

| Uri/Klase ng Pensiyon | Kapag Tatanggap ng Pensiyon |
|---|---|
| Rorei Kiso Nenkin<br>(Pensiyon sa Matanda) | Nakapagbayad sa itinakdang panahon ng seguro, mga taong ang panahon na hindi kinakailangang magbayad ng seguro (exempted) at panahon na saklaw kapag pinagsama ay nasa mahigit 25 taon at nasa edad 65. |
| Shogai Kiso Nenkin<br>(Pensiyon para sa mga may Kapansanan) | Mga kasapi ng seguro na nakapagbayad na nang mahigit 2/3 na nasa panahon ng pagbabayad at nagkasakit o kaya ay naaksidente at may natirang balakid. Mga taong bago mag-edad 20 ay unang nakapagpa-eksamin at nagkasakit o naaksidente. Bilang natatangi, mula noong unang nagpa-eksamin kasama ang dalawang buwan bago ang buwan (dalawang buwan na pagitan) ay makatatanggap sa loob nang isang taon kapag walang naging problema sa bayarin nang seguro. |

| | |
|---|---|
| Izoku Kiso Nenkin<br>(Pensiyon Para sa mga Namatayan) | Kapag namatay ang kasapi sa Pambansang Seguro at may anak na wala pang edad 18, ibibigay ang benepisyo sa asawa o kaya ay sa anak(Magbibigay lang kapag ang taong namatay ay nakapagbayad nang mahigit 2/3 ng Pambansang Seguro). Bilang natatangi, mula noong araw na namatay kasama ang dalawang buwan bago ang buwan (dalawang buwan na pagitan) ay makatatanggap sa loob nang isang taon kapag walang naging problema sa bayarin ng seguro. |
| Kafu Nenkin<br>(Pensiyon ng Balo) | Kapag ang asawa na nasa Unang Bilang ng Pambansang Seguro ay nakapagbayad sa panahon ng mga bayarin sa loob nang mahigit 25 taon, at hindi pa nakakatanggap nang pensiyon subalit namatay, ang asawa na kasal nang mahigit 10 taon ay makakatanggap ng pensiyon sa loob nang edad 60 ~ 65. |
| Shibo Ichiji Kin<br>(Benepisyo sa Pagkamatay) | Kapag ang nasa Unang Bilang nang Pambansang Seguro ay nagbabayad ng seguro sa loob nang mahigit 3 taon subalit hindi na makakatanggap nang pensiyon dahil sa namatay. |

●Bago tatanggap nang pensiyon, ay may mga maliliit pang detalye na alituntunin sa pagtanggap. Para sa detalye ay tumawag sa Nenkin Dial ng Munisipyo ng Lungsod sa (☎0570-05-1165), o kaya ay sa Nishinomiya Nenkin Jimusho (☎0798-33-2944) para sa konsultasyon at pakikipag-ugnayan.

## § (4)Naantala at Nalibre sa Pagbabayad ng Seguro

Ang bayarin sa seguro ng mga tulad na tao na nasa sumusunod ay hindi nagiging saklaw o kaya ay naipagpapaliban.

**■Hotei Menjo (Legal na hindi saklaw)**

Sa alituntunin nang Seikatsu Hogo (Tulong sa Pamumuhay) na mga taong tumatanggap nang tulong pangkabuhayan, 1 kyu (primera klase), 2 kyu (pangalawang klase) sa Shogai Kiso Nenkin (Tulong sa mga may Kapansanan), 1 kyu (primera klase), 2 kyu (pangalawang klase) sa Shogai Kosei (Kyosai) Nenkin [Pinagsamang pensiyon ng Kosei at Kyosai para sa may mga Kapansanan].

**■Shinsei Menjo (Mga nag-proseso para hindi maging saklaw) [Hindi saklaw ang parte o ang kabuuhang halaga]**

Maliit ang kita, at walang trabaho at iba pa na dahilan, ang kabuuang kita ng sarili, asawa, namumuno nang sambahayan ay mababa sa itinakdang basehan.

Subalit, kapag kinalkula ang pensiyon, ang lahat na halaga sa panahon na hindi saklaw ay magiging 1/2 na kabayaran ng mga dapat bayaran. At ang isang proporsiyon na hindi saklaw at nabayaran ang mga natirang dapat bayaran sa panahon na dapat bayaran ay kakalkulahin ayon sa proporsiyon nang bayaran na 5/8 mula sa 1/2. Subalit ang panahon nang pagiging libre sa bayarin sa seguro, kapag wala pa sa 10 taon, ay maaaring pagbayarin pabalik (bilang sa pagkaantala)

**■Wakadoshisha Nofu Yuyo Seido (Sistema sa Pagbabayad ng mga Kabataan)**

Wala pa sa edad 30, at ang kita ng sarili at nang asawa ay mababa sa itinakdang basehan. Ang panahon ng pagtanggap nang palugit ay isasama bilang importanteng saklaw ng panahon sa Rorei o Shogai, at sa pagtanggap ng Izoku Kiso Nenkin, subalit hindi magri-reflect sa kabuuhang halaga ng Rorei Kiso Nenkin. At gayundin, tulad ng iba pang mga hindi saklaw ay parehas na maaaring iantala ang bayad.

**■Gakusei Nofu Tokubetsu Seido (Natatanging Sistema sa Pagbabayad ng mga Estudyante)**

Kapag ang kita nang isang estudyante ay mababa sa itinakdang basehan. Ang panahon na natatangi ay isasama bilang importanteng saklaw ng panahon sa Rorei o Shogai, at sa pagtanggap ng Izoku Kiso Nenkin, subalit hindi magri-reflect sa kabuuhang halaga ng Rorei Kiso Nenkin. At gayundin, tulad nang iba pang hindi saklaw ay parehas na maaaring iantala ang bayad.

## Para sa mga Short-term na Banyagang Residente na Lump-sum na Pagkuha

Sa mga hindi Hapon ang nasyunalidad, mawawala ang karapatan sa Pambansang Seguro ng isineguro. Kung lumabas ng bansang Hapon, maaaring mahabol o makuha ang lump-sum sa loob nang walang 2 taon mula nang mawala ang tirahan sa bansang Hapon. Subalit, kapag nakuha na ang lump-sum, ang standard na panahon na kinalkula sa lump-sum na panahon sa pagsapi sa pensiyon ay mawawala, sa pagsasaalang-alang para sa pagkuha ng pensiyon sa hinaharap,pag-aralan po ninyo ang ukol sa pag-claim nang lump-sum.

At saka ang bansang Hapon at ang kasunduan ng taong ang kabuuang pensiyon ay may pagtitibay sa sariling bansa na panahon sa pagsapi sa pensiyon,sa ilalim ng ilang mga kundisyon, ang kabuuhan nang panahon sa pagsapi sa pensiyon ay maaaring makuha sa sariling bansa.

Mula noong buwan ng Marso, 2012 hanggang sa kasalukuyan, Germany, Amerika, Belgium, France, Canada, Australia, Orlanda, Republika ng Tsek, Spain, Ireland, Brazil at Swiss. Ang pinakabagong katayuan sa kasunduan ay maaaring makumpirma sa homepage ng Nihon Nenkin Kiko:
http://www.nenkin.go.jp/n/www/index.html

**◆Mga Kasunduan sa Pagkuha**

(1) Hindi Hapon ang nasyunalidad

(2) Nasa unang bilang ng Seguro sa Pambansang Pensiyon na nagbayad ng mga bayarin sa seguro sa itinakdang panahon ng ilang buwan na bayarin ng seguro na 1/4, at 3/4 sa bilang ng buwan na hindi saklaw na pangkalahatang buwan, 1/2 sa buwan na hindi saklaw sa panahon na pangkalahatang buwan, at 3/4 ng bayarin sa seguro na panahon na hindi saklaw na buwan na 1/4 sa pangkalahatang buwan na pagsasama-samahin na buwan sa pagkalkula, at sa panahon na kasapi sa Kosei Nenkin sa loob nang mahigit 6 na buwan

(3) Walang tirahan sa bansang Hapon

(4) Mga taong may karapatan (kasama na ang sa Shogai Te-atte Kin[tulong sa mga may kapansanan]) sa pagkuha ng pensiyon

* Kapag nawala ang karapatan sa pagkuha ng Pambansang Pensiyon ng Isineguro, maghabol o i-claim (mula sa araw na nawalan nang tirahan sa bansang Hapon) at sa loob nang hindi aabot sa 2 taon.

# Pag-aalaga ng Bata / Edukasyon

## Pagbubuntis / Pag-aalaga ng Bata

➡健康課（けんこうか） Hoken Ka (Dibisyon/Departamento ng Pangkalusugan) ☎82-4567

### § Pagbibigay ng Aklat para sa Kalusugan ng Ina at Bata (Boshi Kenko Techo)

Ipinamimigay sa mga nagbigay-abiso na buntis na mga taong nakaparehistro bilang residente. Kapag napag-alaman na ang isang tao ay buntis, magsumite nang [Ninshin Todoke Sho (Abiso sa Pagbubuntis)] sa Hoken Ka. At magbibigay nang [Boshi Kenko Techo (Aklat Para Sa Kalusugan ng Ina at Anak)] at [Ninpu Kenko Shinsahi Josei Ken (Tiket sa pagpapa-eksamin ng kalusugan sa pagbubuntis)].
Maaari din na isang representante ang magbigay-abiso, subalit sa porma na isusumite ay kinakailangang isulat ang pangalan ng medikal na pasilidad (hospital), ilang linggo na ang ipinagbubuntis, kailan ang araw nang panganganak at iba pa, kaya kung maaari lamang po na paki-kumpirma.

### § Pagpapasuri ng Pagbubuntis

Para masiguro ang kalusugan nang isang buntis, at para payapa ang isip hanggang sa panahon nang panganganak ay nagbibigay nang pagkakataon na matiyak ang kalusugan sa pagpapasuri, at para maikalat, sa mga nagpasuri nang kalusugan ay kinukuha ang isang parte ng gastos na kinakailangan sa araw nang pagsusuri.

| | |
|---|---|
| Mga Saklaw na Tao | Sa pagpapasuri ng kalusugan sa araw nang pagpapatingin na mga taong nagsumite nang aplikasyon at mga nakatira sa loob ng Lungsod, na mga nabigyan nang Boshi Kenko Techo. |
| Saklaw ng mga Gastusin | Ayon sa dapat bayaran na bayarin sa departamento ng hospital sa pagpapaanak na kung saan nagpasuri ang isang buntis |
| Pagbabalik ng Tiket na Tulong | Kapag sa araw na pagsusuri nang kalusugan ay lumipat nang tirahan sa labas nang Lungsod, o kaya ay natapos ang panahon nang pagbubuntis, at may mga hindi nagamit na tiket |
| Paghiling sa ibinayad | Sa pagpapatingin sa mga medikal na pasilidad (hospital) na walang kasunduan sa Lungsod, bayaran nang kabuuhan ang bayarin sa pagpapasuri, at ang resibo galing sa pinagpasuriang hospital ay isama sa [Josei Kin Sekyu Sho] porma ng aplikasyon ng paghiling sa ibinayad, at ibabalik ang binayarang bayarin sa loob nang walang 1 taon mula sa araw na huling nagpasuri sa doktor. |
| Kapag lumipat nang tirahan sa loob ng Lungsod | Sa mga lilipat sa loob ng Lungsod, magkakaroon ng pagpapaliwanag ukol sa Pagpapasuri ng mga Buntis at Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Ina at Anak.Maaari lamang na pumunta sa Dibisyon ng Pangkalusugan dala ang ibinigay ng dating lugar na tinitirhan na Boshi Kenko Techo. |
| Kapag lumipat ng tirahan sa labas ng Lungsod | Kapag lumipat nang tirahan sa labas ng Lungsod, pakibalik ng mga tiket para sa pagpapasuri. At pakisumite ng panibagong aplikasyon ng kahilingan sa linipatang Lungsod, Bayan o Nayon. |

### § Pagbisita sa Lahat ng Sambahayan na Pamilyang may Sanggol [Konichiwa Akachan Homon (Pagbisita Bilang Pangungumusta sa Sanggol) ]

Bibisitahin ang sambahayan na pamilyang may sanggol mula pakapanganak hanggang sa mag-apat na buwan, itatanong kung ano ang mga gumugulo at ipinag-aalala, at magbibigay ng mga impormasyon ukol sa suporta sa pag-aalaga. Titingnan din ang kondisyon ng isip at pangangatawan ng mag-ina at kapaligiran sa pag-aalaga at magbibigay payo. Mag-aalok din ng sapat na serbisyo sa pamilyang nangangailangan ng tulong.

| | |
|---|---|
| Oras ng Pagbisita | Mula pakapanganak hanggang sa mag-apat na buwan, ang tungkol sa araw at oras ay tatawagan sa telepono. |
| Mga Nilalaman | Susuriin ang buong pangangatawan ng sanggol, konsultasyon sa pag-aalaga, konsultasyon ukol sa kalusugan ng ina pakapanganak, pagbibigay gabay ukol sa mga bakuna at pagpapasuri ng kalusugan. |

## § Aralan Ukol sa Pagkain ng Sanggol

### ■Pang 5 buwan ay gukkon / Pang 7 buwan ay mogumogu na Aralan

Ang pag-unlad/ pagdadagdag sa pagpapakain sa sanggol ay ituturo, dahil ang pagpapatuloy ng pagpapakain ng pagkain ng sanggol ay importante sa bahagi ng paglaki at bahagi ng kaisipan. Para sa panahon na gagawa ng pagkain para sa sanggol na ipapakain, magtuturo ng mga tamang paraan ng pagluluto/ paggawa ng pagkaing Hapon na pambata at magbibigay payo sa pag-aalaga.

| | |
|---|---|
| Mga Saklaw | 5 buwan na sanggol at magulang nito, 7 buwan na sanggol at magulang nito |
| Mga Nilalaman | Pagpapatuloy ng pagbibigay pang-sanggol na pagkain, demonstrasyon kung paano gumawa ng pagkain ng sanggol, paglasa ng pagkain at iba pa |
| Mga Kinakailangang Dalhin | Tuwalya, Boshi Kenko, Monshin Hyo (Porma ng panayam) |
| At Iba Pa | Kinakailangan na magpa-reserba bago ang araw na idaraos. |

## § Shishunki (Pagbibinata at Pagdadalaga)

### ■Shishunki Hoken Jigyo (Serbisyo para sa Kalusugan ng mga Nagbibinata at Nagdadalaga)

| | |
|---|---|
| Mga Saklaw | Estudyante sa Elementarya, Junior High School |
| Lugar | Paaralan ng Elementarya, Paaralan ng Junior High School |
| Mga Nilalaman | Pag-alok ng impormasyon ukol sa paninigarilyo, kasarian at iba pa |

## Pagpapasuri sa Sanggol / Mga Bakuna

➡健康課(けんこうか) Hoken Ka (Dibisyon/Departamento ng Pangkalusugan) ☎82-4567

### § Pagpapasuri ng Kalusugan ng Sanggol / Konsultasyon

#### ■Pagsusuri sa Sanggol na 4 na Buwan

| | |
|---|---|
| Mga Saklaw | Mula 3 ~ 4 na buwan na sanggol |
| Mga Nilalaman | Pagsusukat sa buong katawan, pisikal na eksaminasyon, nutrisyon at konsultasyon sa pag-aalaga, book start (pagsisimula ng aklat)<br>* Ang “book start (pagsisimula ng aklat)” ay pagpapakilala ng mga mga larawang aklat para sa pagnanais na magkaroon ang bata at magulang nang guguguling oras sa pamamagitan ng mga larawang aklat. |
| Mga Kinakailangang Dalhin | Monshin hyo, Boshi Kenko Techo, tuwalya(malaki) |
| Lugar | Hikami Hoken Center |

#### ■Konsultasyon sa mga may 10 buwan na sanggol

| | |
|---|---|
| Mga Saklaw | 10 buwan na sanggol |
| Mga Nilalaman | Pagsusukat sa buong katawan, nutrisyon, konsultasyon sa pag-aalaga, konsultasyon sa ngipin, pagkonsulta sa physiotherapist. |
| Mga Kinakailangang Dalhin | Monshin hyo, Boshi Kenko Techo, tuwalya (malaki) |
| Lugar | Hikami Hoken Center |

#### ■Pagsusuri sa Kalusugan ng Batang 1 taon at kalahating buwan (1yr. & 6mos.)

| | |
|---|---|
| Mga Saklaw | Mga batang edad 1 at kalahating buwan |
| Mga Nilalaman | Pagsusukat sa buong katawan, pisikal na eksaminasyon, pagsusuri ng dentista, sa ngipin, nutrisyon, pag-aalaga, kunsultasyong pangkaisipan, test sa ngipin kung may mga bulok. |
| Mga Kinakailangan Dalhin | Monshin hyo, Boshi Kenko Techo, ginagamit na sepilyo |
| Lugar | Hikami Hoken Center |

#### ■Pagsusuri sa Kalusugan ng Batang 3 taon

| | |
|---|---|
| Mga Saklaw | Mga batang 3 taon at kalahating buwan |
| Mga Nilalaman | Pagsusukat sa buong katawan, pisikal na eksaminasyon, pagsusuri ng dentista, pagsusuri ng ihi, pakiramdam sa pakikinig at nakikita (Audiovisual), ngipin, nutrisyon, pag-aalaga, konsultasyong pangkaisipan |
| Mga Kinakailangang Dalhin | Monshin hyo, Boshi Kenko Techo, papel ng mga katanungan ng pakiramdam sa pakikinig at nakikita, ihi |
| Lugar | Hikami Hoken Center |

#### ■Konsultasyon sa Pagpapalaki

| | |
|---|---|
| Mga Saklaw | Mga taong nagnanais |
| Mga Nilalaman | Konsultasyon sa pag-aalaga/ pagpapalaki, pagkaing pambata, konsultasyon sa pang-araw-araw na pagkain |
| Lugar | Hikami Hoken Center |

## § Mga Bakuna

Ibinibigay ang bakuna sa mga taong madaling mahawaan ng mikrobyo ng iba't-ibang nakakahawangsakit, para madaling hindi tablan ay binabakunahan. Sa pagpapabakuna, kinakailangang basahing maigi ang [Yobo Sesshu To Kodomo Kenko (Bakuna at Pangkalusugan ng Bata)], at paki-pareserba sa medikal na pasilidad (hospital/klinika) na nasa loob ng Lungsod ng Tamba para sa pagpapabakuna. Sa araw nang pagpapabakuna ay dalhin ang Boshi Kenko Techo at ang Yoshin hyo (papel para sa preliminaryong eksaminasyon).

### ■Indibidwal na Pagpapabakuna

| Pangalan ng Bakuna | Saklaw | Bagay sa Pakikipag-ugnay |
|---|---|---|
| BCG | Pakapanganak hanggang sa mag 6 na buwan | Gagabayan sa araw nang [Konnichiwa Akachan Homon (Pagbisita para sa Pagkumusta sa Kalusugan ng Sanggol)] |
| Yonshu Kon-go (DPT 1) | -3 buwan pataas na mga sanggol (una sa unang termino)<br>-Pagkatapos ng turok na pagbabakuna sa unang termino, ay tuturukan uli pagkalipas nang 1 taon (bilang karagdagan sa 1 termino) | -Gagabayan sa araw nang [Konnichiwa Akachan Homon (Pagbisita para sa Pagkumusta sa Kalusugan ng Sanggol)]<br>-Pagkatapos nang turok na 3 beses sa unang termino, gagabayan 1 buwan pagkatapos nang bakuna nang panghuli |
| Mashin (measles),<br>Fushin Kon-go (rubella) | Edad 1 ~ 2 (1 termino)<br>Edad 5 ~ 7 (pangalawang termino) | -Gagabayan sa araw nang [Konnichiwa Akachan Homon (Pagbisita para sa Pagkumusta sa Kalusugan ng Sanggol) ]<br>-Gagabayan bago ng buwan ng Abril isang taon bago pumasok sa Elementarya. |
| Nishu Kon-go (DPT II) | Edad 11 ~ edad wala pang 13 | Gagabayan mula isang buwan pagkatapos nang pang-11 na kaarawan. |
| Nihon No-en<br>(Japanese Encephalitis) | Edad 3 pataas<br>(unang beses sa unang termino)<br>Edad 4 pataas<br>(dagdag sa unang termino)<br>Edad 9~ wala pang 13<br>(pangalawang termino) | Gagabayan ang mga nagnanais magpabakuna nito. |

●Lugar ng Pagbabakuna: Medikal na pasilidad (hospital/ klinika) na nasa loob ng Lungsod.
●Para sa Araw ng Pagbabakuna: sa loob nang buong taon, at kinakailangan ang reserbasyon bako magpabakuna.
* Sa mga ipinanganak mula Abril sa taong 2011 at mga sumunod na taon, ay nagpapamahagi ng [Yobo Sesshu Yoshin Hyo Tsuzuri (Porma sa Pagpapa-eksamin at Pagpapabakuna)].
* Dahil sa pagrebisa ng batas sa pagbibigay ng bakuna, ang pag-aasikaso ay may mga pagkakataon na mag-iiba kaya kung maaari lamang pong tumawag sa responsableng dibisyon para sa mga detalye.

## Kosodate Gakushu Center (Sentro na Aralan sa Pagpapalaki/ Pag-aalaga)

➡子育て支援課 Kosodate Shien Ka (Dibisyon/Departament na Sumusuporta sa Pagpapalaki/Pag-aalaga) ☎70-0813

### § Tamba Shi Kosodate Gakushu Center (Sentro na Aralan sa Pagpapalaki/ Pag-aalaga na nasa Lungsod ng Tamba)

Ang sentro ng aralan sa pag-papalaki/ pag-aalaga ay lugar para makapag-aral at magkaroon ng mga kaibigan ang mga magulang na nasa estado ng pagpapalaki ng anak sa kasalukuyan. Para sa mga magulang na habang nag-aalaga nang mga anak ay may mga iba't-ibang suliranin na dinadala, ang mga nagtuturo ay maaaring konsultahan. Gamitin po ninyo ang mga Sentro ng Aralan sa Pag-aalaga na nasa bawat purok para maging masaya ang panahon sa pag-aalaga/ pagpapalaki ng anak.

**(1) Mga Aktibidad**

☆Maaring komunsulta ukol sa pag-aalaga/ pagpapalaki ng anak:
Maaaring tumawag sa telepono, pumunta ng direkta, grupong kokunsulta
☆Grupong pagsasanay sa pagpapalaki/ pag-aalaga ng anak:
Mga aktibidad ng grupo sa pagpapalaki/ pag-aalaga ng anak
☆ Sirkulong pagsasanay sa pagpapalaki/ pag-aalaga ng anak:
Mga aktibidad ng sirkulo na nauukol sa pagpapalaki/pag-aalaga ng anak
☆Pag-aalok ng mga impormasyon:
Pag-iisyu ng komunikasyon sa pagpapalaki/ pag-aalaga nang anak
☆Panayam at mga Kurso:
Kurso para makaranas, at pakikipagpanayam ukol sa pag-aalaga/ pagpapalaki ng anak, at iba pa.
☆Mga pagdiriwang na tungkol sa pagpapalaki/ pag-aalaga ng anak:
Pagtitipon sa Tanabata, pagtitipon sa pagsasanay (Undokai), pagtitipon sa araw ng Christmas, at iba pa.

**(2) Lugar Kung Saan Idaraos / Kung Saan Magsusumite ng Aplikasyon**

| Pangalan | Lugar | Tel. |
|---|---|---|
| Kaibara Kosodate Gakushu Center (Sentrong Aralan sa Pagpapalaki/ Pag-aalaga ng mga Anak sa Kaibara) | Tamba-shi, Kaibara-cho, Shimoogura 605 (Yumewaaku Kaibara) | 72-4747 |
| Hikami Kosodate Gakushu Center (Sentrong Aralan sa Pagpapalaki/ Pag-aalagang mga Anak sa Hikami) | Tamba-shi, Hikami-cho, Narimatsu, Aza Koga 1 (Hikami Kinro Seishonen Homu | 82-1001 |
| Aogaki Kosodate Gakushu Center (Sentrong Aralan sa Pagpapalaki/ Pag-aalaga ng mga Anak sa Aogaki) | Tamba-shi, Aogaki-cho, Saji 399-1 (Aogaki Hoken Center) | 87-1919 |
| Kasuga Kosodate Gakushu Center (Sentrong Aralan sa Pagpapalaki/ Pag-aalaga ng mga Anak sa Kasuga) | Tamba-shi, Kasuga-cho, Kuroi 496-2 (Kasuga Jumin Center) | 74-3040 |
| Sannan Kosodate Gakushu Center (Sentrong Aralan sa Pagpapalaki/ Pag-aalaga ng mga Anak sa Sannan) | Tamba-shi, Sannan-cho, Tanigawa 1110 (Sannan Jumin Center) | 77-3160 |
| Ichijima Kosodate Gakushu Center (sentrong Aralan sa Pagpapalaki/ Pag-aalaga ng mga Anak sa Ichijima) | Tamba-shi, Ichijima-cho, Kamida 814 (Raifupia Ichijima [Lifepia Ichijima]) | 85-3030 |

## Hoikusho(En) [Lugar Paalagaan sa mga Bata] / Nintei Kodomo En [Mga Kumpirmadong Paalagaan]

➡こども育成課 Kodomo Ikusei Ka (Dibisyon/Departamento sa Pagsasanay ng Bata) ☎70-0820

### § Hoikusho (Lugar Paalagaan sa mga Bata)

Isang Jido Fukushi Shisetsu (pasilidad para sa kapakanan ng bata) na kapag sa rason na ang magulang ay nagtatrabaho o kaya ay nagkasakit, nakasaad sa Jido Fukushi Ho (Alituntunin sa Kapakanan ng mga Bata) na maaaring paalagaan ang anak sa pasilidad kung walang mag-aalaga na kapamilya sa araw.

#### 1. Mga Kasunduan sa Pagpasok

Karamihan ay mula sa mga sanggol na wala pang anim na buwan na ikinukunsidera na mga batang hindi pa papasok ng elementarya at limitado sa mga magulang o kasama sa bahay na kamag-anak na hindi makakapag-alaga. May mga itinakda pong kasunduan.

#### 2. Tanggapan ng Aplikasyon sa Pagpasok

(1) Magsumite ng aplikasyon para sa pagpasok sa hoikusyo (lugar paalagaan ng mga bata) sa namamahala sa Kodomo Ikusei Ka (Dibisyon/Departamento sa Pagsasanay ng Bata), at sa bawat tanggapang namamahalang sangay ng munisipyo.
* At saka sa Kakutei Kodomo En (Mga Kumpirmadong Paalagaan) ay direktang pumunta ng pasilidad sa pagsusumite ng aplikasyon.
(2) Ang tanggapang panahon para sa taon ng unang pagpasok ay sa loob po ng buwan ng Nobyembre, taun-taon.
(3) Sa mga nagnanais na pumasok sa kalagitnaan nang taon ay palugit sa pagsusumite ng aplikasyon ang petsa ika-10 isang buwan bago ang buwan na gustong ipasok sa paalagaan.
Tinatanggap din ang aplikasyon sa buwan ng Nobyembre para sa mga nagnanais na pumasok sa kalagitnaan ng taon, subalit kahit isumite sa panahon nang tanggapan, hindi mapapanindigan na maaaring makapasok.

#### 3. Pahintulot sa Pagpasok sa Paalagaan

(1) Kung sa loob nang pamilya ay napag-alaman na hindi magiging normal ang pag-aalaga ay pahihintulutang makapasok. (Ang mga pamantayan sa kakulangan sa pag-aalaga ay kalimitang hindi maaalagaan ng mahigit 3 beses sa isang linggo at mahigit 4 na oras sa isang araw).
(2) Ang ukol sa unang ninanais na pasukang hoikusyo (Paalagaan ng mga Bata), kapag ang kinakailangang kapasidad ay lumampas sa bilang ang mga nagsumite ng aplikasyon ay pipiliin sa pamamagitan ng screening. (Bibigyang importansiya ang mga naunang nagsumite nang aplikasyon sa loob nang panahon ng pagsusumite sa unang pasukan nang taon).

#### 4. Bayarin sa Pagpapaalaga

(1) Ang bayarin sa pag-aalaga ay kinakalkula sa kung ang mga magulang ay may parehong kabuhayan sa pagpapaalaga nang bata o kaya ay kung mga obligado sa pagsuporta (para lang sa pamilyang may mga haligi nang tahanan) na tinitingnan ang kabuuhang halaga nang binayarang buwis ng sahod nang nakaraang taon o kaya ay titingnan ang kalagayan ng buwis nang pagiging residente.
(2) Ang aproksimasyon nang bayarin ay napagpapasyahan tuwing simula ng buwan ng Mayo, at ang paggawa nang totoong pagpapasiya ay tuwing mga buwan ng Hunyo ~ Hulyo.
(3) Ang mga batang pumapasok sa hoikusyo (Paalagaan ng mga Bata), Youchien (Kindergarten), Nintei Kodomo En (Mga Kumpirmadong Paalagaan ng Bata) na magkapatid, kung papasok sa hoikusyo, sunod mula sa panganay, ang pangalawa ay babawasan ng kalahati ang bayarin, at ang mula pangatlo ay hindi na sasaklawin (magiging libre).
(4) Kapag naaksidente o kaya ay nagkasakit at hindi pumasok sa hoikusyo (Lugar Paalagaan ng mga Bata) ng mahigit 2/3 sa itinakdang araw nang pasok sa loob ng isang buwan, ay ibabawas sa saklaw nang mga bayarin kaya kung maaari lamang po na makipag-ugnayan. (Kinakailangan ang Shindansho [Kasulatan mula sa doktor na nagpapatunay nang pagkakasakit o aksidente]).
(5) Pakigamit po nang sistemang “bank transfer” sa pagbabayad ng mga bayarin sa hoikusyo.

#### 5. Sa Pagproseso ng Pagtigil sa Pagpasok

Kapag kinakailangang tumigil sa pagpasok sa kalagitnaan ng taon, paki-proseso lamang po ang paghiling na titigil sa pagpasok bago mag-a-bente ng buwan na ninais na titigil.
* Ang pagtigil sa pagpasok ay binibilang hanggang sa huling araw ng bawat buwan kaya ang bayarin sa buwan na tumigil ay para sa isang buwan.

### 6. At Iba Pa

(1) Makipag-ugnayan kapag kinakailangan ng isang batang nasa mula 6 na buwan ang Shogai Ji Hoiku (Pag-aalaga Para sa mga Batang may Kapansanan).
(2) Kapag kinakailangan ng encho (papaalagaan ng mas pa sa oras na dapat paalagan), pakisulatan ang porma ng aplikasyon, pagkatapos na kumuha nang notisyang pahintulot mula sa pasilidad, ay diretsong magsumite sa hoikusyo.
(3) Kapag ang rason sa pag-aapply ay dahil sa manganganak, ang magiging katumbas na panahon ay mula sa panahon na nabuntis hanggang sa 6 na buwan pagkapanganak.
(4) Kung ititigil ng magulang ang sa pagpapaalagaa na nasa loob ng itinakdang panahon, ay kinakailangan na sabihin ang rason sa kakulangan sa pag-aalaga.
(5) Kahit ang mga magulang ay nasa panahon na naghahanap nang trabaho ay maaari ring magsumite nang aplikasyon para sa pagpasok, subalit nasa alituntunin na 3 buwan lang ang panahon na maaaring maibibigay.

### 7. Pagproseso ng Aplikasyon sa Pagpasok sa Paalagaan

(1) Mga kinakailangang isumiteng papeles sa pagpasok sa hoikusyo (Lugar Paalagaan ng mga Bata) sa panahon ng tanggapan:
① Hoikusyo Nyusho Moshikomisho Ken Jido Daicho [Porma ng aplikasyon para sa pagpasok sa hoikusyo] (isang pilas bawat isang bata)
* [Pangalan ng gustong pasukang hoikusyo (Lugar Paalagaan Para sa mga Bata)] sa porma, kinakailangang isulat hanggang 2 na nais pasukang hoikusyo.
② Katunayan na hindi maaalagaan ang bata
* magsumite ang bawat isa na mga kasambahay na nasa edad 20 pataas at mababa sa edad 70.
* Kapag papasok ang magkapatid na parehong lalaki (magkapatid na parehong babae), mas maganda na kumpleto ang mga kinakailangan ng bawat isa.
* Kinakailangan ang katibayan ng mga may trabaho o sideline, at sa mga may negosyo, magsasaka ay paki-kumpirma lamang po sa social worker.
(2) Pagkatapos na matanggap ang notisya nang pahintulot sa pagpasok ay magsumite ng mga papeles (Ipapadala sa pamamagitan ng koreo sa tirahan ang notisya nang pahintulot sa pagpasok).
① Kopya ng pinangagalingan ng sahod o kaya ay ang kopya ng idineklarang sahod (kinakailangan sa pagkakalkula ng mga kailangang bayarin sa paalagaan).
② Porma ng kahilingan para sa pagpa-bank transfer (Para sa mga baguhang papasok at sa mga nagpalit ng numero nang account ay paki-proseso lamang sa pampinansiyal na pasilidad [bangko]).
* Kahit nakapasok na kapag may mga gustong ipaalam na mga pagbabago o reklamo ukol sa pagpapaalaga, sa oras na iyon ay sabihin at magsumite ng katibayan.

## Family Support Center (Sentro ng Suportang Pampamilya)

➡子育て支援課 Kosodate Shien Ka
(Dibisyon/Departamento sa Suportang Pampamlya) ☎70-0813

Sa loob nang panahon nang pag-aalaga o pagpapalaki kapag may trabaho o biglaang gawain, at hindi maaalagaan ang anak, may mga miyembro ng purok na nagbibigay suporta bilang isa sa kanilang mga aktibidades.
Sa mga gustong tumulong at gustong humingi ng tulong, magparehistro pareho bilang miyembro, pagkatapos na natapos ang programa para sa pag-aalaga ng bata at pagkatapos nang pag-aaral, ay maaaring ipadala o magpadala nang mag-aalaga sa oras na may biglaang gawain na maaaring magbantay sa loob nang bahay at maghatid sundo din sa pagpasok sa hoikusyo (Lugar Paalagaan ng mga Bata).

1. Ang mga saklaw ay karamihang mula sa wala pang 6 na buwan na sanggol hanggang sa pangatlong baitang sa elementarya.
2. Bayad sa paggamit nang sistema:
○Pangkalahatang Pag-aalaga (Lunes ~ Biyernes 7:30 ng umaga ~ 6:30 ng gabi) 400 yen (30minutos sa kada isang bata) subalit sa labas nang oras na nakasulat sa taas ay 450 yen
○Kapag nagkasugat ng hindi naman grabe o kaya ay nagkasakit (puwera sa pangkalahatang oras) 450 yen (30 minutos sa bawat isang bata)
○Sabado, Linggo, Pista Opisyal, Obon, Katapusan at Simula ng Taon Magdadagdag ng 100 yen sa itinakdaang bayarin na nakasulat sa taas
* Sistemang Tulong sa Pagbabayad:
Sinasaklaw lang ang mga pamilyang mag-isa lang ang tumatayong magulang, na isinasakatuparan na kalahati lang ang kinakailangang bayaran sa paggamit nang sistemang suporta sa pag-aalaga.

3. Mga Pasilidad at Lokasyon ng mga ito na Nagpapatupad ng “Family Support” (Suportang Pampamilya)
○ Tamba Shi Family Support Center (Tamba-shi Shakai Fukushi Kyogikai Kaibara Shisho)
Tamba-shi, Kaibara-cho, Kaibara 2715 Kaibara Fukushi Center (Kinone Center)
☎0795-70-2244
○ T-plus Family Support, NPO
Tamba-shi, Hikami-cho, Kamo 1457-1 ☎090-4280-0324

## Kindergarten / Elementarya / Junior High School

➡教育総務課(きょういくそうむか) Kyoiku Somu Ka (Dibisyon/Departamento ng Edukasyon) ☎70-0810

### § Lilipat sa Ibang Paaralan / Lumipat sa Paaralan sa Loob ng Lungsod

**☆Kapag lumipat sa paaralan sa loob ng Lungsod, paano po ba ang paglilipat?**

### ■ Agos ng Proseso

| Lilipat sa ibang paaralan/ Lumipat sa paaralan sa loob ng Lungsod | Mga Nilalaman |
|---|---|
| Kapag papasok sa paaralan sa loob ng Lungsod galing sa paaralan na labas sa Lungsod | Pagkatapos na magproseso sa munisipyo o kaya ay sa pampublikong pasilidad, dalhin at isumite sa papasukang paaralan ang [Zaigaku Shomeisho (Katunayan ng Paglipat) ]at ang [Kyokayo Tosho Kyuyo Shomesho (Katunayan ng Kabayaran sa Aklat Aralin)] na magmumula sa inalisang paaralan. |
| Kapag lilipat ng paaralan sa labas ng Lungsod galing sa paaralan sa loob ng Lungsod | (1) Magproseso ng bagong tirahan sa munisipyo o pampublikong pasilidad.<br>(2) Mula sa inalisang paaralan, bibigyan nang [Zaigaku Shomeisho (Katunayan ng Paglipat)] at nang [Kyokayo Tosho Kyuyo Shomeisho (Katunayan ng Kabayaran sa Aklat Aralin)].<br>(3) Sa munisipyo o pampublikong pasilidad na pinagprosesuhan ng paglilipat ng tirahan ay dalhin ang nasa (2). |
| Kapag lilipat ng paaralan sa loob ng Lungsod | Kapag lilipat ng tirahan sa loob ng Lungsod, ang estudyante ay lilipat sa paaralang nakatalaga sa distrito ng bagong titirhan.<br>(1) Sa munisipyo o pampublikong pasilidad ay iproseso ang bagong tirahan.<br>(2) Sa inalisang paaralan ay bibigyan ng [Zaigaku Shomeisho (Katunayan ng Paglipat)] at nang [Kyokayo Tosho Kyuyo Shomeisho (Katunayan ng Kabayaran sa Aklat Aralin)].<br>(3) Sa lilipatang paaralan ay dalhin ang nasa (2).<br>(Kapag lilipat nang tirahan subalit hindi lilipat ng paaralan, ipagbigay-alam lang ang bagong tirahan). |

## Pagkatapos ng Klase

➡子育て支援課 **Kosodate Shien Ka**
**(Dibisyon/Departamento ng Suporta sa Pagpapalaki/Pag-aalaga ng mga Bata) ☎70-0813**

### § Pagkatapos ng Klase sa Lungsod ng Tamba

Para sa mga magulang na may mga trabaho sa araw ay isinakatuparan ang proyekto para sa mga estudyanteng nasa mababang grado ng elementarya na sa pamamagitan ng malusog na paglalaro ay magkaroon ng malusog na pagtubo ang pisikal na pangangatawan at kaisipan.

**≪Banghay Pagkatapos ng Klase≫**

**【Araw at Oras]**

● Pangkaraniwang Araw: Mula pagkatapos ng klase ~ 6:00 ng gabi
● Sa Panahon ng Mahabang Bakasyon: mula 8:00 ng umaga ~ 6:00 ng gabi
● Itinakdang Araw na Walang Pasok ng Paaralan at Araw ng Sabado sa buwan ng Agosto at iba pa: mula 8:00 ng umaga ~ 6:00 ng gabi
● Dagdag na oras sa pagpapa-alaga/pagpapabantay: hanggang 7:00 lang nang gabi

**【Araw na Walang Pasok】**

● Linggo at Pista Opisyal hindi kasali ang Sabado ng buwang ng Agosto, Katapusan ng Taon at Simula ng Taon( ika-29 ng Disyembre ~ ika-3 ng Enero)

**【Bayarin ng mga Sasapi】**

● Ang pamantayan ay kapag 10 beses mahigit sa isang buwan na papasok sa loob ng isang taon ay 6,000 yen kada buwan.
● Kapag 2 beses sa isang linggo na pansamantala lang na papasok (walang 10 beses sa isang buwan) ay 400 yen kada araw.
● Bayarin ng mga magpapadagdag sa oras ng pagpapa-alaga/pagpapabantay: 800 yen ang isang beses

**≪Iba pang Bayarin≫**

Jido Club Kyosai Hokenryo (Pangkapatirang Seguro para sa mga Mag-aaral) na 1,800 yen bawat taon na kinakailangang bayaran ng mga magulang (Aklat-aralin at iba pa).
* May [Riyosha Futan Kin Genmen Seido (Sistemang Hindi Masasaklaw ng mga Bayarin)] depende sa kung ano ang sitwasyon nang kabuhayan ng pamilya.

**【Pagproseso sa Pagpasok]**

● Taun-taon bawat buwan ng Nobyembre ay nagbibigay notisya para sa mga gustong pumasok sa susunod na taon. (Depende sa pinagdadausang lugar ang pagtanggap anumang oras)
● Ang kinakailangang papeles para sa pagproseso ng pagpasok ay sa mahihingi sa After School ng Lungsod, sa Kosodate Shien Ka, o kaya ay sa mga bawat sangay nito.

## Jidokan (Gusali Para sa mga Bata)

➡子育て支援課 **Kosodate Shien Ka**
**(Dibisyon/Departamento ng Suporta sa Pagpapalaki/Pag-aalaga ng mga Bata) ☎70-0813**

Ang Jidokan (Gusali Para sa mga Bata) ay isang Pampublikong Pasilidad Pangkapakanan ng mga Bata na ang layunin ay mag-alok ng mga laro o aktibidades pangkalusugan para sa mga bata, para makadagdag sa pagyabong nang pangkalusugang pisikal at kaisipan ng mga bata.

**【Mga Nilalaman na Pangunahing Aktibidades】**

1. Sa pamamagitan ng mga larong pangkalusugan, ginugrupo ang mga bata, at tinuturuan isa-isa.
2. May club para sa mga ina, pagtitipon para sa mga bata at iba pa, pakikipagkooperasyon ng mga organisasyon na nasa purok sa paghihikayat at pagtataguyod.
3. Para sa suporta sa pagpapalaki/pag-aalaga ay may tanggapan na maaaring pagkonsultahan para maging mapayapa ang pag-iisip sa pagpapalaki/pag-aalaga ng mga anak.

### ■Kogayama Jidokan

【Oras na Bukas】8:30 ng umaga ~ 5:00 ng hapon
【Araw na Sarado】Linggo, Pista Opisyal, Katapusan nang Taon at Simula nang Bagong Taon
【Lugar Kung Saan Matatagpuan】
669-3601 Hyogo Ken,Tamba-shi, Hikami-cho, Narimatsu 217
☎0795-82-8620 FAX 0795-82-8663

### ■Shiroyama Jidokan

【Oras na Bukas】8:30 ng umaga ~ 5:00 ng hapon
【Araw na Sarado】Linggo, Pista Opisyal, Katapusan nang Taon at Simula nang Bagong Taon

【Lugar Kung Saan Matatagpuan】
669-3464 Hyogo Ken,Tamba-shi, Hikami-cho, Isou 611
(Prepektura ng Hyogo, Lungsod ng Tamba, Bayan ng Hikami, Isou 611-12)
☎0795-82-0843 FAX 0795-82-0893

# Pangkapakanan (Welfare)/ Medikal/ Pag-aalaga (Nursing)

## Fukushi Iryo (Pangkapakanan at Medikal)

➡国保・医療課 Kokuho/Iryo-ka
(Dibisyon/Departamentong ng Pambansang Seguro/Pang-medikal) ☎82-6690

### 1. Pagkakaloob ng mga Gastusing Pang-Medikal ng mga Matatanda

● Kinakailangang Edad:
mula sa unang araw ng buwan ng kaarawan sa edad na 65 hanggang huling araw ng buwan ng kaarawan sa edad na 70 (subalit, ang mga ipinanganak sa a-1 ng buwan ay hanggang sa katapusang araw lang nang nakaraang buwan)

● Kinakailangang sa Pagkakaloob:
Sa Shichoson Minzei Hikazei Setai (sambahayan ng munisipyo na hindi saklaw ng buwis) ay nakadeklara na ang kita kasama ang pensiyon ay mababa sa 800,000 yen

● Parte ng Tungkuling Bayarin

| Paghati ng Tungkuling Bayarin | Proporsiyon ng Tungkuling Bayarin | Pagpatingin sa Hospital/ klinika (bawat indibidwal) | Pagpatingin + Naospital (bawat sambahayan) |
|---|---|---|---|
| Sambahayan na hindi saklaw ng buwis | 20 % | 8,000 | 24,600 |
| Sambahayan na hindi saklaw nang buwis subalit walang kita | 10% | | 15,000 |

● Sa Mga Matataas na Bayaring Medikal:
Kapag nagpatingin sa maraming iba't-ibang medikal na pasilidad(hospital/ klinika) at iba't-ibang parmasya at ang poersiyento ng bayarin na kinakailangang bayaran ay mas mataas kesa sa nakatala sa taas, kapag nagproseso (nagsumite ng aplikasyon) ng kahilingan ay ibabalik. (Hindi saklaw ang bayad sa pagkain, bayad sa kuwarto at iba pa kapag naospital.)

### 2. Tulong Para Sa May Mga Malubhang Kapansanan

● Mga Kinakailangan:
Primera o pangalawang klase ng Shintai Shogaisha Techo (Sertipiko na parang kuwaderno na nagpapatunay na may pisikal na kapansanan), Ryoiku Techo A Hantei Shojisha (Pinagkalooban ng sertipiko o patunay na parang kuwaderno para sa rehabilitasyon), Primera klase ng Seishin Shogaisha Techo (Sertipiko na parang kuwaderno na nagpapatunay na may kapansanang pang-mentalidad).

* Mula sa araw nang kaarawan ng edad 65, ay magiging kasapi na nang seguro para sa Koki Koreisha Iryo (Pag-aalagang Medikal Para Sa Matatanda), kaya magiging saklaw na nang Korei Judo Shogaisha Iryo (Medikal Para sa mga Matatandang may Malulubhang Kapansanan). Kapag hindi nakasapi sa seguro ng Koki Koreisha Iryo (Pag-aalagang Medikal Para Sa Matatanda), maaari ring makatanggap nang tulong bilang isang benepisyaryo ng "Judo Shogaisha Iryo (Medikal Para sa may Malulubhang Kapansanan)".

Mula sa edad 65 hanggang edad 69, maaaring magamit ang Judo Shogaisha Iryo Jukyusha Sho(Sertipiko o nagpapatunay na benepisyaryo ng Medikal Para sa may Malubhang Kapansanan), subalit sa edad na 70 ~ edad 74, ito ay hindi na maaaring magamit. Pansamantala ay bayaran ang kinakailangang bayarang 10% ng bayarin sa hospital/klinika kung saan nagpatingin at pagkatapos ay magsumite ng aplikasyon para maibalik ang ibinayad.

● Mga Kinakailangang Kita:
Sa Shichoson Minzei Shotoku Warizei Gaku (Porsiyento ng Buwis sa Munisipyo bilang Residente) nang taong may kapansanan, asawa, taong may responsabilidad/ obligasyon sa pagsuporta ay mababa sa 235,000 yen.

● Parte ng Tungkuling Bayarin

| Paghati ng Tungkuling Bayarin | Parte ng Tungkuling Bayarin | |
|---|---|---|
| | Pagpapatingin sa Hospital | Naospital |
| Para sa Publiko (Pangkalahatan) | Sa bawat segurong pang-medikal ay 600 yen ang limitasyon bawat araw (hanggang 2 araw bawat buwan) | Sa pamamagitan ng Natatanging Tulong ng Lungsod ay walang magiging bayarin (Mula noong Hunyo ng taong 2009, ay 0 ang bayarin sa mga medikal na pasilidad sa loob ng Prepektura nang Hyogo) |
| Sa mga walang kita na sambahayan na hindi saklaw sa pagbabayad ng buwis | Sa bawat segurong pang-medikal ay 400 yen ang limitasyon bawat araw (hanggang 2 araw bawat buwan) | |

* Ang mga may kapansanang mentalidad na may mga hawak nang Seishin Shogaisha Hoken Fukushi Techo 1kyu (Sertipiko na parang kuwaderno ng seguro para sa kapakanan ng mga may kapansanang mentalidad, sa pagpapatingin, naospital sa pagkakasakit sa kaisipan ay tutulungan sa pamamagitan ng hiwalay na pagsusumite ng aplikasyon.

### 3. Tulong sa Gastusing Pang-Medikal sa mga Sanggol at iba pa

● Kinakailangang edad:
Mula nang araw na ipanganak hanggang sa matapos ang pangatlong baitang sa elementarya
● Kinakailangang Kita:
-Ang mga sanggol na wala pang 1 taon ang edad ay hindi saklaw ng Pamantayang Limitasyon ng Kita
-Mula isang buwan nang buwan na ipinagdiwang ang 1 taong kaarawan ay saklaw na nang Pamantayang Limitasyon ng Kita.
Ang may responsabilidad/obligasyon ay kinakailangang mababa sa 235,000 yen ang nakadeklara sa Porsiyento ng Buwis sa Munisipyo Bilang Residente
● Natatanging Tulong ng Lungsod:
[Gairai] (Sa mga magpapatingin sa hospital) sa mga wala pang 3 taon ang edad ay babayaran nang buo ang isang parte na kinakailangang bayaran mula sa kabuuhang bayarin.
[Nyuin] (Naospital) ang mga batang hanggang 3 baitang sa elementarya na mga sanggol, mag-aaral na naospital ay kinakailangang bayaran nang buo ang isang parte na kinakailangang bayaran mula sa kabuuhang bayarin.
● Parte ng Tungkuling Bayarin

| Paghati Ng Tungkuling Bayarin | Parte ng Tungkuling Bayarin | |
|---|---|---|
| | Pagpapatingin sa hospital | Naospital |
| Para sa Publiko (Pangkalahatan) | 800 yen sa 1 araw ang limitasyon ng seguro (hanggang 2 beses lang sa isang buwan) | Sa pamamagitan ng Natatanging Tulong ng Lungsod ay walang babayaran. |
| Sa mga walang kita na sambahayan na hindi saklaw ng buwis. | 600 yen sa 1 araw ang limitasyon ng seguro (hanggang 2 beses lang sa isang buwan) | |

### 4. Tulong sa Gastusing Pang-Medikal ng mga Bata

Sa mga batang naospital na edad mula sa pang-4 na baitang sa elementarya hanggang pangatlong baitang sa Junior High School ay babayaran nang buo ang bayarin na parte nang segurong pang-medikal.
●Kinakailangang Kita:
Ang mga may responsabilidad/ obligasyon ay kinakailangang mababa sa 235,000 yen ang nakadeklara sa Porsiyento ng Buwis sa Munisipyo Bilang Residente
●Tulong na Halaga :
Bayarin na parte nang segurong pang-medikal sa pagkakaospital (pagkatapos ng “Kogaku Ryoyo Hi Tekiyo” [pagkalkula ng lahat ng bayarin]) na buong halaga.
Kalimitan ay 1/3 ng 80,100 yen na 26,700 yen ay sa sistema ng Prepektura
Ang 2/3 ng 80,100 yen na 53,400 yen ay sa Natatanging Proyekto ng Lungsod
● Paraan ng Aplikasyon:
Pagbabalik ng ibinayad (sa aplikasyon ay idugtong o isama ang resibo ng binayaran at isumite)

### 5. Tulong sa Gastusing Pang-Medikal sa mga Walang-Amang Sambahayan At Iba Pa

● Kinakailangang edad:
**【May Ina Subalit Walang Ama / May Ama Subalit Walang Ina na Sambahayan】**
Nakapagdiwang na nang ika-18 kaarawan at hindi pa umaabot sa unang katapusan ng Marso pagkatapos nang pagdiriwang na mga ina o ama na mga walang asawa at mga bata.
**【Batang Ulila】**
Nakapagdiwang na nang ika-18 kaarawan at hindi pa umaabot sa unang katapusan ng Marso pagkatapos nang pagdiriwang na mga batang inabandona ng mga magulang o kaya ay mga batang namatay ang mga magulang.
● Kinakailangang Kita:
May limitasyon sa kita (Mag sumite nang mga kinakailangan sa aplikasyon sa limitasyong pamantayan ng kita sa Prepektura)

● Parte ng Tungkuling Bayarin

| Paghati ng Tungkuling Bayarin | Parte ng Tungkuling Bayarin | | |
|---|---|---|---|
| | Pagpapatingin sa hospital | Naospital | |
| Pampubliko (Pangkalahatan) | 600 yen sa 1 araw ang limitasyon ng seguro (hanggang 2 beses lang sa isang buwan) | 10% ang kinakailangang bayaran (hanggang 2,400 yen bawat buwan) | Sa patuloy na pagkakaospital na kapag umabot sa 3 buwan, ang pang-4 at mga susunod pang buwan ay hindi na kinakailangang bayaran. |
| Sa mga walang kita na sambahayan na hindi saklaw ng buwis | 400 yen sa 1 araw ang limitasyon ng seguro ( hanggang 2 beses lang sa isang buwan) | 10% ang kinakailangang bayaran (hanggang 1,600 yen bawat buwan) | |

## 6. Tulong sa Gastusing Pang-Medikal ng mga Matatandang may Kapansanan

● Kinakailangang Edad:
May primera o pangalawang klase ng Shintai Shogaisha Techo (Sertipiko na parang kuwaderno na nagpapatunay na may pisikal na kapansanan), Ryoiku Techo A Hantei Shojisha (Pinagkalooban ng sertipiko o patunay na parang kuwaderno para sa rehabilitasyon), Primera klase ng Seishin Hoken Fukushi Techo (Sertipiko na parang kuwaderno na nagpapatunay na may kapansanang pang-mentalidad) na mula nang magsimulang sumapi sa Koki Koreisha Iryo Hi Hokensha (Segurong Pang-medikal Para sa Matatanda) hanggang pataas na edad.
● Kinakailangang Kita:
Ang may kapansanan, asawa, may responsabilidad/ obligasyon ay kinakailangang ang nakadeklara sa Porsiyento ng Buwis sa Munisipyo Bilang Residente ay mababa sa 235,000 yen.
● Parte ng Tungkuling Bayarin

| Paghati ng Tungkuling Bayarin | Parte ng Tungkuling Bayarin | |
|---|---|---|
| | Pagpapatingin sa Hospital | Naospital |
| Pampubliko (Pangkalahatan) | 600 yen sa bawat 1 araw ang limitasyon ng seguro (hanggang 2 beses sa bawat buwan) | Sa pamamagitan ng Natatanging Tulong ng Lungsod ay walang babayaran. |
| Sa mga walang kita na sambahayan na hindi saklaw nang buwis | 4oo yen sa bawat 1 araw ang limitasyon ng seguro (hanggang 2 beses sa bawat buwan) | |

* Sa mga may kapansanang mentalidad, na may hawak nang primera klase ng Seishin Shogaisha Hoken Fukushi Techo (Sertipiko na parang kuwaderno na nagpapatunay ng seguro ng kapakanan ng mga may kapansanang pang-mentalidad), naaayon sa pagpapatingin sa sakit ang (Jiritsu Shien Iryo{Suporta sa pangangalagang medikal sa mga may kapansanan}), ay 1/2 ang itutulong pagnakapagsumite nang hiwalay na aplikasyon.

## 7. Tulong sa Gastusing Pang-Medikal ng mga May Kapansanang Mentalidad

● Mga Kinakailangan:
Mga may hawak ng Seishin Shogaisha Hoken Fukushi Techo (1~3 kyu) {numero 1~3 ng Sertipiko o patunay ng seguro ng kapakanan na may kapansanang mentalidad}.
● Kinakailangang Kita:
May itinakdang limitasyon ng kita.
Ang may kapansanan, asawa, may responsabilidad/obligasyon ay kinakailangang ang nakadeklara sa Porsiyento ng Buwis sa Munisipyo Bilang Residente ay mababa sa 235,000 yen.

**○Shogaisha Jiritsu Shien Iryo (Seishin Tsuin Iryo)**
**{Suporta sa Pangangalagang Medikal sa mga may Kapansanan}[Pagpapatingin sa Hospital]**

| | |
|---|---|
| Wala pa sa edad 65 | Kalahati sa lahat nang kinakailangang bayarin ang ibibigay na tulong. |
| Edad 65 ~ edad 69 | |
| Edad 70 pataas | |

● Bayaran ng buo ang kinakailangang bayarin sa tanggapan ng bayarin sa hospital. Sa pagsumite ng aplikasyon (dalhin ang resibo at inkan) ay ibabalik ang kinakailangang ibalik.

○**Ordinaryong Pagpapagamot**

<table>
<tr><td>Wala pa sa edad 65</td><td colspan="2">Mula sa kinakailangang bayarang bayarin kapag naawas na ang parte na kinakailangang bayaran ay tutulungan sa kalahati.</td></tr>
<tr><td>Edad 65 ~69</td><td>Hindi makakatulong sa mga saklaw ng Medikal para sa Matatanda.</td><td>Sa mga hindi saklaw ng Medikal para sa Matatanda ay tutulungan sa kalahati ng kinakailangang bayarin kapag naawas na ang parte ng kinakailangang bayarin.</td></tr>
<tr><td>Edad 70 pataas</td><td colspan="2">Hindi maaaring tumulong sa bawat kasapi sa seguro ng Bago maging Napakatanda (edad 70~74) at kasapi sa seguro ng Koki Koreisha Hi Hokensha (Matatanda na).</td></tr>
</table>

* Ukol sa pagpapatingin ng mga may hawak na numero 1, maaaring magamit ang “Judo Shogaisha Iryo Hi Jukyusha Sho” (Sertipiko o katibayang pang-medikal ng mga may malulubhang kapansanan).

## 8. Sa oras na pinagbayad ng buo sa isang parte ng kinakailangang bayarin

● Kapag sa medikal na pasilidad ng labas ng Prepektura nagpatingin ay hindi na magiging saklaw ng Sistema sa Kapakanan at Kalusugan ng Prepektura nang Hyogo, kaya bale ibabalik na lang ang dapat na ibalik na halaga kapag nagsumite ng aplikasyon.

Mga kinakailangan sa pagsusumite ng aplikasyon:
Iryo Hi Jukyusha Sho (Katunayan ng nagastos sa pagpapatingin), Inkan (Selyo), Resibo

● Nagpatingin na hindi dala ang Iryo Hi Jukyusha Sho

Mga kinakailangan sa pagsusumite ng aplikasyon:
Iryo Hi Jukyusha Sho, Inkan, Resibo

● Corset(Pangsuportang parang paha sa balakang at baywang) at iba pang kagamitang bayarin

Mga kinakailangan sa pagsusumite ng aplikasyon:
Iryo Hi Jukyusha Sho, Inkan, Shindansho (Sertipiko ng Doktor) o kaya ay Iken Sho (Sertipiko ng Komento), Resibo
* Kapag gumamit ng corset at iba pang kagamitan, unahin na muna ang pag-claim ng benepisyo ng seguro kung kasapi sa anumang pang-medikal na seguro.

## Koki Koreisha Iryo (Pag-aalagang Medikal Para Sa Matatanda)

➡国保・医療課 Kokuho/Iryo-ka
(Dibisyon/Departamentong ng Pambansang Seguro/Pang-medikal) ☎82-6690

**●Koki Koreisha Iryo Seido (Sistema ng Pag-aalagang Medikal Para Sa Matatanda)**

Mula noong Abril ng taong 2008 ay nagsimula ang (ittei no shogai ga ari, shinsei ni yori nintei o uketa 65 sai { tiyak na may kapansanan, edad 65 na narekognisa sa pamamagitan ng pag-apply}) na saklaw ang mga nasa edad 75 pataas na sistema pong pang-medikal. Isang proyekto ng pagdadamayan ng isa't-isa para sa hinaharap, habang inaasahan na ang pagtaas ng mga gastusing pang-medikal ng mga nagsisipagtanda, ang mga kabataang henerasyon habang nagbibigay suporta sa mga matatanda, ang mga matatanda rin ay nagbabayad ng isang parte ng mga kinakailangang bayaring pang-medikal at seguro, para sa mga susunod na panahon ang lahat ng mga tao ay patuloy na makatanggap ng seguro.

**●Mga Maaring Sumapi**

Edad 75 pataas (tiyak na may kapansanan, edad 65 na narekognisa sa pamamagitan ng pag-apply), mula ng araw na ipinagdiwang ang kaarawan (rekognisado) ay magiging kasapi ng Koki Koreisha Iryo Seido (sistema ng Pag-aalagang Medikal Para sa Matatanda).

**●Ipagbigay-abiso sa mga ganitong pagkakataon**

| Sa ganitong pagkakataon | Mga kinakailangan sa pagbibigay-abiso |
|---|---|
| Kapag ang taong tiyak na may kapansanan ay umabot na sa edad na 65, at kapag umedad nang mahigit 65 na nasa estado ng may tiyak na kapansanan. | Librito/ Sertipiko ng Pambansang Seguro, katunayan na may kapansanang pisikal at iba pa, inkan |
| May tiyak na kapansanan, edad 65 pataas na narekognisa sa pag-apply, hanggang sa umabot sa edad na 75 ay ilang beses na binawi ang aplikasyon. | Katunayan na kasapi ng seguro, inkan |
| Kapag lilipat ng tirahan sa loob ng Prepektura ng Hyogo | Katunayan ng katibayan ng kinakailangang bayarang pansarili, inkan |
| Kapag nagpalit ang tirahan sa loob ng Prepektura ng Hyogo | Katunayan na kasapi sa seguro, inkan |
| Kapag lilipat sa labas ng Prepektura ng Hyogo | Katunayan na kasapi sa seguro, inkan |
| Kapag ang kasapi ng seguro ay namatay | Katunayan na kasapi sa seguro, inkan |
| Kapag nagsimulang tumanggap ng tulong sa Seikatsu Hogo(Sistemang Tulong sa Pamumuhay) | Katunayan na kasapi sa seguro, inkan |

**●Pansariling Bayarin sa Oras na Nagpatingin sa Doktor**

Sa pagpapagamot sa oras na nagkasakit o naaksidente, ang kinakailangang bayarang bayarin sa bayarang tanggapan ng medikal na pasilidad (hospital) ay 10% po ng kabuuhang bayarin. Subalit sa mga Gen-eki Nami Shotokusha (may trabaho na may kita) ay 30% po nang kabuuhang bayarin. At ang Gen-eki Nami Shotokusha ay tinatawag din na sambahayan na nasa seguro ng Koki Koreisha Iryo Seido (Sistema ng Pag-aalagang Pang-Medikal para sa Matatanda) na sambahayan na may deklaradong 1,450,000 yen pataas sa Buwis ng Kita ng mga Residente (May posibilidad na maging 10% ang kinakailangang bayarin sa pagsumite ng aplikasyon, depende sa halaga ng kita).

**●Bayarin sa Pagkain sa Oras na Naospital (Sistemang Pang-medikal para sa Pagkain sa Oras na Naospital)**

Ang mga sumusunod ang bayarin sa pagkain na kinakailangang bayarang bayarin:

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pamantayan ng Kinakailangang Bayaran ( sa bawat 1 na pagkain) | Pampubliko (Pangkalahatan) | | 260 yen |
| | May mababang kita II | Sa loob ng nakaraang 12 na buwan ay naospital nang walang 90 na araw. | 210 yen |
| | | Sa loob ng nakaraang 12 na buwan ay naospital nang mahigit 90 na araw. | 160 yen |
| | May mababang kita I | | 100 yen |

○May mababang kita II:
Ang lahat nang miyembro ng sambahayan ay hindi saklaw ng pagbabayad ng buwis (mga nasa Juminzei Hikazei).

○May mababang kita I:
Ang lahat nang miyembro ng sambahayan ay hindi saklaw ng pagbabayad ng buwis (mga nasa Juminzei Hikazei), ang kita nang bawat isa ay 0 yen (ang pensiyon na 800,000 yen ay inaawas sa pagkalkula.

* Ang mga tao na mag-aapply sa may mababang kita I at II, ay kinakailangang sa oras na maoospital ay kinakailangang dalhin sa tanggapan ng mga bayarin ng medikal na pasilidad (hospital) ang [Gendo Gaku Tekiyo (Limitasyon ng Kinakailangang Bayaran), Hyojun Futan Gaku Gen-gaku Nintei Sho (Katunayan nang kumpirmasyon sa pagbawas ng mga kinakailangang bayarang bayarin)].

Ang mga katunayan ay mahihiling sa munisipyo sa pamamagitan ng pagsusumite ng aplikasyon.

**●Kapag Nagbayad ng Kabuuhang Halaga ng mga Bayaring Pang-medikal (Ryoyo Hi)**

Kapag nagbayad ng kabuuhang halaga ng mga bayaring pang-medikal gaya ng mga sumusunod, kapag nagsumite nang aplikasyon ng kahilingan, ang saklaw na kailangang bayaran ng seguro ay ibabalik sa ibang araw (Dahil sa ini-eksamin ang lahat na mga isinumiting papeles, ang pagbabalik ng bayad ay bale aabutin ng 3 buwan simula sa araw na nagsumite ng aplikasyon).

| Sa Ganitong Pagkakataon | Mga Kinakailanga sa Aplikasyon | |
|---|---|---|
| Kapag biglaang nagkasakit habang nasa paglalakbay at iba pa, at sa hindi maiiwasang pangyayari ay nagpatingin sa doktor na hindi naipakita ang Hi Hoken Sha Sho (hokensho/ kard ng seguro) | *Kopya ng “Shinryo Hoshu Meisai Sho” (Katunayan ng mga detalye sa pagpapatingin)<br>* Resibo | *Hi Hoken Sha Sho<br>* Inkan<br>*Numero nang banko, at ID na maaaring makumpirma ang pangalan |
| Sa instruksyon ng doktor ay ginamitan ng corset( parang paha na ginagamit sa bewang at balakang) at iba pang kagamitang medikal. | *Nakasulat na opinyon ng doktor<br>*Resibo(nakadetalye lahat) | |
| Sa ilalim ng pahintulot ng doktor ay nagpa masahe, hari(karayom na gamit sa paggamot), kyu(halamang mainit na parang pinapaso ang balat sa paggamot). | *Katunayan ng pahintulot ng doktor<br>*Katunayan na nagpatingin sa praktisyuner na manggagamot<br>*Resibo | |
| Habang nasa gitna nang pagbibiyahe sa ibang bansa at biglaang nagkasakit at nagpatingin sa doktor. | *Katunayan ng mga detalye ng pagpapatingin sa doktor<br>*Resibo na nakasulat lahat ng detalye<br>*Nakasalin sa wikang hapon na pangungusap | |

**●Kapag ang mga Kinakailangang Bayarang Bayarin ay Mataas (Kogaku Ryoyo Hi {Mataas na Bayaring Pang-medikal})**

Kapag ang pang-1 buwan na kinakailangang bayarang bayaring pang-medikal ay mataas, ang pampurok na koalisyon ay magpapadala ng porma ng aplikasyon, pakisulatan at isumite sa munisipyo. At ibabalik sa ibang araw ang sumobra sa kinakailangang bayarang pansarili.

* Sa unang beses lang kinakailangan ang pagproseso, at sa mga susunod na mataas ang mga binayarang bayarin, ay ipapadala na lang sa pamamagitan nang bank transfer sa account na itinala sa pagparehistro sa “Kogaku Ryoyo Hi”.

**●Kapag Namatay ang Nakaseguro (Benepisyo sa Pagpapalibing)**

| Sa Ganitong Pagkakataon | Ibibigay na Halaga | Mga Kinakailangan sa Aplikasyon |
|---|---|---|
| Kapag namatay ang nakaseguro at ipinalibing | 50,000 yen | *Hi Hokensha Sho, Inkan<br>*Postkard ng mga taong nagdadalamhati atbp. at kahit anong mapagkakakilanlan sa nagpalibing<br>*Makakapagpatunay na bagay ng pangalan ng numero sa bangko ng nagpalibing. |

* Bilang alituntunin ay ang nagpalibing ang siyang magiging pangunahing taong nagdadalamhati.

**●Kogaku Kaigo Gassan Ryoyo Hi (Pinagsamang Mataas na Bayarin sa Pag-aalagang Pang-medikal)**

Kapag may kasambahay na may seguro sa pag-aalagang pang-medikal (may katunayan sa pagtanggap ng pag-aalagang pang-medikal, o mga tumatanggap ng serbisyo sa pag-aalaga), sa loob ng isang taon (taun-taon tuwing ika-1 ng Agosto ~ ika-31 ng Hulyo ng susunod na taon) na mga nagastos sa “Koki Koreisha Iryo Hoken” (Segurong Pang-Medikal para sa Matatanda) at “Kaigo Hoken” (Seguro sa Pagpapaalagang medikal) na kapag mataas ang pinagsamang kabuuhang halagang bayarin, ay ibabalik ng “Koki Koreisha Iryo Hoken” at “Kaigo Hoken” ang lumampas sa kinakailangang bayarang bayarin para gumaan ang kinakailangang pasaning bayarin.

**●Koki Koreisha Iryo Hoken Ryo (Segurong Pang-Medikal ng mga Matatanda)**

Ibinibigay ang benepisyo ng seguro sa bawat isang kasapi nang seguro. Mula sa inawas na 10% na pasanin sa kabuuhang bayarin sa tanggapan ng bayarin (medikal na pasilidad/hospital), ay saklaw ng seguro ang 10% sa natirang bayarin sa pagsumang (50% mula sa pampublikong pondo, 40% suporta ng mga kabataan).

Ang pang-isang taon na seguro ay sumatotal ng pare-parehas na kailangang pasanin ng bawat-isa na [Kinto Wari Gaku{Magkakaparehas na halaga ng porsiyento}] (Teigaku {itinakdang halaga}) at ng [Shotoku Wari Gaku {Porsiyon ng Halaga ng Kita}] na depende kung magkano ang kita nang nakaraang taon.

Nirerepaso ang seguro kada ika-2 taon.

**●Paraan ng Pagbabayad ng Seguro (Natatanging Koleksyon/ Ordinaryong Koleksyon)**

Ang mga taong saklaw ng pensiyon na may 180,000 yen pataas na natatanggap bawat taon, may alintuntunin na maaaring bayarin ang seguro sa pamamagitan ng pensiyon (Natatanging koleksyon). Para sa ibang mga tao ay bayaran sa pamamagitan ng bank transfer o kaya ay sa pamamagitan ng notisya sa pagbabayad na bale 9 na beses sa isang taon (Ordinaryong koleksyon).

* Kapag ang kabayaran para sa pinagsamang bayarin sa seguro ng pagpapaalaga (nursing) at halaga ng seguro ay mas mataas sa 1/2 ng saklaw nang pensiyon ay sa “Ordinaryong Koleksiyon”.
* Sa mga bagong kasapi ng seguro, kahit na maaaring saklaw ng “Natatanging Koleksyon”, pansamantala ay sa “Ordinaryong Koleksyon” muna.

**●Sa Oras na Ninais na Baguhin ang Pagbabayad ng Seguro**

Kapag sa oras na ninais na magpalit nang paraan ng pagbabayad, mula sa natatanging koleksyon (pagbabayad mula sa pensiyon) ay magbabayad sa pamamagitan ng bank transfer, magproseso at magsumiti ng aplikasyon sa munisipyo at kinakailangan na iproseso ang porma nang paghiling nang pagpapabank transfer sa pampinansiyal na pasilidad (bangko).

## Shogaisha Fukushi (Kapakanan ng mga May Kapansanan)

➡生活支援課 Seikatsu Shien Ka

(Dibisyon/Departamento na Sumusuporta sa Pang-araw-araw na Pamumuhay ☎74-0222

### ■Shogaisha Techo(Librito/Katunayan na May Kapansanan)

| Uri ng mga Librito | Mga Nilalaman |
|---|---|
| Shintai Shogaisha Techo (Librito/ Katunayan na may Kapansanang Pisikal) | Sa may kapansanang pisikal tulad ng sa (paningin, pagdinig, pagbabaalanse {pilay}, boses, pananalita, pagsapa, paa, puso, gumagamit ng sisidlan para sa paghinga {respiratory tract}, bato {kidney}, atay, pantog {urinary bladder}, tumbong {rectum}, maliit na bituka at immune function ay may batas para sa kapakanan ng mga taong may kapansanan), ibinibigay ang "Shintai Shogaisha Techo {librito/ katunayan na may kapansanang pisikal}" sa pamamagitan ng pagsusumite ng aplikasyon. |
| Ryoiku Techo (Librito/ Katunayan na may Kapansanan sa Pagsibol ng Intelektwal) | Sa mga may kapansanan sa intelektwal na pagsibol, sa pamamagitan ng pagsusumite ng aplikasyon para sa sarili o kaya ay nang magulang, ang Hyogo Ken Chiteki Shogaisha Kosei Sodanjo{Lugar para sa Konsultasyon sa mga may Kapansanang Pagsibol sa Intelktwal sa Prepektura ng Hyogo} (ang mga wala pa sa edad na 18 na mga bata ay sa Kawanishi Kodomo Katei Center Tamba Bunshitsu) ay magdedesisyon sa pagbibigay nang "Ryoiku Techo" (libritong katunayan na may kapansan sa pagsibol ng intelektwal). |
| Seishin Shogaisha Hoken Fukushi Techo ( Librito/ Katunayan na may Kapansanang Pang-mentalidad) | Dahil sa may kapansanang mentalidad, mahabang panahon na magkakaroon ng limitasyon ang pang-araw-araw na pamumuhay at pamumuhay sa lipunan, sa mga nagnanais na magkaroon ng librito, sa pamamagitan ng pag-aapply pansarili at batay sa setipiko ng doktor, magbibigay ng "Seishin Shogaisha Hoken Fukushi Techo" (libritong katunayan na may kapansanang pang-mentalidad). |

### ■Tulong na Halaga at Iba pa

| Uri | Mga Saklaw na Tao | Halaga ng Tulong |
|---|---|---|
| Kaigosha Shien Kin (Suportang Pinansiyal sa Tagapag-alaga) | Mga wala pa sa edad na 65 na may malulubhang kapansanan (may mga hawak na 1 o 2 ng Shintai Shogaisha Techo o may hawak nang librito ng Ryoiku Techo A), at nasa estado na parating nakahiga sa kama sa loob ng bahay simula nang mahigit 6 na buwan, at patu-patuloy ang parehong estado na palaging nagpapa-alaga (hindi saklaw ang mga taong may mga seguro sa pagpapaalagang serbisyo,may limitasyon ang kita). | 10,000 yen buwan- buwan |
| Tokubetsu Shogaisha Teate (Natatanging Tulong na Halaga sa mga may Kapansanan) | Nasa edad 20 pataas na dahil sa malala ang estado ng kapansanang pisikal o kaya ay kapansanang mentalidad, sa araw-araw na pamumuhay ay kinakailangan ang natatanging pag-aalaga na sambahayan (may mga kinakailangan sa pag-apply, may limitasyon ang kita) | 26,340 yen buwan-buwan |
| Shogai Ji Fukushi Teate (Tulong na Halaga sa Kapakanan ng mga Batang may Kapansanan) | Wala pa sa edad 20 na nasa malalang estado ang kapansanang pisikal o kaya ay kapansanang mentalidad na kinakailangang ang natatanging pag-aalaga na sambahayan (may mga kinakailangan sa pag-apply, may limitasyon ang kita). | 14,330 yen buwan -buwan |
| Munenkin Gaikokuseki Shogaisha To Fukushi Kyufukin (Walang mga Pensiyon na mga Dayuhan atbp. na mga Benepisyo | Mga taong nag-edad 20 bago binago ang Kokumin Nenkin Seido (Sistema ng Pambansang Pensiyon) noong ika-1 ng Enero, 1982, na may mga kapansanang residenteng dayuhan, mga taong may malubhang kapansanan na sa pamamagitan ng Nenkin Seido (sistema ng pensiyon) ay hindi maaaring makakuha ng benepisyo sa Shogai Kiso Nenkin (Pensiyon Para sa may mga Kapansanan) at iba pa. | Malala ang Kapansanan 76,800 yen buwan-buwan Katamtaman ang Kapansanan 33,000 yen buwan-buwan |

## ■Hyogo Ken Shinshin Shogaisha Fuyo Kyosai Seido (Sistema ng Tulong Suporta sa mga may Kapansanan sa Pag-iisip at Katawan)

Sa mga magulang na sumusuporta sa mga taong may kapansanan, sa pamamagitan ng buwan-buwan na pagtanggap ng itinakdang halaga, kapag (namatay, lumala ang kapansanan), ang itinakdang halaga ay ibibigay bilang kahalili.

[Saklaw na mga tao] Magulang ng may kapansanan sa pag-iisip at katawan, wala pa sa edad 65 (may mga kinakailangan sa pagsapi)

[Itinakdang Halaga] Depende sa edad ng pagsapi 1 bahagi ng halaga kada buwan 9,300 yen ~ 23,300 yen

[Halaga ng Pensiyon] 1bahagi ng halaga kada buwan 20,000yen (maaaring sumapi hanggang 2 bahagi)

**Mayroon pong Sistema Para sa Benipisyo ng Tulong Suporta sa mga may Kapansanan sa Pag-iisip at Katawan sa Prepektura ng Hyogo**

## ■Tulong sa Medikal na Gastusin

| Uri | Saklaw ng mga Tao | Kinakailangan mong Bayarang Bayarin |
|---|---|---|
| Jiritsu Shien Iryo Hi (Kosei Iryo) {Pang-medikal na Suporta sa mga Gastusin sa Bawat isang may Kapansananan} | Nasa edad 18 pataas na may mga hawak na librito/katunayan na may kapansanang pisikal, na kapag nagpa-opera at ginamot ay gagaling, at inaasahan ang tiyak na epekto( kinakailangan ang desisyon galing sa Shintai Shogaisha Kosei Sodan Jo { Lugar Konsultahan ng mga may Kapansanang Pisikal}) | Babalikatin ang 10% na itinakdang kinakailangang bayaran. (Depende sa kita ang taas ng halaga ng babalikating kinakailangang bayaran) |
| Jiritsu Shien Iryo Hi (Seishin Tsuin Iryo) {Pang-medikal na suporta sa mga Gastusin sa Bawat isang may Kapansanang Pang-Mentalidad} | Nakasaad sa pang 5 na Artikulo ng Batas sa Kapakanan ng mga may Kapansanang Mentalidad na mga may sakit na Schizophrenia at iba pang sakit pang mentalidad, mga taong patuloy na nagpapagamot sa iba't-ibang medikal na pasilidad (May limitasyon ang kita) | |

## ■Kagamitang Pang-medikal ng mga Pasyente/ Pang-araw-araw na Pamumuhay na Kasangkapan

| Uri | Nilalaman | Mga Saklaw na Tao | Kinakailangan mong Bayarang Bayarin |
|---|---|---|---|
| Pagbabayad ng mga kagamitang Pang-Medikal ng Pasyente | May kapansanang pisikal (Bata) na tapos na sa paggamit at bayarin ng iba pang kagamitan tulad ng artipisyal na paa, kagamitang pang-medikal, gamit sa pandinig, upuang de gulong, atbp. at magbibigay din ng parte sa pagpapakumpuni. | Mga may hawak ng librito/ katunayan na may kapansanan (depende sa uri ng mga gagamiting kagamitan, kinakailangan ang desisyon ng Shintai Shogaisha Kosei Sodanjo) | 10% sa kabuuhang halaga ng mga kagamitan. (depende sa kita ang taas ng halaga na kinakailangang balikating bayarin). |
| Pagbabayad ng mga Kasangkapang Pang-medikal sa Pang-araw-araw na Pamumuhay | Mga kinakailangang kasangkapan para maging maayos ang pag-araw-araw na pamumuhay (Natatanging higaan, mga gamit sa paliligo, pang espasyong kagamitan, pagpapaayos ng bahay, atbp.) magbibigay ng parte ng mga binayaran. | Mga may malalalang kapansanan (Bata), may kapansanang intelektwal (Bata). *uri ng kagamitan, depende sa antas ng kapansanan ang mga kundisyon sa pagbibigay ng tulong. | 10% sa kabuuhang halaga ng mga kasangkapan. (depende sa kita ang taas ng halaga na kinakailangang balikating bayarin). |

■Proyektong Pangsuporta sa Pamumuhay sa Purok

| Uri | Nilalaman | Bayad sa Paggamit |
|---|---|---|
| Proyekto sa Pagpapadala ng Interpreter ng sign language/ mga may kakayahan sa pagsulat | Sa mga may kapansanan sa pagdinig, boses, pangungusap, at pisikal ay magpapahatid ng interpreter sa sign language, mgaa may kakayahan sa pagsulat. | Walang Bayad |
| Braille/boses na pampublikong paglalathala | Sa mga may kapansanan na nahihirapan sa tekstwal, may braille, boses na pampublikong paglalathala (paglalathala ng Lungsod ng Tamba, balita mula sa asembliya, atbp). | Walang Bayad |
| Proyekto Para Magkaroon ng Layunin sa Buhay ang mga Matatandang may Kapansanan sa Pagdinig | Saklaw ang edad 65 pataas na may mga kapansanan sa pagdinig, sa pamamagitan ng interpreter sa sign language ay makikipag-komunikasyon sa mga may kapansanan, para maging lugar na magkaroon ng layunin sa buhay | 1,000 yen/beses |
| Proyekto sa Pagtulong sa Paggalaw | Sa mga nahihirapan sa paggalaw na mga may kapansanan (Bata) na gustong makihalubilo sa lipunan at mga ginaganap sa purok, tutulong sa paglabas.<br>[Saklaw na mga tao] may mga hawak ng librito/katunayan na may kapansanan(pisikal, intelektwal, mentalidad)na mga lalabas at nagnanais na may tumulong sa paggalaw. | [Pang-indibidwal na Suporta sa Paggalaw]<br>100 yen/ 30 minutos (walang bayad sa mga hindi saklaw sa pagbabayad ng buwis)<br>[Pang-grupong suporta sa Paggalaw]<br>50 yen/ 30 minutos (bawat isa) (walang bayad sa mga hindi saklaw ng pagbabayad ng buwis) |
| Proyekto sa Suporta sa Paglabas | Sa mga may kapansanan na kinakailangan ang pag-aalaga o suporta sa oras na lalabas, may bihikulo para sa transportasyon patungo sa tiyak na patutunguhan (medikal na pasilidad at iba pa) na serbisyong transportansyon na ibinibigay.<br>[Saklaw na mga tao] walang mga hawak na lisensiyan sa pagmaneho, maramihan | Walang Bayad |
| Pansamantalang Pagtulong sa Araw | Kapag tiyak ang lugar ng aktibidad ng may kapansanan sa araw, ito ay suporta sa trabaho ng kapamilya ng mga may kapansanan sa pag-aalaga na ang layunin ay magbigay nang pansamantalang gymnastics, magbibigay ng tulong sa pag-iingat.<br>[Saklaw na mga tao] may mga hawak na librito/katunayan na may kapansanan (pisikal, intelektwal, mentalidad | 150 yen / 4 oras<br>400 yen / 4~8 oras<br>650 yen / lampas 8 oras<br>Paliligo 50 yen isang beses<br>Transportasyon: 50 yen isang beses<br>(walang bayad sa mga hindi saklaw ng buwis) |
| Proyekto ng Sentro ng Purok na Tulong na mga Aktibidades | Nagbibigay ng mga produksiyong gawain at depende sa may kapansanan na outpatient ang ibinibigay na aktibidad, at sa pagtataguyod sa pakikihalubilo sa lipunan na may mga kapansanan (Bata) ay nagsasagawa ng mga aktibidades pampurok.<br>[Saklaw na mga tao] mga may hawak na librito/katunayan na may kapansanan (pisikal, intelektwal, mentalidad).<br>[Mga nasa loob ng Lungsod na Chiiki Katsudo Shien Center] | Walang Bayad |

| | | |
|---|---|---|
| | Kibou no Ye:<br>Kaibara-cho, Kaibara 1018-1 ☎73-0869<br>Kasuga Sho Kibo Sakugyo Jo Kobushi:<br>Kasuga-cho, Kuroi 1500 ☎74-0715 | |

| Uri | Nilalaman |
|---|---|
| Proyektong Tulong sa Gastusin ng Pagsasanay sa Rehabilitasyon | Magbibigay ng tulong sa pagbabayad ng bayarin sa rahabilitasyon sa mga taong saklaw ng “Shuro Iko Shien Jigyo Jo” at “Jiritsu Kunren Jigyo Jo” atbp.(Sa mga gumagamit nang Shogai Fukushi Service {Serbisyo sa Kapakanan ng mga may Kapansanan} na 0 ang bayarin).<br>[Tulong na Halaga] Bawat buwan ay 1,600 yen ~ 14,800 yen |
| Proyekto na Pagsasanay sa Pang-araw-araw na Pamumuhay | Saklaw ang mga taong gumagamit ng silyang de gulong, para sa mga gawaing pisikal, pagpapanatili nang mabuting kalusugan, ay nagdaraos ng pagsasanay 2 beses sa isang buwan na rehabilitasyon at pag-uunat, laro para sa mga may kapansanan, aktibidades pang musika at iba pa na gawaing pamumuhay na pagsasanay. (Walang Bayad)<br>[Saklaw na mga tao]<br>Mga taong gumagamit nang silyang de gulong sa loob ng pamamahay, at hindi gumagamit ng “Kaigo Hoken Seido” (Sistema ng Seguro sa Pag-aalaga). |
| Laro/ Libangan<br>(Nagdaos ng aralan ng laro at libangan at iba pa na proyekto ) | Nagdaraos ng aralan ng iba’t-ibang laro at libangan na saklaw ang mga may kapansanan. (Walang Bayad) |
| Proyekto na Tulong sa Bayarin sa Pagkuha ng Lisensiya sa Pagmamaneho | Para sa pagtatrabaho at kinakailangan na kumuha ng lisensiya sa pagmamaneho, magbibigay ng tulong sa parte ng kabuuhang halaga. (May limitasyon sa kita).<br>[Tulong na Halaga] 2/3 sa itinakdang kabuuhang halaga ng bayarin (100,000 yen) ang limitasyon. |
| Proyekto na Tulong sa Gastusin sa Pangtransportasyong Sasakyan | Siya mismo ang nagmamay-ari, magbibigay ng parte kung magkano ang kabuuhang halaga nang mga kagamitan na gagamitin sa pagbibiyahe. (May limitasyon sa kita)<br>[Tulong na Halaga] walang 100,000 yen |

## ■Shogai Fukushi Service (Serbisyo para sa Kapakanan ng mga may Kapansanan)

Sa Shogai Fukushi Service (Serbisyo para sa Kapakanan ng mga may Kapansanan), ay maaaring makinabang sa ibinibigay na tulong sa pag-aalaga (kaigo) na [Kaigo Kyufu {Benepisyo sa Pangmatagalang Pag-aalaga}] at [Kunren tou Kyofu {Mga Benepisyo sa Pagsasanay atbp}]. Sa pagtanggap ng serbisyo ng “Kaigo Kyufu” ay kinakailangan na may sertipiko ng Sistema ng mga antas ng kapansanan.

### ●Kinakailangan na Bayarang Bayarin

Bilang alituntunin sa paggamit ng serbisyo, ang babayarang bayarin ay 10% ng kabuuhang bayarin, subalit depende sa kita ang taas ng halaga na kinakailangang bayarang bayarin. (Walang bayad sa mga sambahayan na nasa loob ng Seikatsu Hogo(Suporta sa Pamumuhay), mga hindi saklaw ng bayarin sa buwis).

## ■Shogai Fukushi Service No Naiyo

| Uri ng Serbisyo | Mga Nilalaman ng Serbisyo | |
|---|---|---|
| Kaigo Kyufu (Benepisyo sa Pangmatagalang Pag-aalaga) | Pag-aalaga sa loob ng Tahanan (Home Help) | Magbibigay nang serbisyo nang pag-aalaga sa loob nang bahay sa pagpapaligo, pagpapadumi, pagkain atbp. na kinakailangan sa buong pamumuhay na serbisyo nang pag-aalaga. |
| | Pagsuporta sa mga Gawain at Galaw | Sa mga nangangailangan nang pag-aalaga ng mga galaw ng may kapansanang Intelektwal at may kapansanang mentalidad, magbibigay nang suporta sa oras na lalabas ng bahay para sa proteksiyon sa panganib. |
| | Pagbisita para sa Matinding Pag-aalaga | Sa mga may kapansanan na may matataas na pangangailangan sa pag-aalaga, ay nag-aalok ng serbisyo para sa kapakanan nang may kapansanan sa pag-aalaga sa bahay at iba pa. |
| | Sama-samang Pagbibigay Suporta sa mga Taong may Malalang Kapansanan | Para sa mga taong mataas ang pangangailangan ng pag-aalaga, ay mag-aalok ng pag-aalaga sa loob ng tahanan at iba pa na isang pangkapakanang serbisyo para sa may mga kapansanan. |
| | Panandaliang Serbisyo | Nagbibigay nang panadaliang serbisyo sa pag-aalaga tulad nang sa pagpapaligo, pagpapadumi, pagpapakain atbp. kapag nagkasakit ang tagapag-alaga sa bahay. |
| | Pag-aalaga na Nauukol sa Pamumuhay | Nagbibigay nang serbisyo sa mga taong talagang kailangang-kailangan ng tulong sa pagpapaligo, pagpapadumi, pagpapakain, at nag-aalok din nang mga oportunidad sa iba't-ibang aktibidades tulad ng paglikha, produksyon. |
| | Paggamot at mga serbisyo ng Pag-aalaga | Sa medikal na pasilidad ay nagbibigay nang tulong sa paggalaw na pagsasanay at pangangasiwa sa paggagamot, nursing, pag-aalaga at sa pang-araw-araw na pamumuhay. |
| | Day Service Para sa mga Bata | Nagbibigay tulong sa mga batang may mga kapansanan na maliban sa pang-araw-araw na mga gawain ay nagbibigay nang mga pagsasanay sa paglikha at pamumuhay sa karamihan. |
| | Magkasamang Pag-aalaga sa Pamumuhay (Home Care) | Nagbibigay serbisyo sa pag-aalaga tuwing gabi at walang pasok na pang-araw-araw na gawain, pagpapaligo, pagpapadumi, pagpapakain atbp. |
| | Suporta sa Pagpasok sa Institusyong Pasilidad | Sa mga may kapansanan na papasok sa institusyong pasilidad, nagbibigay nang tulong sa pag-aalaga sa gabi at walang pasok, pagpapaligo, pagpapadumi at pagpapakain. |
| Kunren Tou Kyufu (Benepisyo sa Pagsasanay atbp) | Pansariling pasasanay (ensayo sa mga galaw/ pagsasanay sa pamumuhay) | Para masanay sa pang-araw-araw na pamumuhay at pamumuhay sa lipinan, sa tiyak na itinakdang oras ay idaraos ang pagsasanay pampisikal at magkaroon nang kapasidad sa pamumuhay. |
| | Suporta sa mga magtatrabaho | Magbibigay nang pagsasanay sa mga may kapansanan na nagnanais na pumasok sa trabaho para magkaroon nang kinakailangang kapabilidad sa pagpasok ng trabaho. |
| | Suporta sa Pagpapatuloy nang Pagtatrabaho( A Type/ B Type) | Magbibigay nang pagsasanay para magkaroon nang kapabilidad ang mga may kapansanan na mahihirapang makapasok nang trabaho sa mga pangkalahatang opisina, mag-aalok nang mga maaaring pasukan. |
| | Asiste sa Pang-araw-araw na Pamumuhay (Group Home) | Aasiste sa mga pang-araw-araw na pamumuhay at kon sultasyon,mga ginagawang gawain sa loob ng bahay, sa gabi at walang pasok. |

## ■Email numero 119 / FAX numero 119

Para sa pang-emerhensiyang impormasyon at dahil sa mahihirapan ang mga may kapansanan sa pagdinig sa ibinibigay ulat nang boses ng numero 119, mula sa cellphone ay maaari nang magpadala nang e-mail at maaari rin na gamitin ang fax at i-dial ang numero 119. Sistema na makakapaghiling ng bumbero at ambulansiya kung kinakailangan.

## ■Iba’t-ibang Tanggapang ng Konsultasyon

**≪Lugar ng Konsultasyon Para sa Suporta≫**

Para makapagbigay suporta sa pamumuhay sa purok kung saan nakatira ang mga may kapansanan at ang kapamilya, mula sa pagtitiwala ng Lungsod, ay nagbukas nang tanggapan na maaaring makapagkonsulta para sa serbisyo nang kapakanan, konsultasyon ukol sa pag-aalaga, pag-aalok nang mga impormasyon at pangkalahatang konsultasyon.

●Shogaisha Sodan Shien Center [Erugu]
(Sentro Para sa Konsultasyon ng Suporta ng mga may Kapansanan ng Erugu)
[Lugar] Tamba-shi, Hikami-cho Isou 36-1 Mitsumi Seikatsu Support Center
[Numero sa Pagkontak] ☏0795-88-9632 FAX 0795-88-9640

●Shogaisha Sodan Shien Center [Kojika]
(Sentro Para sa Konsultasyon ng Suporta ng mga may Kapansanan ng Kojika)
[Lugar] Tamba-shi, Hikami-cho, Koura 107
[Numero sa Pagkotak] ☏0795-82-9502 FAX 0795-82-7640

●Tamba Shi Shakai Fukushi Kyogikai Sodan Shien Jigyou Jo
(Konsultasyon ng Suporta sa Konseho ng Kapakanang Panlipunan ng Lungsod ng Tamba)
[Lugar] Tamba-shi, Hikami-cho, Jouraku 209-1
Sa loob ng Hikami Kenko Fukushi Center
(Sentro ng Kapakanang Pangkalusugan ng Hikami)
[Numero sa pagkontak] ☏0795-82-4763 FAX 0795-82-4519

**≪Kawaning Tagapayo ng mga may Kapansanan≫**

Ang kawaning tagapayo ay isang sibilyan na nakikipagkooperasyon na nakatanggap nang pagtitiwala mula sa gobernador ng Prepektura, na tumatanggap nang iba’t-ibang klaseng konsultasyon mula sa mga may kapansanan at sa mga magulang nito, nagtuturo, nagbibigay payo para malutas ang mga suliranin.

**≪Tamba Shi Kodomo Hattatsu Shien Center≫**
**(Sentro Para sa Suporta sa Paglaki ng mga Bata sa Lungsod ng Tamba)**

Tumatanggap ng mga konsultasyon ukol sa paglaki ng anak, magkasamang mag-iisip na solusyon, na suporta. Kapag may mga pinag-aalala kayo sa mga pagbabago sa paglaki ng anak, ay maaari po kayong kumunsulta sa tanggapan.
[Nilalaman] Depende sa ikinonsultang mga nilalaman, ang espesyalistang kawani ng Hattatsu Shien Center ang magreresponde (Pangkalahatang Konsultasyon)
[Lugar] Tamba-shi, Kasuga-cho, Kuroi 1519-1
[Numero sa Pagkontak] ☏0795-74-3060 FAX 0795-74-3090

**≪Tamba Shogaisha Jogyo / Seikatsu Shien Center [Happu ]≫**

Para makapagtrabaho ng mapayapa ang mga may kapansanan, nagbibigay nang suportang konsultasyon ukol sa trabaho, at sa pansariling pang-araw-araw na pamumuhay.
[Lugar] Sasayama-shi, Higashisawada 240-1
Sasayama Shogaisha Sogo Shien Center
(Sentro ng Pangkalahatang Suporta sa mga may Kapansanan sa Sasayama)
[Numero sa Pagkontak] ☏079-554-1566 FAX 079-554-1165

## Kaigo Hoken (Seguro sa Pagpapaalaga)

➡介護保険課 **Kaigo Hoken-ka (Dibisyon ng Seguro sa Pag-aalaga)**
介護保険 **Kaigo Hoken (Seguro sa Pagpapaalaga)** ☎**74-1049**
介護予防 **Kaigo Yobo (Proteksyon sa Pag-aalaga)** ☎**74-0368**
介護認定 **Kaigo Nintei (Pagrekognisa sa Pagpapaalaga)** ☎**74-0602**

Ang sistema nang seguro ng pag-aalaga, kahit kinakailangan na nang estado ang pag-aalaga (kaigo), para makapamuhay nang pansarili,ay isang suporta sa pangkalahatang panlipunan. Sa sistema ng seguro sa pag-aalaga ay pipili nang serbisyo ang magpapaalaga, sa kasunduan nang magbibigay serbisyo ay bayaran ang kinakailangang bayarin sa paggamit ng serbisyo at maaaring magamit ang mga saklaw sa pangkalahatang serbisyo na ibinibigay nang Pangkalusugang Medikal at Pag-aalaga.
Ang Lungsod nang Tamba ang nangangasiwa ng Sistema ng Seguro sa Pagpapa-alaga.

### § Klasipikasyon sa Pagsapi

Ang mga nasa edad 40 pataas na mga tao ay maaaring sumapi sa seguro ng pagpapaalaga.
(1) Ang mga nasa numero 1 ng seguro
Saklaw na tao: ay mga nasa edad 65 pataas
* Sa mga nangangailangan ng pag-aalaga, nangangailangan ng suporta na ([rekognisadong] nangangailangan ng pag-aalaga at suporta), ay maaaring magamit ang serbisyo.

(2) Ang mga nasa numero 2 ng seguro
Saklaw na tao: ay mga nasa edad 40 pataas at wala pa sa edad 65 n a mga kasapi ng “Segurong Pang-Medikal”
* Sa mga nangangailangan ng pag-aalaga, nangangailan ng suporta na ([rekognisado] na dahil sa natatanging karamdaman ay kinakailangan ang pag-aalaga at suporta), ay maaaring magamit ang serbisyo.
* Ang [Kaigo Hoken Hi Hoken Sha Sho (Kard ng seguro sa pagpapaalaga)], ay ipapadala sa mga tao na rekognisado na kinakailangan ang pag-aalaga at suporta.

### § Proseso sa Pagpasok

(1) Sa mga edad 65
Mula sa araw bago ipinagdiwang ang ika-65 na kaarawan ay maaari nang sumapi, hindi na kinakailangan ang partikular na pagpoproseso sa pagsapi.
(2) Sa mga edad 40
Mula sa araw bago ipinagdiwang ang ika-40 na kaarawan ay maaari nang sumapi, at kinakailangang ang pag-proseso sa hawak na segurong pangkalusugan (Kumiai kenpo {Union Health Insurance}, Kyosai Kumiai {pinagsamang tulong ng mga asosasyon}, Kokumin Kenko Hoken {Pambansang Segurong Pangkalusugan}, atbp.), subalit hindi na kinakailangan ang pagproseso sa pagsapi.

**●Sa mga nasa 1 numero (edad 65 pataas)**

| Nilalaman | Mga Kinakailangan |
|---|---|
| Kapag lumipat galing sa ibang lungsod, bayan o nayon | ● Pagkatapos na mai-proseso ang paglilipat, ipapadala ang “Kaigo Hoken Hi Hokensha Sho” {kard nang seguro sa pagpapaalaga}<br>● Ang natanggap na “Jukyu Shikaku Shomeisho” {Katunayan ng pagpapaalaga} mula sa dating lugar na tinitirhan (para sa mga rekognisadong nagpapaalaga sa dating lugar na tinitirhan, at kinakailangan ang pagsumite nang aplikasyon na kinakailangan ang pag-aalaga) |
| Kapag lilipat sa ibang lungsod, bayan, o nayon | Kaigo Hoken Hi Hokensha Sho |
| Kapag ang kasapi ay namatay | Ang Kaigo Hoken Hi Hokensha Sho ng namatay |
| Kapag ang tirahan o pangalan ay nagbago | Kaigo Hoken Hi Hokensha Sho |
| Kapag nawala ang Kaigo Hoken Hi Hokensha Sho | Mibun Shomeisho (I.D.) |

●**Sa mga nasa 2 numero (nasa edad 40 at wala pa sa edad na 65) na may mga Kaigo Hoken Hi Hokensha Sho (kard ng seguro sa pagpapaalaga)**

| Nilalaman | Mga Kinakailangan |
|---|---|
| Kapag lumipat galing sa ibang lungsod, bayan o nayon | Kenko Hokensho (kard ng segurong pangkalusugan), ang natanggap na "Jukyu Shikaku Shomeisho" (katunayan ng pagpapaalaga) galing sa dating lugar na tinitirhan, (para sa mga rekognisadong nagpapaalaga sa dating lugar na tinitirhan, at kinakailangan ang pagsumite nang aplikasyon na kinakailangan ang pag-aalaga) |
| Kapag lilipat sa ibang lungsod, bayan o nayon | Kaigo Hoken Hi Hokensha Sho |
| Kapag ang kasapi ay namatay | Kaigo Hoken Hi Hokensha Sho ng namatay |
| Kapag nagpalit nang tirahan, pangalan | Kaigo Hoken Hi Hokensha Sho |
| Kapag nawala ang Kaigo Hoken Hi Hokensha Sho | Mibun Shomeisho ( I.D.) |

* Sa mga rekognisado na kinakailangan ang pag-aalaga na lumipat mula sa labas ng Lungsod, sa mga gagamit ng serbisyo para sa patuloy na pag-aalaga, magsumite ng aplikasyon para sa pagpapaalaga at iba pa sa loob ng walang 14 araw pagkalipat. Kapag lumampas sa 14 araw, ang patuloy na pag-aalaga sa dating tinitirhan ay hindi maibibigay. Ang pag-proseso ay gaya nang unang pagporseso, hanggang sa maisumite ang aplikasyon ang bayarin sa paggamit ng serbisyo ng pag-aalaga ay kinakailangang bayarang buo ang kabuuhang halaga.

## § Pagproseso nang Pagiging Rekognisado na Kinakailangan ang Pag-aalaga

Para makagamit ng serbisyo ng Kaigo Hoken Seido(Sistema sa Seguro ng Pagpapaalaga), kinakailangan ang [Yokaigo, Yoshien Kakutei {Rekognisado na kinakailangan ang pag-aalaga, kinakailangan ang suporta}].

**(1) Sa pagsumite ng Aplikasyon Para Ma-Rekognisa na [Yokaigo, Yoshien {kinakailangan ang pag-aalaga, kinakailangan ang suporta}]:**

Maaaring magsumite ng aplikasyonsa Kaigo Hoken Ka, Honcho Shimin Ka, at sa bawat sangay ng mga ito.

●**Mga kinakailangan sa Pagsumite ng Aplikasyon:**

・Kaigo Hoken Hi Hokensha Sho {kard ng seguro sa pagpapaalaga} (sa mga nasa numero 1)

・Kenko Hoken Hi Hokensha Sho {kard ng segurong pangkalusugan} (sa mga nasa numero 2)

**(2) Pagsisiyasat para maging Rekognisado:**

Ang tagapagsiyasat para maging rekognisado ay magsasagawa ng pagbibisita sa bahay at iba pa.

**(3) Nakasulat na opinyon ng tumitinging doktor:**

Alituntunin na mula sa mga bagong magsusumite ng aplikasyon ang pagsusumite ng pagbabago sa uri ng klasipikasyon, sa mga may pagbabago sa isinumiting aplikasyon ay hihilingin ng Kaigo Hoken Ka na magsumite ng kasulatan ng opinyon ng doktor na nakasaad ang ukol sa kalagayang pisikal ng aplikante.

**(4) Pagsasaliksik na Pagpupulong ukol sa Pagpapaalaga:**

Ipapasok sa kompyuter ang isang parte nang pagsisiyasat para maging rekognisado at nakasulat na opinyon ng doktor at ang lumabas na pasya na resulta sa unang pasya at nang oras sa pagsisiyasat na abiso ang pagpapasyahan.

**(5) Notisya sa Resulta ng Pasisiyasat:**

Bilang alituntunin ay ipagbibigay-alam ang resulta ng pagsisiyasat sa loob nang walang 30 araw mula nang magsumite ng aplikasyon. Ipapaloob kung ano ang nakasaad sa Hi Hokensha Sho(kard ng segurong pangkalusugan).May panahon ng limitasyon ang pagsisiyasat, paki-tingnan sa kard ng segurong pangkalusugan. Ang panahon nang expiration date (araw na hindi na kailangang magamit) sa mga magsusumite ng pagbabago ay bago mag 60 araw.

Kapag sa panahon nang pagsisiyasat ay may pagbabago sa kundisyong pampisikal ay maaaring i-apply sa Yokaigo Nintei ng Nasa pagsisiyasat na kinakailangan ang pag-aalaga.

At kung hindi nasiyahan sa naging resulta nang pagsisiyasat ay maaaring magsumite nang reklamo sa Hyogo Ken Kaigo Hoken Kyokai (Asosasyong ng Seguro sa Pagpapaalaga sa Prepektura ng Hyogo) sa loob nang bago mag 60 araw pagkatanggap nang notisya sa resulta nang pagsisiyasat.

## ■Ukol sa Paggamit ng Serbisyo:

| | | Maaaring Magamit na Serbisyo | |
|---|---|---|---|
| | | Serbisyo sa Pagpapaalaga (Sa bahay) | Serbisyo sa Pagpapaalaga (Pasilidad) |
| Rekognasyon | Nangangailangan ng Pangangalaga 1 ~ 5 | (1) Maaaring pumili ang sarili o ang kapamilya sa kung ano ang kinakailangang suporta sa pag-aalaga sa bahay.<br>(2) Maaaring magamit ang serbisyo na nalikha sa naging kasunduan sa pakikipag-usap sa Care Manager ng magbibigay ng serbisyo. | (1) Sa pasilidad ng seguro sa pag-aalaga ay dumiretso ang sarili o ang kapamilya sa pagsumite ng aplikasyon sa pagpasok.<br>(2) Maaaring magamit ang serbisyo na nalikha sa naging kasunduan sa pakikipag-usap sa Care Manager ng pasilidad. |
| | Nangangailangan ng Suporta 1, 2 | Serbisyong Proteksiyon sa Pangangalaga<br>(1) Ang Chiiki Hokatsu Shien Center o ang sarili, o kaya ang pamilya at iba pa na nagnanais ng suporta sa pagpapaaalaga sa bahay ay pipili ng sa itinalaga ng Lungsod.<br>(2) Sa naging agos ng pag-usap sa pasilidad kung saan may kasunduan ang sarili o kapamilya, kawani ng nagbibigay serbisyo at iba pa, ay maaaring magamit para sa pangkasarinlang suporta ang saklaw ng serbisyo ng proteksiyong pangangalaga. | |
| Mga Hindi Angkop (N/A) | Maaaring lumahok sa mga idinaraos ng Lungsod na proyekto sa Proteksyon sa Pangangalaga | | |

## § Uri ng mga Serbisyo sa Pangangalaga

●**Kailangan na pangmatagalang pag-aalaga sa 1 ~ 5 na mga taong napatunayang nangangailangan.**

| Uri ng Klasipikasyon | Serbisyo | Mga Nilalaman |
|---|---|---|
| Serbisyo sa Bahay | Suporta sa Pangangalaga sa loob ng Bahay | Paglikha ng plano sa pangangalaga ayon sa care manager, paggamit ng pangangalagang serbisyo na suporta. |
| | Pagbisita na Pangangalaga | Tulong ng home helper sa pangangalaga sa pampisikal na kapansanan at pamumuhay (pagkain, tulong sa pagpaligo, paglilinis, paglalaba, atbp.), atbp. |
| | Pagbisita na Pangangalaga sa Paliligo | Tutulong sa paglilipat sa gamit na sasakyan sa paliligo atbp. |
| | Pagbisita nang Nars | Magbibigay ng nursing service ang isang nars (mga kinakailangang unang lunas, pagsuperbisa ng suwero,atbp) |
| | Pagbisita para sa Rehabilitasyon | May pupunta sa bahay na espesyalista para sa rehabilitasyon na sasanayin ang galaw nang mga parte ng pisikal na pangangatawan. |
| | Patnubay sa Pangangasiwa ng Pag-aalaga sa Bahay | Magbibigay nang patnubay sa pangangasiwa sa pangangalaga ang doktor, dentista, parmasiyotiko (pag-inom ng gamot, pagkain, atbp.) |
| | Day Care Service | Mga serbisyo sa pangangalaga ng mga Day Care Center (sa pagkain, paliligo, atbp.) at pagsasanay ng mga galaw pampisikal. |
| | Rehabilitasyon ng mga Out-patient | Mga idinaraos ng rehabilitasyon sa mga pasilidad ng Nangangalaga sa mga Matatanda, pasilidad ng Seguro, hospital, atbp. |
| | Panandaliang Pagpasok para sa Pangangalaga sa Pamumuhay | Panandaliang pumasok sa pasilidad ng Nangangalaga sa mga Matatanda, pasilidad ng Pangkapakanan (welfare), atbp.(pangangalaga, pagsasanay ng mga galaw pampisikal) |
| | Panandaliang Pagpasok para sa Paggamot at Pangangalaga | Panandaliang pumasok sa pasilidad ng Nangangalaga sa mga Matatanda, pasilidad ng seguro, atbp. (pang-medikal, pangangalaga / pagsasanay ng mga galaw pampisikal). |
| | Bayarin sa Pagpapakumpuni para sa Pangangalaga sa Bahay | Pagbabayad sa mga nagastos sa pagpapakumpuni ng bahay (bago, kinakailangan na magsumite nang aplikasyon) |
| | Bayarin sa Pagbili ng mga Kagamitan para sa Kapakanan sa Pag-aalaga sa Bahay | Pagbabayad sa mga nagstos sa pagbili ng mga kagamitan sa paliligo, simpleng banyera {bathtub} (kailangan na sa itinalagang opisina kumuha) |
| | Pagpapahiram ng mga kagamitan para sa Kapakanan | Nagpapahiram nang kagamitan para sa bahay na gagamitin sa pang-araw-araw na pamumuhay para makaiwas sa aksidente. |
| | Pagtira sa Designadong Pasilidad para Pangangalaga sa Pamumuhay | Pangangalaga at iba pang serbisyo sa may bayad na Bahay para sa Matatanda {home for the aged} (pagkain,pagpapaligo, atbp), pagsasanay ng mga galaw pampisikal. |
| Serbisyo sa Pasilidad | Pasilidad para sa Kapakanan ng Pangangalaga sa Matatanda | Pasilidad na nakatuon ang pangangalaga sa pamumuhay (saklaw ang mga taong talagang kinakailangan ang pag-aalaga, subalit hindi maaalagan o walang mag-aalaga sa loob ng bahay). |
| | Pasilidad ng Seguro para sa Pag-aalaga sa mga Matatanda | Pasilidad na nakatuon sa pangangalaga at rehabilitasyon (ang kundisyon ng karamdaman ay tatatag, kinakailangan ang pangangalaga para sa rehabilitasyon ng karamdaman). |
| | Pasilidad para sa Uri ng Pangangalagang Medikal | Nakatuon sa pangmedikal na pasilidad (sinasaklaw ang mga tao na kinakailangang ang mahabang panahon na gamutan para sa pagpapagaling ng kundisyon ng karamdaman). |
| Mga Naayon na Serbisyong Pang-komunidad | Pangangalaga sa Bahay sa Maliit na Antas subalit Maraming Uri ng Galaw | Nakatuon sa mga {malayo} ang {pagbisita}, {makikituloy} na pinagsama-samang serbisyo na pangangalaga, pagbibigay tulong ng pasilidad para sa maliit na antas. |
| | Pagtugon sa Pangangalaga sa Pamumuhay sa mga may Sakit sa Kamalayan | Pag-aalaga, pagsasanay sa mga matatandang may sakit sa kamalayan para makaugnay sa lugar na pinamumuhayan (tirahan). |
| | Pagtugon sa Pangangalaga sa mga Outpatient na may mga Sakit sa Kamalayan | Pag-aalaga (pagkain, paliligo, atbp.) at pagsasanay ng mga galaw pampisikal na serbisyo ng mga day service center para sa matatandang may sakit sa kamalayan. |
| | Pasilidad para sa Kapakanan ng Pag-aalaga sa Matatanda na mga Naaayon na Serbisyong Pang-komunidad | Pasilidad para sa Kapakanan sa Pag-aalaga para sa Matatanda na maliit na antas na may kapasidad nang walang 30 katao (pasilidad na nakatuon sa pangangalaga sa pamumuhay, na talagang kinakailangan ang pag-aalaga subalit walang mag-aalaga sa bahay). |

●**Para sa mga Rekognisado na Kinakailangan ang Suporta/Tulong:**

| Uri ng Klasipikasyon | Serbisyo | Mga Nilalaman |
|---|---|---|
| Serbisyo sa Tirahan | Proteksiyon na Tulong sa Pangangalaga sa loob ng Tirahan | Ayon sa mga kawani ng sumusuportang sentro ng purok sa paglikha ng mga plano sa pangangalaga, suporta sa paggamit ng mga serbisyo para sa proteksiyon ng pangangalaga. |
| | Proteksiyon na Tulong sa Pangangalaga sa pamamagitan ng Pagbisita | Pang-araw-araw na pamumuhay na tulong na ayon sa home helper (suporta para madagdagan ang mga maaaring gawing pansarili). |
| | Proteksiyon na Tulong sa Pagbisita sa Pagpapaligong Pangangalaga. | Pagbibigay tulong sa paglilipat sa sasakyan na gamit sa paliligo. |
| | Proteksiyon na Tulong sa Pagbisita nang Nars | Ayon sa nars na proteksiyon sa pangangalaga na layunin ang magbigay nang suporta at eksaminasyon. |
| | Proteksiyon na Tulong sa Pagbisita para sa Rehabilitasyon | Na ayon sa isang espesyalista na kinakailangan ang maraming pagsasanay na puwera sa rahabilitasyon ay magtuturo nang gymnastics. |
| | Proteksiyon na Tulong sa Patnubay sa Pangangasiwa ng Pag-aalaga sa Bahay | Na ayon sa doktor, dentista, parmasiyotiko na pagtuturo at pangangasiwang medikal (paano ang pag-inom ng gamot, pagkain, atbp.) |
| | Proteksiyon na Tulong para sa Day Care Service | Paggamit nang mga serbisyo na bigay ng Day Service Center gaya nang pagkain, pagpapaligo, atbp |
| | Proteksiyon na Tulong sa Rehabilitasyon ng mga Out-patient | Proteksiyon sa pangangalaga na layunin ng rehabilitasyon sa hospital o kaya ay sa pasilidad ng seguro para sa pag-aalaga sa matatanda, atbp. |
| | Proteksiyon na Tulong sa Panandaliang Pagpasok para sa Pangangalaga sa Pamumuhay | Pagpasok ng maikling panahon sa pasilidad ng kapakanan para sa matatanda (pagsasanay pisikal para sa pang-araw-araw na pamumuhay). |
| | Proteksiyon na Tulong sa Panandaliang Pagpasok para sa Paggamot at Pangangalaga | Pagpasok ng maikling panahon sa pasilidad ng seguro para sa matatanda (pagsasanay pisikal para sa pang-araw-araw na pamumuhay). |
| | Proteksiyon na Tulong sa Bayarin sa Pagpapakumpuni para sa Pangangalaga sa Bahay | Tulong sa bayarin sa pagpapakumpuni ng bahay para sa pangangalaga (katulad ng sa pag-aalaga) |
| | Proteksiyon na Tulong sa sa Bayarin sa Pagbili ng mga Kagamitan para sa Kapakanan sa Pag-aalaga sa Bahay | Tulong sa bayarin sa pagbili ng mga kagamitan para sa kapakanan (katulad ng sa pag-aalaga) |
| | Proteksiyon na Tulong sa Pagpapahiram ng mga kagamitan para sa Kapakanan | Tulong na pagpapahiram ng mga kagamitan na gagamitin sa pang-araw-araw na pamumuhay sa bahay para makaiwas sa aksidente. |
| | Proteksiyon na Tulong sa Pagtira sa Designadong Pasilidad para Pangangalaga sa Pamumuhay | Pag-aalaga (pagkain, pagpapaligo, atbp.), pagsasanay na ibinibigay sa may mga bayad na tirahan para sa matatanda {home for he aged}. |
| Mga Naayon na Serbisyong Pang-komunidad | Proteksiyon na Tulong sa Pangangalaga sa Bahay sa Maliit na Antas subalit Maraming Uri ng Galaw | Nakatuon sa mga {malayo} ang {pagbisita}, {makikituloy} na pinagsama-samang serbisyo na pangangalaga, pagbibigay tulong ng pasilidad para sa maliit na antas. |
| | Proteksiyon na Tulong sa Pagtugon sa Pangangalaga sa mga Outpatient na may mga Sakit sa Kamalayan | Pag-aalaga, pagsasanay sa mga matatandang may sakit sa kamalayan para makaugnay sa lugar na pinamumuhayan (tirahan).{hindi saklaw ang mga taong nasa numero 1 nang kinakailangan ang tulong}. |
| | Proteksiyon na Tulong sa Pasilidad para sa Kapakanan ng Pag-aalaga sa Matatanda na mga Naaayon na Serbisyong Pang-komunidad | Pag-aalaga (pagkain, paliligo, atbp.) at pagsasanay ng mga galaw pampisikal na serbisyo ng mga day service center para sa matatandang may sakit sa kamalayan. |

## § Pagkalkula ng Bayarin ng Seguro/ Pagbabayad

(1) Mga nasa 1 ng seguro ( edad 65 pataas)
Ang bayarin ng seguro ay depende sa kita noong nakaraang taon na binabayaran ng bawat isa.
Mula sa buwang ipinagdiwang ang ika-65 na kaarawan na segurong pangkalusugan (Pambansang Segurong Pangkalusugan, Segurong Pangkalusugan ng Unyon, atbp) na isang beses na buo ang binayad, ang pagbabayad ng bayarin sa seguro ng pag-aalaga at bayarin sa segurong pang-medikal ay hiwa-hiwalay na. Bilang alituntunin, 6 na buwan pagkatapos na ipagdiwang ang 65 na kaarawan ay may panukala na (kapag sa isang taon ay mahigit 180,000 yen ang matatanggap na pensiyon at iba pa na kinakailangan, ay maaaring awasin na lang sa pensiyon ang mga bayaring pang-seguro) na maaaring isagawa. Habang naghihintay nang panahong iyon, ay ordinaryong pagbabayad (notisya nang takdang bayarin o kaya ay sa paraan nang bank transfer na pagbabayad) ang maaaring gawin.

(2) Mga nasa 2 ng seguro (edad 40 at wala pa sa edad 65)
● Kapag kasapi ng Pambansang Segurong Pangkalusugan
Ang bayaring pang seguro ay kinakalkula depende sa kita ng buong sambahayan o kaya ay nang mga ari-arian, ang pinagsamang bayarin sa parte ng seguro sa pag-aalaga, segurong pang-medikal, tulong sa mga matatanda ay babayaran ng sambahayan bilang Kokumin Kenko Hokenzei (Buwis ng Pambansang Seguro ng Pangkalusugan).
●Kapag kasapi ng Kenko Hoken [Segurong Pangkalusugan] Pangkalusugan (Kumiai Kenpo {Segurong Pangkalusugan ng Unyon}, Kyosai {tulungan}, atbp.)

Ang bayaring pang seguro ay kinakalkula depende sa suweldo ng bawat kasapi ng seguro ang itinatakdang porsiyento ng bayarin sa seguro ng pag-aalaga, at isinasama ang bayarin sa pang-medikal na kalusugan at iniaawas sa kita.

【Resepsiyon / Numero sa Pakikipag-ugnayan】
Kaigo Hoken Ka (Dibisyon sa Seguro at Pag-aalaga) ☎74-1049

## § Listahan ng Serbisyo Para sa Kapakanan ng mga Matatanda

➡介護保険課 **Kaigo Hoken-ka (Dibisyon ng Seguro sa Pag-aalaga)**
介護保険 **Kaigo Hoken (Seguro sa Pagpapaalaga) ☎74-1049**
介護予防 **Kaigo Yobo (Proteksyon sa Pag-aalaga) ☎74-0368**

### (1) Sentro sa Purok na Nagbibigay ng Magkakasamang Suporta

Isang binuong pasilidad na nagbibigay suporta sa mga matatanda para maging mapayapa ang pamumuhay sa tinitirhang purok. (Naglagay nang mga espesyalista sa larangan ng kalusugan, nangangasiwang Care Manager, espesyalista sa kapakanang panlipunan, atbp.).

**1. Proyekto sa Care Management ng Proteksiyon sa Pangangalaga**
Ang mga nasa estado na nangangailangan ng pangangalaga at iba pa na may posibilidad na ang estado ay maging napakahina na mga nasa edad 65 pataas, ay magbibigay nang kinakailangang tulong na proteksiyon sa pangangalaga kapag dumating ang punto na ang estado ay kinakailangan na nang pangangalaga.

**2. Proyekto na Konsultasyon Ukol sa Pangkalahatang Suporta**
Para maikonekta sa mga kinakailangang serbisyo ang mga matatanda para mapayapang makapamuhay sa nakasanayan nang lugar. Tutugon ukol sa iba'-t-ibang mga katanungan ng mga matatanda.

**3. Proyekto nang Pagtatanggol sa mga Karapatan/ Prebiliheyo**
Magtatangol sa mga mahihinang matatanda na mga naloloko bilang mamimili, may sistema na magagamit sa pagtatanggol ng mga karapatan o prebiliheyo.

**4. Proyekto para sa Pangmalawakang Saklaw/ Pangangasiwa sa Patuloy na Pag-aalaga**
Gagamitin ang network nang nasa purok na Care Manager atbp., magtuturo para sa mahihirap na kaso, at magbibigay ng mga payo.

### (2) Zaitaku Kaigo Shien Center (Sentro ng Suporta para sa Pagpapaalaga sa Bahay)

Tutugon ng pangkalahatang konsultasyon, para ang bawat-isa ay makatanggap ng serbisyo para sa kapakanan ng kalusugan ay makikipagtulungan sa mga konektadong pasilidad at magsasakatuparan nang pagpoproseso nang mga aplikasyon na kailangang isumite para makagamit ng mga serbisyo.

(Mga Pinagkakatiwalaan)
● Purok ng Kaibara: Kaibara Keyakien Zaitaku Kaigo Shien Center
● Purok ng Kasuga: Okanohana Zaitaku Kaigo Shien Center
● Purok ng Hikami: Aoba-so Zaitaku Kaigo Shien Center
● Purok ng Sannan: Zaitaku Kaigo Shien Center Yamaji
● Purok ng Aogaki: Fureai-no-sato Mokusei Zaitaku Kaigo Shien Center
● Purok ng Ichijima: Tanju-so Zaitaku Kaigo Shien Center

### (3) Ikigai Day Service

● Mga Saklaw na Tao:
Mga nangangailangan ng tulong o kaya ay mga nangangailangan ng pangangalaga na nasa edad 65 pataas na mga matatanda na hinatulan na may posibilidad na lumala ang estado at iba pa na talagang nangangailangan ng suporta at pangangalaga.
● Nilalaman ng mga gawain:
Programa para sa proteksiyon ng pangangalaga, konsultasyon ukol sa kalusugan at iba pa na idaraos mga 1 beses ~ 2 beses sa isang buwan.
● Pansariling bayarin:
Sa 1 beses ay 1000 yen ang bawat isa

### (4) Pagbisita Para sa Oral Cavity

● Mga Saklaw na Tao:
Mga matatandang nasa edad 65 pataas na mga hindi nagpasiyasat kinakailangang pangangalaga, na mga taong kinakailangan ang tulong at pangangalaga ukol sa oral cavity.
● Mga Nilalaman ng Gawain:
May bibisitang dentista at iba pa sa bahay para magbigay nang pang-indibidwal na pagtuturo ukol sa oral cavity.

### (5) Serbisyo para sa Paghahatid ng Pagkain

● Mga Saklaw na mga Tao:
Edad 65 pataas na mag-isang namumuhay, para lang sa matatanda na sambahayan, may kapansanang pisikal, may matinding karamdaman na dahil sa sakit ay nahhirapang magluto ng pagkain, na mga nangangailangang tao.
● Mga Nilalaman ng mga Gawain:
Sa loob ng mula Lunes ~ Biyernes, maghahatid ng obento sa ninanais na araw.
(limitasyon: kabuuhang 6 na pagkain/ linggo)
● Bayaring Pansarili:
Sa bawat 1 pagkain ay 400 yen
● Kinakailangang Tandaan:
Pagdidisisyunan kung maaaring makagamit nang serbisyo pagkatapos na makumpirma ang tunay na kalagayan.

### (6) Serbisyo na Pagbisita sa Bahay ng Taga-ayos ng Buhok

● Mga Saklaw na mga Tao:
Edad 65 pataas na matatanda, nasa mga numerong 3, 4, 5 na mga kinakailangan ang pangangalaga at parating nakahiga na mahihirapang pumunta nang barbero o parlor.
● Mga Nilalaman ng mga Gawain :
Ang pamasahe sa pagpunta na 2000 yen ng tagaayos ay tulong na ibibigay (mag-iisyu nang 1 pilas sa bawat ika-4 na buwan {sa isang taon ay malaki na ang 3 pilas}).
● Bayaring Pansarili:
Regular na bayarin sa pagpapaayos (Bayad Pang-teknikal)

### (7) Proyektong Tulong Kapag Lalabas/Aalis ang mga Matatanda (Nirebisa noong Abril 2011)

● Mga Saklaw na mga Tao:
Edad 70 pataas, hindi binigyan ng lisensiya sa pagmamaneho na may pangangailangan ng serbisyo.
● Nilalaman ng mga Serbisyo:
Pipili kung tiket sa taksi o kard sa bus.

1. Mga narekognisa na kinakailangan ang pangangalaga:
   tiket sa taksi na 620 yen x 24 na pilas/ taon, o kaya ay 16,360 yen/ taon na kard sa bus
2. Sa mga hindi narekognisa:
   tiket sa taksi na 300 yen x 24 na pilas/ taon, o kaya ay 7,200 yen/ taon na kard sa bus

### (8) Sistema ng Pang-emerhensiyang Pag-uulat

● Mga Saklaw na mga Tao:
Sa pang-araw-araw na pamumuhay ay may mga hindi maiwasan na pagkabalisa, na mga taong nangangailangan ng serbisyo.
● Mga Nilalaman ng mga Gawain:
Mula sa telepono sa bahay na may (nakakabit na shortening dial) ay gamitin ang shortening dial para sa pag-ulat sa oras nang emerhensiya, mula sa sentro ng pang-emerhensiya ay magpapadala ng ambulansiya atbp. kung kinakailangan.
● Bayaring Pangsarili:
Sa pagbibigay ulat na bayad sa telepono.

### (9) Tulong sa Pagbabayad ng mga Kinakailangang Kagamitan sa Pang-araw-araw na Pamumuhay ng mga Narekognisang may mga Kinakailangan sa Pangangalaga

● Mga Saklaw na Tao:
Mga tiyak na kinakailangan ang paggamit ng pantulong na kagamitan
● Pantulong na Kagamita:
pambahay na alarmang pangseguridad sa oras na magkasunog, awtomatikong pamatay apoy, electromagnetic na gamit sa pagluluto, telepono na may pindutan.
● Mga Nilalaman:
Sa pagsumite ng aplikasyon ay idikit ang resibo ng presyo nang mga kagamitan, resibo sa aktuwal na pagbili nang bawat kagamitan (ginastos sa pagbili)
● Bayaring Pansarili:
Mga nagastos sa pagbili ng bawat kagamitan na nagsobra sa ibinigay na tulong.

### (10) Benepisyo Para Sa Kagamitan Sa Pangangalaga

● Mga Saklaw ng mga Tao:
Mga matatandang namumuhay sa kanilang tahanan (hindi kasali ang mga pumasok sa pasilidad ng pagpapaalaga at mga naoospital), mga kasapi nang seguro sa pagpapaalaga na rekognisado na nasa numero 3 pataas na kinakailangan ang pagpapaalaga.
● Mga Nilalaman:
Pipili sa mga kagamitan para sa pangangalaga na itinalaga kung saan kukuha at ipapadala ang itinakdang limitasyon ng halaga ng tulong sa tirahan buwan-buwan
● Halaga ng Benepisyo:
5,000 yen bawat buwan
● Bayaring Pansarili:
Kapag lumampas sa limitasyon ng ibinigay na tulong halaga ay babayarang pansarili

### (11) Proyektong Tulong sa Tirahan na Jinsei Hachijunen Ikiiki(Natatanging uri)

● Mga Saklaw na mga Tao:
Sambahayan na may taong rekognisado sa batas ng seguro sa pangangalaga na kinakailangan ang suporta at pangangalaga, may malubhang kapansanang pisikal, malubhang karamdamang pang-intelektwal na sambahayan.
● Mga Nilalaman:
Higaan na kinakailangan ng pisikal na estado, kusina, palikuran atbp. na kinakailangan sa pagkukumpuni ng bahay (ang limitasyong halaga ay 1,000,000 yen)
● Limitasyon na halaga ng kita:
May limitasyon sa halaga nang kita
● Proporsiyon ng Tulong:
Depende sa kita nang sambahayan ang magiging proportion ng tulong

### (12) Suporta sa paggamit ng Sistema para sa Matatanda

● Mga Saklaw na mga Tao:
Kabilang sa antas 2 na matatandang walang kamag-anak na nasa estado na maaaring magamit ang mga kakayahan at iba pa.
● Nilalaman ng Sistema:
Magbibigay nang pahayag ang Alkalde ng Lungsod ukol sa Sistema ng Seinen Koken

### (13) Gabay ng Pangangasiwa sa Pamumuhay sa Paninirahan (Pagpasok sa Nursing Home Para sa Matatanda ng Maikling Panahon)

● Saklaw ng mga Tao:
Matatandang nasa edad 65 pataas, na nakakaaranas nang pagmamalabis sa lipunan, mga mag-isa, mga taong ang mga kapamilya o tinitirhang purok ay talagang mahihirapang tumugon.
● Mga Nilalaman:
Gagamitin sa maikling panahon ang hindi ginagamit na silid sa Nursing Home para sa Matatanda (mga hanggang 7 na araw) sa pagpasok, magbibigay nang gabay ukol sa pang-araw-araw na mga nakagawian at iba pa.
● Bayaring Pansarili sa Pagpasok:
1,730 yen bawat araw (kasama na ang bayad sa pagkain)

### (14) Mga Hakbang sa Pagpasok sa Nursing Home

● Mga Saklaw na Tao:
65 ang edad pataas na mga matatanda, na kinakailangang malaman kung ano ang mga kinakailangan.
● Mga Nilalaman:
Alinsunod sa Probisyon ng Kapakanan ng mga Matatanda, ang ibibigay na mga hakbang sa pagpasok sa Nursing Home para sa Matatanda.
● Mga Kinakailangang Bayaran ng mga Papasok:
Ang itatakdang halaga ay depende sa natatanggap na pensiyon at iba pa ng mga papasok.

### (15) Pagpasok sa Bahay ng Suporta sa Pamumuhay

● Mga Saklaw na mga Tao:
65 pataas na namumuhay na mag-isa, mga matatanda lang na sambahayan na nangangailangan.
● Lugar:
Kaibara Keyaki-en

### (16) Pagpapadala ng mga Tagapag-bigay payo sa Pangangalaga na Proyekto

● Mga Saklaw na Tao:
Mga gumagamit nang serbisyo ng seguro sa pangangalaga.
● Mga Nilalaman ng mga Gawain:
Mga konsultasyon na nauukol sa mga gumagamit ng serbisyo.
● Lugar na Pupuntahan:
Mga nasa loob ng lungsod na pasilidad ng Seguro sa Pangangalaga at pagbisita sa tahanan (Day Service, atbp.)

### (17) Proyekto sa Pagkakaloob sa Pamilya ng Allowance sa Pangangalaga

● Mga Saklaw na Tao:
Mga tao na nasa numero 4 at 5 nang mga nangangailangan na nagproseso para sa serbisyo ng seguro ng kalusugan subalit hindi pa nakakagamit ng serbisyo 1 taon mula nang isumite ang aplikasyon na mga tagapag-alaga, na nasa sambahayan na hindi saklaw sa pagbabayad ng buwis.
● Mga Nilalaman:
Buong ipagkakaloob ang 120,000 yen na para sa isang taon.

### (18) Pagtitipon-tipon ng mga Tagapag-alaga sa may mga Sakit na Dementia (Kamalayan) [Pangpaginhawa]

● Mga Saklaw na Tao:
Mga kapamilya, mga may karanasan sa pag-aalaga ng mga may sakit na matatanda sa kamalayan na mga nakatira sa loob ng lungsod.
● Mga Nilalaman:
Bilang pare-parehas na nag-aalaga ng mga may sakit sa kamalayan, ang mga nararamdamang pagkaligalig at iba pa habang nag-aalaga ay maibahagi para mapalalim ang kaalaman ukol sa sakit, at para sa pakikipagpalitan ng mga impormasyon.
● Ipagdaraos na Araw at iba pa:
Sa bahagi nang purok ay magbibigay nang pagsasanay kada ika-4 na Miyerkules ng buwan sa umaga.
● Para sa Pagsapi:
Tamba Ninchisho Shikkan Iryo Center ng Prepektura ng Hyogo (☎82-4874) o kaya ay sa Chiiki Hokatsu Shien Center ng lungsod ng Tamba (☎74-0368)

### (19) Araw Ukol sa Konsultasyong Pangmedikal ng Kung Ano ang mga Nararamdaman ng Matatanda

● Mga Saklaw ng Tao:
Mga nag-aalala sa pagiging makakalimutin, mga kamag-anak ng isang may sakit sa kamalayan na naliligalig sa pag-aalaga.
● Mga Nilalaman:
May espesyalistang doktor, psychiatric social worker, nars para sa pampublikong kalusugan at iba pa na mga tutugon sa konsultasyon.
● Pagproseso sa pagsali:
Kinakailangan na magpareserba.
● Idaraos na Araw at iba pa:
Nasa alituntunin na bawat ika-4 na Martes ng buwan mula alas dos hanggang alas kuwatro ng hapon. Ukol sa mga paunang konsultasyon ay tumawag sa Chiiki Hokatsu Shien Center (☎74-0368)

### (20) Araw ng Konsultasyon Ukol sa Pag-aalaga sa mga May Sakit sa Kamalayan

● Mga Saklaw ng Tao:
Nag-aalagang kapamilya ng mga may sakit sa kamalayan at iba pa.
● Mga Nilalaman:
Ang mga psychiatric social workers o kaya ang mga nars para sa pampublikong kalusugan ay tutugon sa konsultasyon ng bawat isa ukol sa paraan ng pag-aalaga sa mga may sakit sa kamalayan.
● Pagproseso sa pagsali:
Kinakailangan ang pagpapareserba
● Idaraos na Araw at iba pa:
Nasa alituntunin na kada Biyernes ng unang linggo ng buwan mula alas 10 ng umaga hanggang alas dose ng tanghali. Ukol sa mga paunang konsultasyon ay tumawag sa Chiiki Hokatsu Shien Center (☎74-0368)

### (21) Araw ng Konsultasyon Ukol sa Karapatan ng mga Matatanda

● Mga Saklaw na Tao:
Mga nababahala ukol sa pera at pangangasiwa ng mga ari-arian, mga hindi naaangkop na sitwasyon nang pagpapaalaga at iba pa, pinaghihinalaan sa paglabag sa karapatan at iba pa, mga nasasangkot na mga partido at iba pa.
● Nilalaman:
Para walang ipinag-aalala ang mga matatanda sa pamumuhay, ang mga espesyalista sa panghukumang papeles at mga social workers ay tutugon sa mga ikokonsulta.
● Pagproseso sa Pagsali:
Kinakailangan ang magpareserba. Ukol sa mga paunang konsultasyon ay tumawag sa Chiiki Hokatsu Shien Center (☎74-0368)
● Ipagdaraos na Araw at iba pa:
Pangalawang Huwebes kada buwan mula 10:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali .

## At Iba Pang Mga Pang-Kapakanan

➡社会福祉課 Shakai Fukushi Ka (Dibisyon ng Panglipunang Kapakanan) ☎74-1028

| | |
|---|---|
| Social Worker/ Mga Aktibidad ng mga Pambatang Komisyunado | Ang mga social workers at mga pambatang komisyunado ay nakatanggap nang kahilingan mula sa Ministro ng Kalusugan, Trabaho at Kapakanan, na tumugon sa mga ikokonsulta ng mga taong nahihirapan sa pamumuhay at may mga kapansanan sa katawan, konsultasyon ukol sa bata at iba pa, nagbibigay rin ng mga impormasyon, nagbibigay ng iba't-ibang klaseng tulong para kahit sino ay maaaring payapang makapamuhay, at mga taong nagtatrabaho para sa pag-unlad ng komunidad. |
